# CELL GROUPS HANDBOOK

## BOOKLET # 1

***Compiled By and For:***

ANOC
Apostolic Network of Oikos Cell

**Vision:**
Win souls and make disciples

**Goal:**
Every believer a leader

**Ladder of Success:**

**Win -** win souls to Christ, begins when one accepts Jesus as his/her personal Lord and Savior

**Consolidate -** new believers and new church members are "plugged in" to the church through cell groups, and are encouraged to attend the Pre-Encounter, Encounter, and Post-Encounter.

**Disciple** - after the consolidation process, the new disciple enters the School of Leaders (SL classes).

**Send -** after the disciple completes SL2, he/she may open his/her own cell and begins the process of winning more souls and discpipling them.

*Note: Ang mga nilalaman ng booklet na ito ay halos lahat ay hinango mula sa website ni Pastor Arlan B. Laroya. Ang Pentecostals of Jordan ay hindi inaangkin ang credits ng paggawa ng basahing ito, kundi hiram lang ang ideya mula sa may akda.*

# CELL GROUP

*Bakit kailangan ng cell group?*

- Naaayon ito sa Biblia.
  - Ang CHURCH ay isang KATAWAN at ang isang KATAWAN ay binubuo ng mga CELLS. "Walang KATAWAN kung walang CELLS--walang CHURCH kung walang CELLS." 1Co.12:12-31
  - Hindi kakayanin ng isang tao ang gawain gaano man siya kagaling. Ex.18:13-27
  - Ito rin ang ginawa ng Panginoong Jesus. Mark 3:13-19
  - Ito rin ang ginawa ng mga alagad at ng mga sumunod sa kanila. Acts 2:41-47; 5:42 & Philemon 2

- Maaari itong maging daan sa tinatawag na "exponential growth."

- Dito ay malayang nakakakilos ang Banal na Espiritu, sa pamamagitan ng mga "signs and wonders."

- Mas mabilis na nagagamit ang mga miyembro para sa gawain.

- Mas mabilis itong magparami ng mga leader.

- Mas mabilis mong makikita ang pagbabago ng pamumuhay ng mga miyembro.

- Dito ang discipleship ay nagagawa sa mas biblical na paraan.

- Ang evangelism ay madaling nailalapit sa mga taong nais abutin.

*Ano ang pagkakaiba nito sa Bible Study?*

| BIBLE STUDY | CELL GROUP |
|---|---|
| Madalas na nakatuon sa lesson plan ng BS leader. | Nakatuon sa pagmiministeryo sa isa't isa gamit ang Salita ng Diyos. |
| Madalas ang BS leader lang ang laging nagsasalita. | Ang lahat ay inaanyayahan at binibigyan ng pagkakataong magshare (at hindi sila naiilang magsalita). |
| Madalas sa church lang ginagawa, kung sa bahay man, hindi rin ganon kahalaga ang mag-iba ng lugar. | Hangga't maaari sa bahay ng mga miyembro ito ginagawa. |
| Kadalasan, mga mananampa-lataya lang ang dumadalo. | Dito kahit hindi mananampalataya ay maaaring dumalo nang hindi naiilang. |
| Karaniwan, isang grupo lamang ng tao ang dumadalo (adults kung pang-adults, bata kung pambata). | Dito halu-halo ang dumadalo. (Bata, matanda, babae, lalaki, mananampalataya o hindi ay puwede!) |
| Madalas ang BS leader lang ang may pananagutan o responsibilidad. | Lahat binibigyan ng responsibilidad na magamit at may pananagutan sa isa't isa. |
| Madalas umiikot sa BS leader ang gawain. | Ang mga pangangailangan ng tao ang sentro ng gawain. |
| Hindi pinag-uusapan ang multiplication. | Dapat mag-multiply sa loob ng 8-10 buwan. |
| Dito ang mga tao attenders lang. | Dito naman ang mga tao ay nagiging miyembro. |

| | |
|---|---|
| Karaniwan sa kaalaman nakasentro. | Nakasentro naman ito sa pamumuhay. |

*Ano ang pagkakaiba nito sa Prayer Meeting?*

| **PRAYER MEETING** | **CELL GROUP** |
|---|---|
| Madalas maliit na bahagi lamang ng church ang dumadalo. | Dito halos lahat ng miyembro ng church excited na dumalo. |
| Madalas sa church lang ginagawa. | Hangga't maaari sa bahay ng mga miyembro ito ginagawa. |
| Kadalasan mga mananampalataya lang ang dumadalo. | Dito kahit hindi mananampalataya ay maaaring dumalo nang hindi naiilang. |
| Karaniwan walang youth (kasi boring daw) at walang kids (kasi magulo sila), kaya puro oldies lang. | Dito halu-halo, hindi problema ang pag-kakaiba-iba ng edad o estado ng buhay. |
| Madalas ang pastor lang ang may responsibilidad. | Lahat binibigyan ng responsibilidad na magamit at may pananagutan sa isa't isa. |

*Ano ang pagkakaiba nito sa Sunday School?*

| **SUNDAY SCHOOL** | **CELL GROUP** |
|---|---|
| Madalas maliit na bahagi lamang ng church ang | Dito halos lahat ng miyembro ng church excited na dumalo. |

| | |
|---|---|
| dumadalo. | |
| Madalas sa church lang ginagawa. | Hangga't maaari sa bahay ng mga miyembro ito ginagawa. |
| Kadalasan mga mananampa-lataya lang ang dumadalo. | Dito kahit hindi mananampa-lataya ay maaaring dumalo nang hindi naiilang. |
| Tuwing Sunday lang ito maaaring gawin. | Ginagawa kahit anong araw. |
| Dito magkakahiwalay ang kids, youth at adults. | Dito halu-halo ang dumadalo. |
| Hindi pinag-uusapan ang multiplication. | Dapat mag-multiply sa loob ng 8-10 buwan. |
| Madalas hindi nabibigyang pansin ang pag-mi-ministeryo. | Dito dapat na mag-ministeryo. |

*Ano ang pagkakaiba nito sa Church?*

| **CHURCH (Sunday Service)** | **CELL GROUP** |
|---|---|
| Ang church ay may pastor at assistant pastors o lay ministers. | Ang cell group may cell leader at cell intern. |
| Ang church lahat welcome kahit bata, pati na hindi mananampalataya. | Sa cell, lahat welcome kahit bata, pati hindi mananampalataya. |
| Ang church may Evangelism at Discipleship. | Ang cell agenda ay Edification at Evangelism. |
| Ang church may ushers para mag-welcome. | Ang cell group may icebreaker para mag-welcome. |
| Ang church may praise and | Ang cell may praise and |

| | |
|---|---|
| worship. | worship. |
| Ang church may pagpapahayag ng salita ng Diyos. | Ang cell may word para pag-usapan at ipamuhay. |
| Ang church lumalago. | Ang cell group ay dapat mag-multiply sa loob ng 8-10 buwan. |
| Ang church nag-mi-ministeryo sa mga tao. | Ang cell group nag-mi-ministeryo sa isa't isa. |

*Paano sisimulan ang cell kung wala pang "church"?*

- Magsimula lang kung malinaw na sa iyo ang sistema ng cell.
- Tipunin ang mga kakilala sa panahon na maluwag sila.
- Magsimula sa mga 'di kalaliman ngunit makabuluhang tanong patungo sa mas malalim na relasyon.
- Mahigpit na ipinagbabawal ang pagbatikos sa ibang relihiyon, gaano man ito kasama sa iyong pananaw.
- Hangga't maaari 'wag gagamit ng mga pangrelihiyong porma o pananalita, upang hindi mailang ang mga kasama na iba ang relihiyon o sekta.
- Laging maging handa sa pagmi-ministeryo sa isa't isa .
- Panatilihin sa isipan ang layunin kung bakit nagtitipon.
- Panatilihin ang ugnayan ng bawat isa matapos ang bawat pagtitipon.

*Paano sisimulan ang cell kung matagal na ang "church"?*

- Magsimula lang kung malinaw na sa iyo ang sistema ng cell.

- Tipunin ang mga miyembro na nakakikitaan mo ng interes sa cell.

- Mahigpit na paalalahanan ang bawat isa, na gaano man nila nauunawaan ang sistema, wala silang karapatang laitin ang ibang hindi pa nakakaunawa nito.

- Pag-usapan ang planong mag-cell, ngunit 'wag ipipilit sa kaninuman.

- Sikapin na maipaintindi sa mga kausap ang kahalagahan ng cell at hayaan silang magbigay ng kani-kanilang commitment sa gawain.

- Magsimula sa mga 'di kalaliman ngunit makabuluhang tanong patungo sa mas malalim na relasyon.

- Hangga't maari 'wag gagamit ng mga pangrelihiyong porma o pananalita upang hindi mailang ang mga kasama na iba ang relihiyon o sekta.

- Laging maging handa sa pagmi-ministeryo sa isa't isa .

- Panatilihin sa isipan ang layunin kung bakit nagtitipon--upang mag-ministeryo sa isa't isa.

- Panatilihin ang ugnayan ng bawat isa matapos ang bawat pagtitipon.

# CELL LEADER

*Sinu-sino ba ang maaaring maging cell leader?*

- Dapat siya ay naging isang aktibong miyembro na ng cell group.
- Dapat siya ay F.A.S.T. (Faithful, Available, Submissive, Teachable) growing Christian.
- Dapat siya ay naging cell intern na sa loob ng 8-10 buwan.
- Dapat nakatapos siya ng cell leaders training.
- Siya ay pinili ng kanyang cell leader.
- *Dapat nakatapos na ng at least Level 5 ng* **Discipleship** *at* **Leadership** *Program ng POJ.*

*Ano ang kanyang responsibilidad?*

- Bilang leader, siya ang magbibigay ng direksyon sa kanyang cell group.
- Bilang pastor, siya ang mangangalaga ng kanyang mga miyembro.
- Bilang katiwala, (manager) siya ang magsasaayos ng kanyang cell group.
- Dapat siyang umattend sa mga cell leaders and interns meeting na ginagawa minsan isang linggo.
- Dapat siya ang pipili at mag-train ng kanyang cell intern.

- Dapat niyang kausapin ang kanyang intern isang araw bago ang cell meeting para ipaalam ang kanyang mga planong gagawin sa kanilang cell meeting.

- Dapat din silang magkausap pagkatapos ng cell meeting upang i-evaluate ang nakalipas na cell meeting.

## CELL INTERN

*Sinu-sino ba ang maaaring maging cell intern?*

- Dapat siya ay aktibong miyembro ng kanyang cell group.

- Dapat din siyang F.A.S.T. growing Christian.

*Paano sila nagiging cell intern?*

- Dapat ay naging miyembro na ng cell sa loob ng 4-8 buwan.

- Dapat ay matapos niya ang itinakdang cell leaders training.

- Dapat siya ay pinili ng kanyang cell leader.

*Ano ang mga responsibilidad ng intern?*

- Siya ang katuwang ng kanyang cell leader sa lahat ng bahagi ng cell meeting.

- Siya ang mag-aasikaso ng lugar na kanilang pagdadausan ng cell meeting.

- Siya ang bahala sa works time.

- Siya ang tatayong cell leader sakaling wala ang kanyang cell leader, **may pasabi man o wala**.

- Dapat lagi niyang tatanungin ang kanyang cell leader kung ano ang kanyang mga planong gawin sa cell at kung ano ang kanyang ipagagawa sa kanya. Maliban sa paggawa ng kasalanan at mga walang kinalaman sa cell, lahat ay dapat niyang sundin!

**TANDAAN**:

Para sa **CELL LEADER**, ***'wag na 'wag*** kang **MA-I-INSECURE** sa iyong cell intern, dapat mong ibigay sa kanya ang buong kumpeyansa at respeto upang lalo pa siyang maging supportive sa iyo at sa gawain.

Para sa **CELL INTERN**, ***'wag na 'wag*** kang **MAGSA-SALITA NG ANUMAN LABAN** sa iyong cell leader, lalo pa kung ito'y naririnig ng inyong mga ka-cell group. Laging gawin ang biblical na kaparaanan na matatagpuan sa Mateo 18:15-20. Gawin ito nang may buong **PAGMAMAHAL**.

Napakahalaga ng **TEAM WORK** ng cell leader at intern upang lalo silang maging kagamit-gamit sa gawain. Dito magsisimula ang tunay na kahulugan at larawan ng pagkakaisa, pagtutulungan at pagpapalakasan, na kailangang mangyari sa loob at labas ng bawat cell group.

# Ang 5W's: Mga Nilalaman Ng Cell Group

## WELCOME

*Ano ba ito at bakit ito ginagawa?*

- Ito ay hindi basta laro na pampuno lamang ng oras habang naghihintayan.
- Ito ay isinasagawa upang mapalagay tayo sa isa't isa.
- Layunin <u>nito na alisin ang atensiyon ng bawat miyembro sa kanilang sarili</u> at ilipat papasok sa cell.
- Ito ay nag-uugnay sa atin sa isa't isa, sa isang simple at 'di kalalimang kaparaanan bilang panimulang relasyon.
- Ito ay nag-aalis ng ating hiya para makihalubilo sa iba, lalo na sa mga baguhan.
- Ito ay mag-e-encourage sa atin na bahagyang magbukas ng ating saloobin sa isa't isa.
- Ito ay tumutulong upang maipadama sa isa't isa na siya ay tanggap ng grupo.

*Kailan ito dapat gawin?*

- Laging magsisimula sa ice breaker ang bawat cell group meeting.

*Paano ito dapat gawin?*

- Laging maghanda ng ice breaker bago pumunta sa cell meeting.

- Laging isaalang-alang ang mga baguhan at mga bata sa ice breaker na gagawin. Sikaping makasali ang lahat sa ice breaker.

- Dapat ay naaangkop ito sa lugar at mga taong naroroon sa cell.

- Gawin ang lahat ng makakaya upang makuha ang atensyon ng lahat.

- Ipaliwanag ng maigi ang mechanics ng ice breaker. Dapat alam na alam ng sinumang mag-li-lead nito ang ice breaker na gagawin.

- Laging panatiliin ang kaayusan sa simula hanggang matapos ang ice breaker.

- Kung hahatiin ang cell sa mas maliit na grupo sikaping laging maging balanse sa tao.

- Kung mangangailangan ng papel, ballpen, lapis, gunting o anumang kagamitan na gagamitin, sikaping magdala o kaya ay kausapin ang maybahay bago magsimula ang cell group meeting.

- Makakatulong din kung pinapalakpakan ng bawat isa ang kanilang mga sarili matapos ang ice breaker.

***PAALA-ALA***

'Wag nating isipin na ito ay pag-aaksaya lamang ng or
'Wag tayong umasa na sa ice breaker pa lang ay makuh
natin ang gusto natin sa cell group meeting.
Maari mo ring gawing ice breakers ang mga laro na
pangkaraniwan ng nilalaro o kaya ay iyong mga napapano
sa TV basta't
ire-revise mo lang para bumagay sa cell group meeting

## WORSHIP

*Ano ba ito?*

- Pagkilala sa kabutihan ng Diyos.
- Pagkilala sa kakayahan ng Diyos.
- Pagluwalhati sa Diyos.
- Pagpapahayag ng damdamin sa Diyos
- Pagkilala sa kahalagahan ng Diyos.
- Pakikipag-ugnay sa Diyos.
- Pag-awit, pagsayaw, pagtaas ng kamay, pagpalakpak, pagsigaw, pag-proclaim at pagtugtog ng mga musical instrument para ipaabot sa Diyos ang ating kagalakan sa Kanyang presensiya.
- Pag-aalay ng sarili sa Diyos.
- Pagtugon sa pag-ibig ng Diyos.
- Pagtugon sa kabutihan ng Diyos, bilang Manlilikha at Tagapagligtas.
- Pagkilala sa Diyos bilang Hari at Panginoon.
- Pagtataas sa Diyos.
- Pagmamalaki dahil sa Diyos.
- Sandata rin sa pakikipagdigmaang ispiritual. 2Ch.20:20-28

*Bakit ba ito ginagawa?*

- Upang ihanda ang lahat sa pagtanggap ng Salita ng Diyos.
- Upang anyayahan ang presensiya ng Diyos.
- Upang panatilihin at lalong palakasin ang pagkakaisa sa pananampalataya sa Diyos.

*Kailan ito dapat gawin?*

- Walang cell meeting kung walang worship.
- Tuwing matatapos ang welcome at bago mag-word.

*Paano ito dapat gawin?*

- Dapat magplano ang tagapanguna nito, gaya ng pagpaplano niya sa word.
- Planuhin kung anong tema ng pagsamba ang bibigyang tuon.
- Pumili ng mga awit na babagay sa tema na inihanda.
- Gamitin ang Salita ng Diyos para maging basehan ng pagsamba.
- Praktisin ang bawat letra, tono at tipa ng bawat kanta na pinili.
- Ayusin din ang pagkakasunud-sunod ng bawat awit.
- Planuhin kung ilang beses uulitin ang bawat awit.

- Planuhin din pati ang mga “selah” sa worship.

- Gumawa ng song sheets, chart o acetate upang makaawit ng maayos.

- Dapat tayong maging sensitibo sa pangunguna ng Banal na Espiritu.

- Laging asahan ang presensiya ng Diyos sa kabuuan ng pananambahan.

- I-encourage ang mga miyembro na gamitin ang mga kaloob ng Banal na Espiritu sa pagsamba.

*Mga bagay na dapat iwasan.*

- Iwasan ang pagpili ng mga awit, sa mismong oras ng cell meeting.

- Iwasan din ang mga mahahabang paliwanag sa bawat awit.

- Iwasan din ang paghahalu-halo ng mga awit na magkakaiba ng tipa o taas ng tono, maliban na lang kung tiyak na tiyak kang madadala mo ang cell sa pag-awit.

- Iwasan ding pumili ng mga awit na hindi ka pamilyar o hindi mo alam.

- Iwasan din ang pagkakabit-kabit ng mga awit na magkakaiba ang tempo.

## WORD

*Ano ito?*

- Pag-aaral ng Salita ng Diyos.
- Pagpapalakasan sa isa't isa na mula sa Salita ng Diyos.

*Bakit ito ginagawa?*

- Upang ihanda ang lahat sa pagsasabuhay ng Salita ng Diyos.
- Upang mabigyan ng pagkakataon ang bawat isa na maranasan ang kapangyarihan ng Salita ng Diyos, sa isang buhay at makabuluhang paraan.
- Upang makita ng bawat isa na, ang Salita ng Diyos ay ang siyang basehan ng ating ministeryo.
- Upang ma-encourage ang bawat isa na magtiwala sa Salita ng Diyos.
- Upang mangusap ang Panginoon sa bawat isa.

*Kailan ito dapat gawin?*

- Kung mahalaga ang welcome at worship, walang duda na mahalaga din ang Salita ng Diyos sa cell, kung hindi man ito ang pinakamahalaga.
- Pagkatapos ng worship bago ang works.

*Paano ito dapat gawin?*

- Bilang leader dapat napag-aralan at nauunawaan mong maigi ang aralin bago pumunta sa cell.

- Kung may panahon ka pa, praktisin ang pagtatanong. Nasa maayos at malinaw na pagtatanong nagmumula ang magaganda at makabuluhang talakayan.

- Kung makakaya mong isalin sa sarili mong pananalita ang mga inihandang tanong, higit itong mabuti.

- Bigyan ang lahat ng pagkakataong magsalita para makita nilang sila ay kabahagi ng gawain.

- Kung sa unang pagtatanong ay walang sumagot, 'wag mataranta, isaayos ang tanong at ulitin hanggang makuha.

- Maaari din namang gumawa ka ng mga situasyon na magbibigay linaw sa nais mong abutin.

- Kung sa ganito ay wala pa ring magsalita, maaari mo ring tawagin ang kanilang atensiyon sa pamamagitan ng pagtawagng kanilang pangalan.

- Dapat ay magpakita ka ng interes na makinig sa mga taong sumasagot sa itinanong mo.

- 'Wag na 'wag mong lalaitin ang sinuman sa kanyang sagot kahit ito ay mali.

- Kung sakali mang mayroon doon na parang naghahamon ng debate, mahinahon na pakiusapan na hindi ito ang lugar at panahon para pag-usapan ang mga bagay na nais niyang pag-usapan. Kung maaari ay pag-usapan na lang sa ibang panahon.

- Kung mayroong tao na gusto na siya palagi ang magsasalita, gumawa ng paraan upang mabigyan ng pagkakataon ang iba.

- Patuloy pa ring maging sensitibo sa pangunguna ng Banal na Espiritu, para sa kaalaman at direksyon ng pag-uusap.

- Maging sensitibo rin sa mga galaw ng bawat isa, upang makatugon kaagad sa kanilang mga panganga-ilangan.

- Magbigay ng panahon sa pag-se-share hindi lang sa mga sagot sa tanong.

- Magdala ng Biblia. Sa ganito hindi magiging mahirap pagdalhin ng Biblia ang mga miyembro. (Okay lang kung ang mga bisita ay walang dala-dalang Biblia.)

- Bigyang pansin din ang lugar, ilaw, upuan, at iba pang maaaring makatulong o makasira sa kaayusan ng gawain.

- I-encourage ang mga kabahagi na ‘wag umupo sa likuran ng isang tao, dapat nakapabilog.

- Mahalaga na sa panahon na ito ay mabuksan ang Biblia at mabasa ng malakas ang mensahe sa oras na iyon. (Puwedeng paikot, sagutan, sabay-sabay at maari din namang isang tao lang ang babasa.)

- Magtapos sa pag-mi-ministeryo sa bawat isa.

# WORKS

*Ano ba ito?*

- Dito ipinaaabot sa mga kabahagi ang kahalagahan ng **EVANGELISM** at **PRAYER WALK** sa paglago ng cell group.

- Dito sinasabi kung ano ang mga plano ng cell group.

- Ito rin ang panahon na ang mga miyembro ay binibigyan ng kani-kaniyang gawain para sa linggong darating.

- Ito rin ang panahon para ipaalam kung kaninong bahay gagawin ang susunod na cell meeting.

*Bakit ba ito ginagawa?*

- Upang ang bawat isa sa cell group ay magkaroon ng awareness sa kahalagahan ng pagsasabuhay ng kanyang natutunan sa loob ng cell meeting.

- Upang makita ng bawat isa ang kanilang responsibilidad na mag-imbita ng kanilang mga mahal sa buhay at kaibigan.

- Upang ilipat naman sa labas ng cell ang atensyon ng bawat isa tungo sa mga tao sa sanlibutan.

*Kailan ito dapat gawin?*

- Maaari itong gawin pagkatapos ng word time habang kumakain o bago kumain.

*Paano ito dapat gawin?*

- Turuan ang bawat isang kabahagi kung paanong mag-evangelize.
- Bigyan ng gawain ang bawat kabahagi ng cell.
- Ipaalam sa kanila ang layunin ng cell.

## WOW

*Ano ba ito?*

- Ito ang panahon na ang mga umatend sa cell ay magsasalu-salo sa pagkaing inihanda.

- Maaari ring gamitin ito sa panahon ng pag-se-share ("pakikipag-chikahan").

*Kailan ito dapat gawin?*

- Pagkatapos o kasabay ng works time.

*Paano ito dapat gawin?*

- Maghanda nang 'di naman kamahalang mga pagkain, malibang may mga okasyon.

- 'Wag pipiliting maghanda kung talagang hindi kaya.

- Mas maganda kung mag-ambagan ang mga miyembro kung walang aako ng responsibilidad.

- Mula sa pinaka simpleng "cornic" hanggang sa pinaka magarbong putahe ang maaring ihanda.

- Makakatulong ng malaki sa pag-develop magandang relasyon ang alukin at pagsisilbihan ng cell leader at ng miyembro ang mga bisita bago sila magsikain.

- Maabuti ring kumaing kaharap at kausap ang mga bisita kaysa sila-sila at tayu-tayo ang magkaka-usap.

- Makakatulong din kung papasalamatan ang mga naghanda at nagluto ng pagkain.

- Magpakita ng kapinuhan sa pagkain lalo na't tayo ang dayo sa lugar.

*Mga dapat tandaan sa mga kainan.*

- ‘Wag kukuha ng sobrang daming pagkain na nag-uumapaw ang pingan at parang natatakawan.

- ‘Wag makikipag-agawan.

- ‘Wag magsasalita nang punung-puno ang bibig.

- ‘Wag na ‘wag magkukuwento ng mga nakakadiri habang kumakain.

- ‘Wag na ‘wag magsisimula ng mga usaping makapagdudulot ng debate.

- ‘Wag din namang masyadong pakipot.

# IGC
## *(Inter-Generational Cell)*

*Ano ba ito?*

- Ang IGC *(Inter-Generational Cell)* ay naglalayong bigyang halaga ang mga bata sa loob ng cell meeting, bilang mga lehitimong miyembro nito. Ibig sabihin kung ano ang turing sa mga matatanda ganon din dapat ang turing sa mga bata--MAY KARAPATAN NA TUMANGGAP AT GUMANAP NG MINISTERYO NG PANGINOON.

| **SUNDAY SCHOOL** | **INTER-GENERATIONAL CELL** |
|---|---|
| Sa programa iniaasa ang mga bata. | Sa IGC ang programa ay nakaayon sa pangangailangan ng mga bata. |
| Hiwalay ang mga bata sa mga youth at adults. | Sa IGC bahagi ng gawain ang bawat bata. |
| Ang mga bata ay hindi binibigyan ng pagkakataong makaranas na i-exercise ang kaloob ng Banal na Espiritu. | Sa IGC itinuturing ang mga bata na kapantay ang karapatan sa pagtanggap at pag-exercise ng mga kaloob ng Banal na Espiritu. |
| Hindi masyadong nabibigyan ng halaga ang makabuluhang pagsamba, sapat na ang makaawit lamang. | Sa IGC ang pag-aawitan ay upang sumamba sa Diyos. |
| Mas nabibigyang pansin ang kahalagahan ng bawat isa dahil sa kanyang mga kakayahan. | Sa IGC, binibigyan ng parehas na atensyon ang bawat bata. |

*Mga maling pananaw ng marami patungkol sa mga bata.*

- Hindi pa nila maiintindihan ang mga kaya nating maintindihan pagdating sa Panginoon at sa Kanyang gawain.

- Kaya na ng Sunday School ang trabaho na 'yan.

- Masyado silang magugulo kaya dapat 'wag na silang isali.

- Hindi sila nirerespeto.

- Wala pa silang kakayahang maglingkod sa Diyos.

*Bakit mayroon nito?*

- Dahil ito ay naaayon sa Salita ng Diyos.
    - Lk.18:15-17
    - Mt.18:5
    - De.6:4-9
    - Ps.78:4-7; 71:18

- Upang hangga't maaga ay mabigyan ng pagkakataon ang mga bata na masanay sa gawain ng Panginoon.

- Upang sa murang edad ay mabigyan na ng pagkakataon ang bata na makabahagi sa mga mahahalagang gawain ng church sa pamamagitan ng cell.

- Upang sa kanilang kabataan ay makita na nila ang kanilang kahalagahan sa Panginoon.

- Upang sa murang edad ay matuto na silang maglingkod sa Diyos.

- Upang makita nila ang kanilang mga magulang na ipinamumuhay ang kanilang pananampalataya.
- Upang makita din nila ang iba pang mga kapatiran na ipinamumuhay ang kanilang pananampalataya.
- Upang mapalapit ang mga bata sa kapwa nila bata at maging sa mga matatanda sa cell.

*Kailan ito dapat gawin?*

- Kasabay ng cell ng mga adults.

*Paano ito dapat gawin?*

- Marapat na makagawa ng mga "house rules" na magsisilbing gabay sa lahat.
- Dapat magkaroon ng kasunduan ang mga magulang, cell leader at mga bata, kung ano ang dapat na mangyari sa loob ng cell meeting.
- Ihanda ang lugar para sa pagtitipon na may kasamang mga bata. Kung maaari itabi muna ang mga bagay na maaaring mabasag, magtakda rin ng mga lugar kung saan doon lamang puwedeng pumunta ang mga bata.
- Isama ang mga bata sa cell meeting.
- Mag-train ng ibang miyembro para mangalaga sa mga bata.
- Bigyan sila ng bahagi sa panahon (welcome at worship) na kasama sila.

- Ililipat sila ng ibang lugar sa panahon ng word at works. Doon ay magkakaroon sila ng sarili nilang talakayan, pagkatapos ay babalik sila para sa kainan.

## MGA PANGKARANIWANG PROBLEMA SA CELL AT ANG MGA SOLUSYON NITO

| PROBLEMA | SOLUSYON |
|---|---|
| Walang gitara at walang marunong tumugtog ng gitara. | ➢ Hindi masyadong hadlang kung walang gitara at walang marunong tumugtog ng gitara dahil maaari pa ring makapag-worship ng may buhay kahit wala ang mga ito.<br>➢ Maaaring humingi ng tulong sa ibang cell (basta't kakausapin lang ang cell leader).<br>➢ Maaari ding gumamit ng ibang instrumento na makakatulong sa buhay na pagsamba. |
| Nahihiya dahil walang pang-wow (pang-miriyenda). | ➢ Hindi dapat mag-alala dahil puwede rin namang mag-ambagan ang bawat isa para makabili ng pagkain.<br>➢ Hindi naman kailangang masyadong mahal ang pagkain.<br>➢ Maaari din naman na mag-offering para sa pagkain. |
| Hindi lahat nakakaalam ng kanta. | ➢ Kung maaari pumili ng mga pamilyar na kanta sa panimula hanggang masanay.<br>➢ Mabuti ring maghanda ng mga kopya.<br>➢ Mas mabuti kung may ilang miyembro sa cell ang nakakaalam ng kanta para sila ang gagayahan. |
| Nagkakahiyaan. | ➢ Normal lamang na magkahiyaan sa simula. Normal din na mahiya ang mga bisita, kaya kailangan bilang leader, ikaw ang laging unang babati sa mga tao sa loob ng cell meeting.<br>➢ Gamitin ang ice breaker upang maalis ito. |

| | |
|---|---|
| | ➢ Maaari ding kausapin ang mga matatagal na sa cell upang mapaalalahanan sila ng kanilang responsibilidad na mapalagay ang iba sa grupo. |
| Laging late magsimula at late matapos. | ➢ Bilang leader ikaw ang unang magpakita na hindi ka nag-papa-late. Para mayroon silang modelo sa katauhan mo.<br>➢ Magsimula sa oras na napagkasunduan.<br>➢ Laging ipaalala ang oras at lugar ng cell meeting para walang maging dahilan ng pagkalate. |
| May mga miyembro na gustong lumipat ng cell. | ➢ Hangga't maaari hindi ito pinapayagan, upang iwasan na maging kaugalian ito.<br>➢ Alamin kung may katanggap-tanggap na dahilan, pagkatapos ang dalawang cell leader ang mag-uusap kasama ang kanilang zone supervisor. |
| Maliliit ang mga bahay, hindi kasya o masikip. | ➢ Karaniwan na sa mga Pilipino ang may maliliit na bahay, kaya hindi dapat mahiya ang mga kapatiran kung maliit ang bahay nila.<br>➢ Kung makapagpapasikip ang mga upuan, sa sahig na lang maupo.<br>➢ Kung may kapitbahay na kasama sa cell doon tipunin ang mga bata<br>➢ Makakatulong din ang paghahati-hati sa mas maliit pang grupo para sa talakayan.<br>➢ Maaari ding sa labas ng bahay kung hindi naman maulan at kung malamok sabihan na lang sila na magpantalon o magdala ng katol.<br>➢ Kung talagang marami na pagplanuhan ang multiplication. |

| | |
|---|---|
| Walang masakyan ‘pag masyado nang gabi. | ➢ Maaaring maghatiran na lang kung mayroong may sasakyan sa cell.<br>➢ Maaari din namang ilipat sa mas malapit na cell ang miyembro na malayo ang bahay sa cell na malapit sa kanila. |
| May problema ang cell leader o may problema sa cell leader. | ➢ Dito ang liderato ng cell ang bahalang gumawa ng solusyon sa problema.<br>➢ Bibigyan siya ng lahat ng tulong na makakayang ibigay upang malampasan ang mga problema.<br>➢ Kung kakailanganin siyang bigyan ng disiplina, ito ay gagawin. |
| Lumalabas ang mga napag-usapan sa loob ng cell. | ➢ Paalalahanan ang bawat isa na kung ano ang napag-usapan sa loob ng cell ay hindi dapat lumabas, para maiwasan ang pagkalat ng mga maseselang impormasyon.<br>➢ Kung masyadong maselan ang impormasyon, sa cell leader na lang ito sabihin at hayaang siya ang magpasya kung maaari itong sabihin sa buong grupo.<br>➢ Sakali mang nangyari na at nakasakit na sa tao, bilang leader may pagpapakumbaba mong aminin ang naging pagkukulang ng grupo. |
| Walang cell intern. | ➢ Kailangan, nagsisimula pa lang ang cell ay mayroon ka nang minamataan na puwedeng maging intern.<br>➢ Bahaginan ng gawain ang mga miyembro ng cell, hanggang makakita ng karapat-dapat na intern. |
| Masyadong | ➢ Malaki ang maitutulong ng malinaw at |

| | |
|---|---|
| close ang pamilyang Pilipino, mahirap i-multiply. | mahinahong pagpapaliwanag sa mga miyembro bago dumating ang panahon ng multiplication.<br>➢ Ipaliwanag ang disadvantages ng masyadong malaking bilang ng cell group. |
| Hindi pagkakasundo. | ➢ ‘Wag mataranta, normal lang sa mga relasyon ang may hindi pagkakasundo. Basta’t lagi ka lang maging handa sa pagsasaayos nito.<br>➢ Gamitin ang Salita ng Diyos sa pagmi-minister.<br>➢ Gawin ang lahat ng magagawa upang mapagkasundo-sundo sila nang walang pinapanigan.<br>➢ Hanapin at lunasan ang mga nagiging sanhi ng problema. |

## CELL LEADERS AT INTERNS MEETING

*Ano ito?*

- Ito ang pinaka cell group ng mga cell leaders at interns. Kaya kung ano ang nangyayari sa cell meeting maaari ring mangyari dito.
- Ito ang lugar at panahon upang pag-usapan ang mga pagpapala, problema at plano ng bawat cell.
- Dito rin ibinibigay ang mga assignments ng mga cells kung may mga malakihang gawain na darating.
- Dito tinatalakay ang lahat ng usapin patungkol sa cell.

*Bakit ito dapat gawin?*

- Upang ang mga leaders at interns ay magkaroon ng panahon na magpalakasan sa isa't isa.
- Upang makapagbigay ng karagdagang kaalaman patungkol sa cell (experience).
- Upang laging nasusubaybayan ang bawat isa, kung mayroong man siyang pangangailangan.
- Upang ma-update ang bawat isa sa kalagayang ng bawat cell group at makapagbigay ng solusyon kung may problema man.

*Kailan at paano ito gagawin?*

- Mainam kung gagawin ito ng lingguhan.

- Hanapin ang schedule na angkop sa lahat.
- Dapat gawin ang 5 “W’s” sa meeting.

# JOINT CELL MEETING

*Ano ito?*

- Ito ang pagtitipun-tipon ng lahat ng mga cell groups ng isang zone o lahat ng zone.

- Ang panahon kung saan ang isang congregation ay magdadala ng lahat ng kanilang mga papuri at pasasalamat sa Panginoon.

*Bakit ito dapat gawin?*

- Upang mapatibay pa ang relasyon ng mga miyembro ng iba't ibang cell group.

- Upang ang bawat cell ay magkaroon ng pagkakataon na makasama at makilala ang ibang cells sa kanilang zone.

- Upang mapasalamatan at mapapurihan ang Diyos sa Kanyang ginagawa sa bawat cell groups.

- Upang ipaabot sa bawat miyembro na siya ay bahagi ng malaking katawan o grupo.

- Upang magkaroon ng iba pang karanasan sa gawain ng cell.

*Kailan at paano ito gagawin?*

- Maaari itong gawin isang beses sa isang buwan. (Sa amin tuwing huling Biyernes ng bawat buwan.)

- Sa panahon ng cell leaders at interns meeting dapat ipaalam sa bawat isa ang kani-kanilang mga gagawin at mga dadalhin.

- Maaaring mag-Lord supper doon.

- Maaaring mag-dedicate ng bata doon.

- Maaaring magbigay ng special number doon.

**MAHAHALAGANG BAGAY NA DAPAT TANDAAN:**

- ❖ Ang buhay at kabuluhan ng bawat cell ay si CRISTO ang sentro.
- ❖ Hangga't maaari 'wag tatawaging Bible Study ang cell group.
- ❖ Kaysa mang-imbita sa church (worship celebration) sa cell na lang muna.
- ❖ Likas na sa ating mga pinoy ang ma-late, pero hindi ito makakatulong sa paglago ng cell.
- ❖ 'Wag na 'wag maglagay ng leader na hindi dumaan sa tamang proseso.
- ❖ Sikapin na laging maghanda bago pumunta sa cell meeting.
- ❖ Hangga't wala sanang "back-seater." Panatiliing bukas ang linya ng komunikasyon sa cell group.
- ❖ Hindi magiging malusog ang cell na masyadong malaki. Kung maaari 12-15 katao lamang, tapos mag-multiply na.
- ❖ Ang cell na hindi lalago makalipas ang isang taon ay dapat nang patayin.
- ❖ Laging panatilihing nasa loob ng cell ang mga maseselang usapin na napag-usapan dito.
- ❖ 'Wag pahalagahan ang isang tao dahil lang sa kanyang mga kakayahan o katayuan sa buhay. Ang favoritism ay isang lason na sisira sa cell.

- Dapat na ituring ang isang tao ayon sa kung ano ang gusto mong maging siya.

- Mayroong mabuting magagawa ang ”WOW” sa bawat cell meeting.

- Ang bawat isang cell ay may kani-kanyang katangian.

- Pinahahalagahan ang relasyon sa Diyos at sa bawat isa higit sa relihiyon at kaalaman.

- Walang ibang gawain maliban sa cell at walang ibang gawain ang maaaring ipagpalit sa cell.

- Langit at lupa, silangan at kanluran ang pagkakaiba ng CELL CHURCH at CHURCH with CELL!

**Seventy (70) Commands of Jesus**

**DISCUSSION SESSION (30 minutes)**
1) Where do you see yourself in this story?
2) What do we learn about Jesus/God in this story?
3) What is Jesus teaching his disciples in this story?
4) What is Jesus teaching you personally through this story?
5) What application/adjustment do you need to make in your life due to the truth discovered in this story?

| # | TOPIC | Reference | Apply To Life |
|---|---|---|---|
| 1 | Repent! | Matthew 4:12-17 | Enter the Kingdom of God with the right keys (Matthew 4:17) |
| 2 | Let Your Light Shine Before Men | Matthew 5:13-16 | Live your life's purpose (Matthew 5:16) |
| 3 | Follow Me | Matthew 4:18-22 | Be excited with God's great promises for obeying Him (Genesis 12:1-3) |
| 4 | Be Reconciled to Your Brother | Matthew 5:21-26 | Activate your worship (Matthew 5:23-24) |
| 5 | Rejoice and Be Glad | Matthew 5:3-12 | Persecutions bring great rewards (Matthew 5:12) |
| 6 | Settle Matter Quickly with Your Adversary | Matthew 5:21-26 | Adopt the master's way (Romans 5:6-11) |
| 7 | Honor God's Laws | Matthew 5:17-20 | Become great in God's Kingdom (Matthew 5:17-19) |
| 8 | Do Not Lust | Matthew 5:28-30 | Overcome your lustful desires (Genesis 39:1-23) |
| 9 | Be Perfect | Matthew 5:43-48 | Seek perfection (Genesis 6:8-9) |
| 10 | Do not Swear | Matthew 5:33-37 | Think before you Talk (Judges 11:30-40) |
| 11 | Pray in Secret | Matthew 6:5-15 | Intercede for other believers (Colossians 1:9-14) |
| 12 | Do not Resist and Evil Person | Matthew 5:38-42 | Live under grace (Matthew 5:38-42) |
| 13 | Do Not Look Somber in Your Fasting | Matthew 6:16-18 | Face life's challenges (2 Chronicles 20:1-30) |
| 14 | Love Your Enemy | Matthew 5:43-48 | Choose God's ways rather than man's ways (Jonah 4:1-11) |
| 15 | Do Not Worry… Seek God's Kingdom | Matthew 6:25-34 | Become a wise seeker (Matthew 2:1-12) |
| 16 | Do Not Announce Your Giving | Matthew 6:1-4 | Treasure the greater rewards (Matthew 6:1-4) |
| 17 | Enter Through the Narrow Gate | Matthew 7:13-14 | Make the right choices (Genesis 13:5-8) |
| 18 | Store up Yourselves Treasures in Heaven | Matthew 6:19-24 | Elude the money trap (Matthew 6:24) |
| 19 | Watch Out for False Prophets | Matthew 7:15-20 | Be careful of the enemies of the cross (Philippians 3:18-19) |
| 20 | Do Not Judge | Matthew 7:1-6 | Win the sinner for the Lord (2 Samuel 12:1-15) |
| 21 | Put My Words Into Practice | Matthew 7:21-23 | Live a successful life (Joshua 1:8) |
| 22 | Do Not Give the Dog What is Sacred | Matthew 7:1-6 | Do not waste what is precious to God on those who despise it (Matthew 7:6; 2 Peter 2:20-22) |
| 23 | Take No Supply With | Matthew 10:1-15 | God supplies provisions for His chosen (Judges |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | You | | 6:11-16) |
| 24 | Ask, Seek, Knock | Matthew 7:7-12 | Pray boldly (Luke 11:5-10) |
| 25 | Do Not Be Afraid of Those Who Kill the Body | Matthew10:26-31 | Take hold of your assurance as one of the Chosen (2 Timothy 2:11-13) |
| 26 | Do Unto Others | Matthew 7:7-12 | Sow good things to reap a harvest of good things (2 Samuel 9:1-13) |
| 27 | Come to Me… Take My Yoke | Matthew 11:25-30 | Take the rest that Christ offers (Mark 10:46-52) |
| 28 | Ask the Lord of the Harvest | Matthew 9:35-38 | Send workers into the harvest field who can shake the world (Acts 9:17-22) |
| 29 | Be On Your Guard Against the Yeast of the Pharisees and the Sadducees | Matthew 16:5-12 | Dispel false hopes of being saved (Matthew 3:7-12) |
| 30 | Preach This Message | Matthew 10:1-8 | To what great task have you committed yourself? (Romans 1:13-17) |
| 31 | Give to Caesar What is Caesar's | Matthew 22:15-22 | Get under the umbrella of protection (Romans 13:1-7) |
| 32 | Search for the Worthy Person | Matthew 10:9-15 | Look for those who are open (Acts 16:13-15,40) |
| 33 | Love the Lord Your God | Matthew 22:34-40 | Biblical ways to love the Lord (Matthew 22:37) |
| 34 | Be Wise as A Serpent | Matthew 10:16-20 | Live wisely (Ephesians 5:15-16) |
| 35 | Keep Watch | Matthew 24:36-51 | Live as sons of Light (1 Thessalonians 5:1-8) |
| 36 | Honor Your Parents | Matthew 15:1-9 | Fathers, turn your hearts towards your children; Children, turn your hearts towards your fathers (Malachi 4:5-6) |
| 37 | Watch and Pray | Matthew 26:36-46 | Beware of falling into temptation (2 Samuel 11:1-27) |
| 38 | Welcome the Little Children | Matthew 18:1-9 | Save the children (Matthew 19:14) |
| 39 | Have Faith in God | Mark 11:12-26 | Live to please God (John 5:1-15) |
| 40 | What God Has Joined Together, Let No Man Separate | Matthew 19:1-12 | Follow God's model for marriage (Genesis 2:21-25) |
| 41 | Give | Luke 6:37-42 | Sow to reap (Luke 6:38) |
| 42 | Be A Servant | Matthew 20:20-28 | Live out the qualities of a true servant (1 Thessalonians 2:1-6) |
| 43 | Deny Yourself | Luke 9:21-27 | Accomplish God's purpose for your life (Isaiah 46:9-11) |
| 44 | Love Your Neighbor as Yourself | Matthew 22:34-40 | Prove your love by your deeds (Luke 7:1-10) |
| 45 | Go and Do Likewise | Luke 10:25-37 | Be a real neighbor (Luke 10:29-37) |
| 46 | Go and Make Disciples | Matthew 28:16-20 | Enlarge your territory (Genesis 12:1-3) |
| 47 | Be Dressed Ready for Service | Luke 12:35-48 | Be useful for the Master (2 Timothy 2:20-21) |
| 48 | Baptize Believers | Matthew 28:16-20 | Follow the Master (Matthew 3:13-17) |
| 49 | Remember Lot's Wife | Luke 17:30-36 | Guard your heart (Jeremiah 45:1-5) |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 50 | Have Salt in Yourselves | Mark 9:42-50 | Cultivate the qualities of true convert (1 Thessalonians 1:2-10) |
| 51 | Be a House of Prayer | Luke 19:45-48 | Jesus' followers should always pray (Luke 18:1-8) |
| 52 | Be Merciful | Luke 6:27-36 | Beware of becoming an unmerciful debtor (Matthew 18:23-35) |
| 53 | Do This in Remembrance of Me | Luke 22:14-23 | Be secure in the blood of the Lamb (Exodus 12:21-24) |
| 54 | Rejoice that Your Names are Written in the Book of Life | Luke 10: 17-20 | Celebrate because you are a special somebody (1 Peter 2:9) |
| 55 | You Must Be Born Again | John 3:1-15 | Acquire a more significant life (John 3:1-10) |
| 56 | Be on Your Guard Against All Kinds of Greed | Luke 12:13-21 | Watch out for the elusiveness of greed (Luke 12:13-15) |
| 57 | Do Not Work for Food that Spoils | John 6:25-59 | Be Hungry for the Bread of God (John 6:35-40) |
| 58 | Take the Lowest Place | Luke 14:1-11 | To be great like King Jesus, be a servant (Philippians 2:5-11) |
| 59 | Trust in the Light | John 12: 20-36 | Trust Jesus the light (Matthew14:22-34) |
| 60 | Invite the Poor | Luke 14:12-14 | Have a heart for the needy (Luke 13:10-17) |
| 61 | Trust in God; Trust Also in Me | John14:1-4 | Reach out to Jesus for miracles (Mark 5:25-34) |
| 62 | Use Worldly Wealth to Gain Friends | Luke 16:1-15 | Use wealth wisely (Luke 12:13-21) |
| 63 | Remain in Me | John 15:1-17 | Show the fruit (Luke 13:6-9) |
| 64 | Reap What You Have Not Worked For | John 4:27-38 | Be kingdom-builders together (1 Corinthians 3:5-9) |
| 65 | Ask and You Will Receive | John 16:16-28 | Pray for great things (1 Chronicles 4:9-10) |
| 66 | Wash One Another's Feet | John 13:1-17 | Learn to love like the woman who washed Jesus' feet (Luke 7:44-47) |
| 67 | As the Father Has Sent Me, So I am Sending You | John 20:19-23 | The believers legacy is to be on mission for his Lord (John 20:21) |
| 68 | Love One Another | John 13:31-38 | Personify a higher dimension of love (John 13:34-35) |
| 69 | Receive the Holy Spirit | John 20:19-23 | Be filled with the Holy Spirit (Acts 6:1-8) |
| 70 | Feed… Take Care of My Sheep | John 21:10-19 | Be a workman approved by God (2 Timothy 2:15) |

***Note: Pwede rin magamit ang sumusunod na mga outline bilang gabay sa pag-aaral.***

# ANG DIYOS NA HINDI NAGBABAGO

**<u>TALATA:</u> NUMBERS 23:19**

**<u>LAYUNIN:</u>** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang Diyos ay hindi nagbabago gaya ng sinuman o ng anuman.

**<u>SAGUTIN:</u>**

1. Ikwento ang buong pangyayari mula verse 1, bakit naipahayag ang katotohanan na ang Diyos ay hindi nagbabago.
2. Ano ang hindi Diyos? Ano ang dalawang bagay na meron sa Diyos kaya hindi Siya tao?
3. Ano ang sinabing mangyayari kapag sinabi na ng Diyos?
4. Ano ang mangyayari sa mga pangako ng Diyos?

**<u>TALAKAYIN:</u>**

1. Ano ang nakikita mong kagandahan dahil ang Diyos mo ay hindi nagbabago o laging gagawin ang Kanyang mga sinabi? Ipaliwanag ang sagot.
2. Ano sa palagay mo ang pakiramdam ng mga taong umasa sa mga salita o mga pangakong hindi naman tinupad? Bakit?
3. Nasubukan mo na bang umasa sa pangako ng isang tao pero hindi naman tumupad? Ano ang naging resulta nito sa iyo o sa relasyon ninyo?
4. Nasubukan mo na bang mangako pero hindi mo naman natupad? Bakit hindi mo natupad?

# BAGONG NILALANG KAY CRISTO

**<u>TALATA</u>: 2CO.5:17-20**

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang bawat isang na kay Cristo ay natural na magiging isang bagong nilalang.

**<u>SAGUTIN</u>:**
1. Ano ang kalagayan ng isang tao na, na kay Cristo?
2. Ano ang ibig sabihin at paano ang isang tao ay nagiging kay Cristo?
3. Ano ang proseso ng pagbabago ayon sa talata?
4. Dahil dito ano na ang ministeryo natin?

**<u>TALAKAYIN 1</u>:**
1. Ano ang mga pwedeng baguhin sa mundong ito? Ano naman ang hindi na talaga pwedeng baguhin?
2. Madali ba ang pagbabago o hindi? Bakit?
3. Nag-desire ka na bang magbago? Madali o mahirap?
4. Bakit kaya kailangan pang baguhin tayo ng Diyos?
5. Sa tingin mo ba binabago ka na ng Diyos?
6. Ano ang nakikita mong advantages nang ginawang pagbabago sa iyo ng Diyos?

**<u>TALAKAYIN 2</u>:**
1. Ano ang ang pagkaunawa ninyo sa salitang, "Convert"?
2. Ano ang pagkakapareho ng pakikipag-isa kay Cristo at pangkaraniwang alam nating conversion? (Dati patay tayo, ngayon binuhay na; dati kaaway ng Diyos, ngayon kaibigan na ng Diyos; dati anak ng diablo, ngayon anak na ng Diyos…)
3. Kanino pabor ang pakikipag-isa kay Cristo, sa Diyos o sa tao? Bakit?
4. Bakit kaya kailangan pa tayong baguhin ng Diyos?
5. Nakipag-isa ka na ba kay Cristo?

# KAHIT SA GITNA NG MGA PROBLEMA

**TALATA: 1THESSALONIANS 3:1-13**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na kahit anong sitwasyon, gaano man ito kahirap, hindi pa rin maaaring mapigilan ang magpasalamat at maglingkod sa Diyos.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang kalagayan nila Pablo sa tagpong ito?
2. Sino ang kanilang isinugo kapalit nila? Sino si Timothy ayon sa mga talata?
3. Ano ang naging dahilan kaya sila nagpaiwan muna sa Athens?
4. Ano ang kanilang inaalala o pinangangambahan para sa mga kapatiran?
5. Ano ang magandang balita ni Timothy mula sa mga kapatiran? Paano ito tinanggap nila Pablo?
6. Ano ang kanilang laging idinadalangin sa Diyos para sa mga kapatiran?

**TALAKAYIN:**

1. Sa isang salita ano ang masasabi ninyo sa kalagayan nila Pablo?
2. Ano ang ipinapakita ng kanilang mga ginawa at sinabi tungkol sa kanilang pananampalataya sa Diyos?
3. Sa tingin mo ba madaling problemahin ang problema ng ibang tao habang ikaw ay dumadaan rin sa gitna ng malaking problema? Bakit?
4. Sa palagay mo ano ang nagtulak kina Pablo para alalahanin pa ang kalagayan ng ibang kapatiran gayong parang mas mahirap pa ang kanilang pinagdadaanan?
5. Nasubukan mo na bang maging kagaya ni Pablo pagdating sa pagdaan sa mga problema? Isalaysay.

# LAGING UNAHIN ANG DIYOS

## <u>TALATA:</u> MATTHEW 6:25-33

**<u>LAYUNIN:</u>** Upang malaman ng mga mag-aaral na anuman ang sitwasyon, panahon o ang gagawin dapat inuuna ang Diyos at hinahanap natin doon ang Kanyang kalooban.

**<u>SAGUTIN:</u>**

1. Ano ang pangkaraniwang inaalala o pinagkakaabalahan ng mga tao?
2. Ano ang tugon at paliwanag ng Panginooong Jesus sa ganitong gawain ng mga tao?
3. Anu-ano ang Kanyang mga ginamit na ilustrasyon para ipakita Niya na hindi nagpapabaya ang Diyos?
4. Sino ang nagiging katulad natin kapag lagi tayong nag-aalala sa mga bagay na kailangan natin?

**<u>TALAKAYIN:</u>**

1. Masama bang magtrabaho para sa pagkain, damit at mga pangangailangan? Bakit?
2. Masasabi ba ninyo na masama ang labis na pag-aalala? Kung, "Oo" anu-ano ang nakikita ninyong masama sa labis na pag-aalala?
3. Bakit parang hindi maiwasan ng kahit mga mananampalataya ang pag-aalala?
4. Sa sarili mong pang-unawa ano ang maitutulong ng sinabing ito ng Panginoong Jesus, "Ngunit higit sa lahat ay pagsikapan ninyo na kayo'y pagharian ng Diyos at mamuhay nang ayon sa kanyang kalooban, at ibibigay niya sa inyo ang lahat ng inyong pangangailangan."
5. Sa palagay mo ba mapanghahawakan ito? May karanasan ka na ba ayon dito? Isalaysay.

# KAPAHAYAGAN NG KAPANGYARIHAN NG DIYOS

**<u>TALATA:</u> ROMANS 1:16-32**

**<u>LAYUNIN:</u>** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang Magandang Balita ng Diyos ay nagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan kaya dapat natin itong tanggapin at ipagmalaki.

**<u>SAGUTIN:</u>**

1. Ano ang deklarasyon ni Pablo tungkol sa magandang balita?
2. Ano ang damdamin ng Diyos sa kalapastanganan at kasamaan ng mga tao?
3. Anu-ano ang makikita sa mga pamumuhay ng mga tao bilang patunay ng kanilang kasamaan?
4. Ano ang naging hatol ng Diyos sa kanila dahil dito?

**<u>TALAKAYIN:</u>**

1. Naisip mo na ba ang gagawin mo sakaling ikaw ay nasa isang sitwasyon na ikaw ay tahasang sinasalungat at sinisiraan pa ng iyong mga kasama sa trabaho o mga itinuturing na kaibigan? Ano ang pakiramdam? Magagalit ka rin ba? Bakit?
2. Anu-ano ang naiisip mong pwedeng gawin para pagbayarin sila sa kanilang kalapastanganan o kasalanan?
3. Ano ang masasabi mo sa galit ng Diyos, may basehan ba ito o wala? Kung may basehan, ano? Kung wala, bakit?
4. Nagkulang ba ang Diyos sa pagpapaalala sa mga tao? Ang mga Cristiano, sa tingin mo nagkulang ba? Bakit?

# PARABLE OF THE TALENTS

## <u>TALATA</u>: MATTHEW 25:14-30

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang makita ng mga mag-aaral na ang Diyos ang tunay na may-ari ng lahat at tayo bilang Kanyang mga katiwala ay inaasahang magiging tapat dahil tayo magsusulit sa Kanya sa huling araw.

**<u>SAGUTIN</u>:**

1. Ano ang ginawa ng kanilang panginoon bago siya naglakbay?
2. Ano ang inihabilin niya sa kanyang mga alipin? Ano ang masasabi mo sa mga ibinigay sa kanila?
3. Alam ba nilang babalik ang kanilang panginoon?
4. Sa pagbalik ng kanilang panginoon, ano ang mga nangyari?
5. Ano ang nangyari sa nakatanggap ng lima at dalawa? Ano ang nadama, sinabi at ginawa ng panginoon sa kanila?
6. Ano naman ang nangyari sa nakatanggap ng isa? Ano ang (mga) naging dahilan ng nakatanggap ng isang talento? Ano ang nadama, sinabi at ginawa ng kanilang panginoon?

**<u>TALAKAYIN</u>:**

1. Mahalaga bang malaman na ang lahat ng meron tayo ngayon ay pag-aari ng Diyos? Bakit?
2. Sa palagay mo bakit iba-iba ang bilang ng talento ang ibinigay o ipinagkatiwala sa atin?
3. Meron bang tao na walang talento o kakayahan? Ikaw naniniwala ka ba na meron kang talento o kakayahan galing sa Panginoon? Ginagamit mo ba ito para sa Kanya?
4. Maliban sa church saan mo pa nakikita na maaaring gamitin ang mga kakayahang kaloob sa iyo ng Diyos? Bakit?

# ANG KAIBAHAN NG ESPIRITU AT LAMAN

## TALATA: 1CORINTHIANS 2:10-16

**LAYUNIN:** Upang lubos na maunawaan ng mag-aaral ang mundong kanilang ginagalawan at makita ang dahilan kung bakit ganito ang ikinikilos ng mga tao sa loob at labas ng church.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang kayang gawin o unawain ng Espiritu na hindi kaya ng pangkaraniwang na tao?
2. Saan galing ang espiritu ng pangkaraniwang tao? Saan naman galing ang sa Espiritu ng Diyos at paano ito natatanggap ng isang tao?
3. Ano ang hindi kayang maunawaan ng isang pangkaraniwang tao? Bakit hindi nila ito kayang tanggapin?
4. Ano ang kalamangan ng isang tao na nagtataglay ng Espiritu ng Diyos?

**TALAKAYIN:**

1. Ano pagkaunawa mo ‘pag sinabing, “malawak ang kaalaman ng isang tao”? Masasabi mo ba na mahalaga ang magkaroon ng malawak na kaalaman? Bakit?
2. Sa pangkaraniwang pagkaunawa paano nagkakaroon ng malawak na kaalaman ang isang tao?
3. Ayon naman sa biblia, paano magkakaroon ng malawak na kaalaman ang isang tao?
4. Tama bang sabihin na ang isang tao na may personal na relasyon kay Cristo ay may malawak na kaalaman? Bakit?
5. Masasabi mo bang nakikita mo na ang kapahayagan ng malawak na kaalaman sa buhay mo?

# ANG PAGSUSUGO SA 12 TIKTIK

**TALATA: NUMBERS 13**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral ang kalakihan ng Diyos laban sa anumang hadlang sa pagtupad ng Kanyang mga plano sa buhay.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang ipinagawa ng Diyos kay Moses? Paano ito ginawa ni Moses?
2. Ano ang mga dapat nilang tingnan sa lupain ng Canaan?
3. Ano ang mga nakita nila at paano nila ito isinalaysay? Ano ang nadama ng mga tao sa kanilang narinig?
4. Ano ang ginawa ni Caleb at Joshua matapos nilang marinig ang kanilang mga kasamang tiktik?

**TALAKAYIN:**

1. Kung ikaw ang tatanungin, ano ang nakikita mong dahilan bakit sila inutusan ng Diyos na tingnan ang lupain ng Canaan? Nakikita mo ba na gusto ng Diyos na sirain ang loob nila? Bakit?
2. Nagkaroon ka na ba ng karanasan na alam mong kalooban naman ng Diyos at malaki ang magiging pakinabang mo sa disisyon mo pero may mga nakita kang hadlang o may nagsabi sa iyo na malabong mangyari ang gusto mo? Ano ang ginawa mo?
3. Masasabi mo bang malaki ang nagagawa ng maliliit na pagsunod sa Diyos para sakaling dumating ang isang malaking hamon ay makakaya mo pa ring sumunod? Bakit?
4. Ano ang isang bagay na lagi mong tinitingnan o iniisip sa tuwing nahaharap ka sa matinding hamon sa buhay?

# ANG PAG-IBIG AYON SA BIBLIA

**TALATA: 1CORINTHIANS 13**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral ang lalim, lawak, taas at kahulugan ng tunay na pag-ibig.

**SAGUTIN:**

1. Anu-ano ang mga nabanggit na maaaring gawin ng isang tao na mawawalan lang nang saysay kung walang pag-ibig? v.1-3
2. Anu-ano ang kapahayagan ng pag-ibig na binanggit sa mga talata? v.4-8
3. Ano ang sinabi tungkol sa pag-ibig kumpara sa mga kaloob ng Espiritu? V.8-13

**TALAKAYIN:**

1. Ang usapin tungkol sa pag-ibig ay isa sa pinakamainit na usapin ng buhay. Halos lahat ay may karanasan, pagkaunawa at paliwanag sa usaping ito.
2. Para sa iyo, ano ang pag-ibig o maaari ding sabihin ang iyong mga narinig sa iba tungkol sa pag-ibig?
3. Masasabi mo ba na napakahalaga ang usapin tungkol sa pag-ibig sa buhay ng isang tao? Bakit?
4. Ano naman ang masasabi mo sa pangkaraniwang alam ng mga tao sa pag-ibig kumpara sa nabasa natin ngayon sa Biblia?
5. Naranasan mo na ba ang ganitong uri ng pag-ibig?
6. Ano ang nakikita mong responsibilidad mo sa pag-ibig ng Diyos?

# ANG AKLAT NG BUHAY

## <u>TALATA:</u> REVELATION 20:11-15

**<u>LAYUNIN:</u>** Upang makita ng mga mag-aaral na una sa lahat kailangan munang masiguro ng bawat isa na ang kanyang pangalan ay nakasulat na sa aklat ng buhay kung nais niyang makapasok sa kaharian ng Diyos.

**<u>SAGUTIN:</u>**

1. Ano ang nakita ni John sa tagpong iyon? Ano ang mga sumunod na pangyayari?
2. Ano ang binuksan sa kanilang harapan?
3. Ano ang meron sa mga aklat na binuksan?
4. Ano ang ginawa sa mga taong wala ang pangalan sa aklat ng buhay?
5. Ano ang mariing paalala ang ibinigay sa mga taong wala ang pangalan sa aklat ng buhay?

**<u>TALAKAYIN:</u>**

1. Nasubukan mo na bang pumila ng pagkahaba-haba pagkatapos malalaman mo sa bandang huli na wala ka pala sa listahan? Kung oo, ano ang pakiramdam? Kung hindi pa, ano kaya ang pakiramdam ng mga taong nakaranas na nang ganito?
2. Gaano kahalaga ang pagpapalista ng pangalan sa mga gawaing hinihiling ito?
3. Sa palagay mo, aware kaya ang maraming tao sa aklat ng buhay? Bakit?
4. Ikaw aware ka ba dito? Paano mo ito nalaman?
5. Nakalista na ba ang pangalan mo sa aklat ng buhay? Paano mo natiyak na nakalista na nga ang pangalan mo doon?
6. Kung hindi pa nakalista gusto mo bang mailista ang pangalan mo doon?

# PANATALIING LAGING NAGNININGAS ANG APOY

**<u>TALATA</u>: LEVITICUS 6:8-13**

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang makita ng mag-aaral na ang apoy na binabanggit para sa ating panahon ay ang apoy ng ating pananampalataya sa Diyos.

**<u>SAGUTIN</u>:**

1. Sino ang inutusan ng Diyos para mangalaga sa apoy?
2. Ano ang kanyang gagawin sa apoy?
3. Paano niya ito gagawin?

**<u>TALAKAYIN</u>:**

1. Sa iba't-ibang pagkakataon ay ginamit ng Biblia ang apoy upang ipakita ang presensya at kapangyarihan ng Diyos. Gaano mo nakikita ang kahalagahan nito para ipakita ang presensya at kapangyarihan ng Diyos?
2. Kaninong responsibilidad para manatiling nagniningas ang apoy sa ating mga puso? Bakit?
3. Ano ang pangkaraniwang dahilan bakit parang nanlalmig ang church?
4. May dahilan ba manglamig ang church? Bakit?
5. Paano mo ito muling papainitin o pagniningasin?

# ANG TUNAY NA PINAGPALA

## TALATA: LUKE 11:27-28

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang pagpapala ng Diyos ay laging may kinalaman sa ating pagtanggap at pagtugon sa Kanyang salita.

**SAGUTIN**

1. Ano ang makikita natin sa kwento?
2. Ano ang isinigaw ng isang babae? Ano kaya ang nasa isip niya kaya nya ito nasabi?
3. Ayon sa pangkaraniwang pangyayari tama ba ang sinabi ng babae? (Ex. Proud si aling Dionisia ang nanay ni Manny Pacquiao sa mga karangalang natamo nito.)
4. Ano ang sagot ng Panginoon? Sa tingin mo ba sang-ayon S’ya sa sinabi ng babae? Bakit?
5. Ano ang pagpapala o sino ang pinagpala para sa Panginoon? Ano ang ibig sabihin niyon?

**TALAKAYIN:**

1. Sa sarili mong pagkaunawa ano ang “PAGPAPALA” o “PINAGPALA”?
2. Paanong nagiging pagpapala ang isang bagay, isang sitwasyon o ang isang kaganapan?
3. Gusto mo ba ng pagpapala?
4. Paano mo ito inaasahang manyayari o matatanggap?
5. Tulad ka rin ba ng babae na ang tingin sa pagpapala ay bagay na may kinalaman sa laman o ayon sa sinabi ng Panginoon na ito ay makakamit sa pamamagitan ng pagtanggap at pagtugon sa salita ng Diyos?

# ANG PAG-IBIG NG DIYOS

**<u>TALATA</u>: 1JOHN 4:7-21**

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang makita ng mga mag-aaral ang laki ng pag-ibig ng Diyos sa atin at ang kahalagahan ng pag-iibigan sa isa't-isa bilang tanda na umiibig tayo sa Diyos.

**<u>SAGUTIN</u>:**

1. Ano ang nais ipaabot ni Juan sa atin bilang mga mananampalataya, mula sa mga talata?
2. Ano ang salita na madalas na binabangit sa mga talata? Ilang beses itong nabanggit?
3. Bakit natin nagagawang umibig? (19)
4. Ano ang matibay na patunay na mahal tayo ng Diyos? (9-10)
5. Ano ang masasabi mo tungkol sa pag-ibig ng Diyos?
6. Ano ang dapat nating gawin ngayong alam mong inibig tayo ng Diyos?

**<u>TALAKAYIN</u>:**

1. Sa sarili mong pang-unawa, bakit paulit-ulit na sinasabi ni John ang laki ng pag-ibig ng Diyos sa atin sa mga talatang ito?
2. Ano ang maituturing mong pinakamataas na antas ng pag-ibig? Bakit?
3. Mayroon bang mga tao sa buhay mo ang sadyang napakahirap ibigin? Bakit?
4. Ano ang mga hakbang na ginagawa mo upang maibig mo siya?

# ANG TALINHAGA TUNGKOL SA MAGHAHASIK

**TALATA: MATTHEW 13:3-7, 18-23**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na may iba't-ibang uri ng pagtugon ang bawat isang tao sa salita ng Diyos na kanilang naririnig.

**SAGUTIN:**

1. Ano ginawa ng maghahasik ayon sa talinhaga?
2. Saan saan bumagsak ang mga binhi at anu-ano ang nangyari sa mga ito?
3. Ano ang paliwanag ng Panginoong Jesus sa talinhaga?
4. Sino ang maghahasik? Ano ang binhi? Ano ang lupa? Sino ang ibon?

**TALAKAYIN:**

1. May pinipili ba ang maghahasik kung saan pababagsakin ang binhi? Ano ang ibig sabihin nito?
2. Magkakapareho ba ng resulta ng binhi sa lupa na babagsakan nito? Bakit?
3. Bakit may mga binhi na natutuka ng ibon?
4. Ano ang nakikita mong dapat gawin para makasigurong mabubuhay at mamumunga nang masagana ang itinanim na binhi?
5. Kung ikaw ang huhusga sa puso mo, anong uring lupa pa ito ayon sa kwento?

# ANG KATOTOHANAN TUNGKOL SA KALIGTASAN

**TALATA: ROMANS 9:1-3, 10:1-4**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral kung paanong ipinahayag ni Pablo ang kahalagahan ng kaligtasan.

**SAGUTIN:**

1. Ayon kanino ang katotohanang ipinapahayag ni Pablo?
2. Ano ang nadarama ni Pablo habang ipinapahayag niya ang kanyang mensahe?
3. Paano niya sinabi ang kahalagahan ng kaligtasan para lang matangap ito ng kanyang mga kababayan?
4. Ano ang panalangin niya para sa mga Israelita?
5. Ano ang nakita niyang problema sa mga Israelita pagdating sa kaligtasan?

**TALAKAYIN:**

1. Pinatunayan ng salita ng Diyos na ang Israelita ay talagang pinili ng Diyos at pinatunayan din ito ng kasaysayan? Pero bakit sa palagay ninyo hindi pa rin sila maituturing na ligtas na?
2. Ano ang nakikita ninyong kakulangan o ano ang naging pagkakamali nila?
3. Ano ang nakikita mong pagkakahawig ng mga Israelita sa iba pang mga tao sa mundo?
4. Ano ang ipinapakita ng salita ng Diyos tungkol sa kaligtasang ibinibigay ng Diyos sa sanlibutan?
5. Paano ka naligtas, sa tingin mo ba naaayon ito sa paraan ng Diyos? Bakit?

# ANG PANGAKO NG DIYOS

**TALATA: 1THESSALONIANS 4:13-18**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na hindi tayo iniwan ng Diyos dahil may pangako Siyang kukunin Niya tayo anumang oras.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang nais linawin Pablo sa mga taga-Tesalonica sa tagpong ito?
2. Sino ang tinukoy niyang mga natutulog lang? Ano raw ang gagawin sa kanila ng Panginoong Jesus?
3. Ano ang kondisyon para mangyari ito sa kanila?
4. Saan niya ito nalaman? Kailan ito mangyayari? Paano ito mangyayari?
5. Ano ang dahilan bakit niya ito sinabi sa kanila?

**TALAKAYIN:**

1. Ipinapakita sa bahagi ng sulat na ito ni Pablo, na ang mga mananampalataya doon ay may kalituhan sa kahihinatnan ng mga naunang namatay sakaling bumalik na ang Panginoong Jesus.
2. Para sa iyo, mahalaga ba ang malaman mo ang katotohanan tungkol sa kabilang buhay at muling pagbabalik ng Panginoong Jesus? Bakit?
3. Naniniwala ka ba na mangyayari talaga ito? Bakit?
4. Ano ang tunay mong nadarama 'pag napag-uusapan ang muling pagbabalik ng Panginoong Jesus sa paraan na ibinahagi ni Pablo sa mga talata?
5. Nakahanda ka na ba sakaling dumating na ito? Bakit?
6. Meron ka bang ginagawa para makasama mo rin ang mga mahal mo sa buhay at mga kaibigan sa tagpong ito pagbabalik ng Panginoong Jesus? Kung meron ano? Kung wala bakit?

# ANG LIMITASYON NG TAONG NASA LAMAN

**TALATA: 1CORINTHIANS 2:14-3:2**

**LAYUNIN:** Upang lubos na maunawaan ng mag-aaral ang mundong kanilang ginagalawan at makita ang dahilan kung bakit ganito ang ikinikilos ng mga tao sa loob at labas ng church.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang kayang gawin o unawain ng Espiritu na hindi kaya ng pangkaraniwang na tao?
2. Saan galing ang espiritu ng pangkaraniwang tao? Saan naman galing ang sa Espiritu ng Diyos at paano ito natatanggap ng isang tao?
3. Ano ang hindi kayang maunawaan ng isang pangkaraniwang tao? Bakit hindi nila ito kayang tanggapin?
4. Ano ang kalamangan ng isang tao na nagtataglay ng Espiritu ng Diyos?

**TALAKAYIN:**

1. Ano pagkaunawa mo 'pag sinabing, "malawak ang kaalaman ng isang tao"? Masasabi mo ba na mahalaga ang magkaroon ng malawak na kaalaman? Bakit?
2. Sa pangkaraniwang pagkaunawa paano nagkakaroon ng malawak na kaalaman ang isang tao?
3. Ayon naman sa biblia, paano magkakaroon ng malawak na kaalaman ang isang tao?
4. Tama bang sabihin na ang isang tao na may personal na relasyon kay Cristo ay may malawak na kaalaman? Bakit?
5. Masasabi mo bang nakikita mo na ang kapahayagan ng malawak na kaalaman sa buhay mo?

# ANG KATANGIAN NG CRISTIANONG LUMALAGO

**<u>TALATA</u>: 2TIMOTHY 2:1-7**

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang malaman ng mga mag-aaral ang kanilang kalagayan ay hindi pangkaraniwan at sila ay may dapat gawin upang lumago sa pagkakilala kay Jesus.

**<u>SAGUTIN</u>:**

1. Sino ang sinulatan ni Pablo at paano niya siya tinawag?
2. Ano ang iniutos ni Pablo na gawin niya? Kanino niya ito dapat ituro?
3. Ano ang katangian meron dapat ang tuturuan ni Pablo at ano ang dapat nilang gawin?
4. Saan dapat makibahagi si Timoteo ayon kay Pablo?
5. Kanino inihambing ang mga mananampalataya?

**<u>TALAKAYIN</u>:**

1. Ang bawat Cristiano ay may espesyal na buhay mula sa Panginoong Diyos, na dapat ipamuhay habang narito pa siya sa mundo.
2. Nakikita mo ba na espesyal ang buhay mo? Bakit?
3. Noong malaman mo ang magandang ginawa ng Diyos sa buhay mo, na-excite ka bang ibahagi ito sa iba? Paano mo ito ginagawa?
4. Inihambing tayo sa sundalo, manlalaro, magsasaka, manggagawa, sisidlan at mga lingkod sa mga iyan ano ang nakikita mong relasyon niyan sa buhay mo bilang Cristiano?
5. Kung pipili ka ng isa sa mga iyan saan mo maihahambing ang buhay mo bilang isang Cristiano?

# ANG MULING PAGKABUHAY NG PANGINOONG JESUS

**<u>TALATA:</u> JOHN 20:1-7**

**<u>LAYUNIN:</u>** Upang muli tayong mamangha sa katotohanan ng ating pananampalataya, dahil ang ating Panginoon at Tagapagligtas ay muling nabuhay kaya Siya ay karapat-dapat na panampalatayaan.

**<u>SAGUTIN:</u>**

1. Sino ang unang nagpunta sa libingan ng Panginoong Jesus?
2. Ano ang nasaksihan niya at ano ang una niyang ginawa?
3. Ano ang inakala niyang nangyari bakit wala doon ang katawan ng Panginoong Jesus?
4. Ano ang ginawa ng mga alagad nang malaman nila iyon?
5. Sino ang nakita ni Mary sa loob ng libingan? Ano ang inakala niya dito?
6. Ano ang sinabi ni Mary sa kanila? Ano naman ang sagot niya sa kanya?
7. Ano agad ang ginawa niya nang malaman niyang ang Panginoong Jesus na pala ang kausap niya?

**<u>TALAKAYIN:</u>**

1. Para sa iyo gaano kahalaga ang pagkabuhay na muli ng Panginoong Jesus sa iyong pagka-Cristiano?
2. Parang hindi na masyadong "Big Deal" sa atin ang usapin sa muling pagkabuhay na muli ng Panginoong Jesus dahil tanggap na tanggap na natin ito.
3. Paano ka nakumbinsi na talagang nabuhay na muli ang Panginoong Jesus? Paano kaya kung totoong ninakaw lang ang kanyang labi?
4. Sa tingin mo sapat ba ang ipinapakita sa pamumuhay ng mga mananampalataya ngayon para ipagmalaki na ang kanilang Panginoon at Tagapagligtas ay talagang nabuhay na muli? Bakit?

# ANG KATAWAN NI CRISTO

**TALATA: 1CORINTHIANS 12:12-27**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na isa lang ang katawan ni Cristo at bilang isa sa bahagi nito dapat tayong kumilos nang naaayon sa panukala ng ulo. Dapat din nating pahalagahan ang iba pang bahagi gaya nang pagpapahalaga natin sa ating sarili dahil hindi tayo magiging epektibo kung wala ang iba pang bahagi.

**SAGUTIN:**

1. Saan ikinumpara ang church o iglesia?
2. Ayon kay Pablo sino ang naglalagay sa atin sa katawan ni Cristo?
3. Ano ang dapat gawin sa mga itinuturing na mahihinang bahagi ng katawan?
4. Ano ang dapat gawin ng mga bahaging laging napahahalagahan?
5. Ano ang mangyayari sa buong katawan kung ang isang bahagi ay nasasaktan?

**TALAKAYIN:**

1. Alam nating lahat kung ano ang katawan, bagaman marami pa rin sa atin ang hindi pa lubos na nauunawaan ang bawat detalye nito.
2. Sa pagkaunawa mo ano ang pangunahing aral ang nais iparating ni Pablo sa atin sa pag gamit niya sa katawan para ipaliwanag ang iglesiya?
3. Nakakasiguro ka na ba na ikaw ay bahagi na ng katawan ni Cristo? Paano ka naging bahagi nito?
4. Nakikita mo ba na ikaw ay mahalagang bahagi ng katawan? Paano mo ito dapat ipamuhay?
5. Nakikita mo ba na mahalaga rin ang iba pang bahagi ng katawan? Paano mo ito ipinapakita?
6. Ngayong alam mo na, na ang bawat isa sa atin magkakadugtong, paano mo ito dapat pahalagahan.

# ANG MULING PAGBABALIK NG PANGINOON

**<u>TALATA</u>: 1THESSALONIANS 5:1-11**

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang lalo pang maging malinaw sa mga mananampalataya ang mga nakapaloob na katotohanan sa muling pagbabalik ng Panginon.

**<u>SAGUTIN</u>:**

1. Ano ang sinabi ni Pablo sa usapin kung kailan muling darating ang Panginoong Jesus? Ano ang ibinigay niyang dahilan?
2. Saan niya ito ikinumpara?
3. Anong klaseng mga tao ang mga mananampalataya? Ano sila at saan sila nabibilang?
4. Ano ang sinabi ni Pablo kung bakit hindi na tayo pagugulat o mapapahamak pa?

**<u>TALAKAYIN</u>:**

1. Ang pagbabalik ng Panginoon ay isang gawain na parang nakakalimutan na maski ng mga mismong mananampalataya. Ano sa tingin mo ang isa sa mga dahilan nito?
2. Ano ang pagkaunawa mo sa katotohanang sinabi na, "…ang pagdating ng araw ng Panginoon ay tulad ng pagdating ng magnanakaw sa gabi."
3. Ano ang kalagayan o ang iniisip ng mga tao sa panahon bago dumating ang Panginoon? Bakit?
4. Sinabihan tayo na lagi dapat tayong gising, hindi lasing at laging nakahanda, paano mo ito planong gawin sa ating panahon.
5. Ano ang masasabi mo sa katotohanan ito? "Hindi tayo pinili ng Diyos upang parusahan, kundi upang iligtas sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo." v,9

# DAPAT MASAYA KA

**<u>TALATA:</u> PHILIPPIAN 4:8**

**<u>LAYUNIN:</u>** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang kagalakan, hindi pag-aalala at tamang kaisipan sa Panginoon ay may malaking maidudulot na pagpapala sa buhay ng isang tao.

**<u>SAGUTIN:</u>**

1. Ano ang iniuutos ni Pablo na gawin ng mga sinulatan niya ayon sa mga naunang talata? Ilang ulit niya itong sinabi?
2. Ano ang sinabi niya tungkol sa Panginoon?
3. Ano naman ang pinagagawa niya imbes na mangamba? Ano ang magiging resulta nito sa buhay natin?
4. Ayon sa ating pinag-aaralang talata, saan daw tayo magbabad?

**<u>TALAKAYIN:</u>**

1. Sa iyong pagkakaalam at sariling karanasan masasabi mo ba na malaki ang nagagawa ng kalungkutan, labis na pag-aalala o maling kaisipan sa kalusugan at mga problema ng isang tao? Bakit?
2. Posible kayang masolusyunan ang mga ito sa pamamagitan ng mga sinabi ni Pablo? Bakit?
3. Maaari ba nating asahan ang mga anak ng Diyos na laging kakitaan ng pamumuhay na masaya? Bakit?
4. Bakit may mga Cristiano pa ring nabubuhay sa kalungkutan, pag-aalala at maling kaisipan? Ano kaya ang dahilan nito? Ganon ka rin ba? Bakit?

# ANG KAKULANGAN NG MGA TAGAPAG-ANI

**<u>TALATA:</u> MATTHEW 9:35-38**
**<u>LAYUNIN:</u>** Upang makita ng mga mag-aaral ang kailangan nilang madama sa mga taong wala pang Cristo sa buhay at makita nila ang malaking kakulangan ng mga mag-aani sa bukirin ng Panginoon.
**<u>SAGUTIN:</u>**
1. Ano ang ginagawa ng Panginoong Jesus? Ano ang Kanyang nakita? Ano ang Kanyang nadama?
2. Sabi ng v.36 Nahabag siya sa kanila sapagkat sila'y nanlulupaypay at litung-lito, parang mga tupang walang pastol.
3. Ang kahulugan ng nahabag ay tinitingnan natin ang ibang tao nang walang bahid ng paghatol at pagmamalaki dahil sa kanyang masamang kalagayan kundi ang maunawaan siya o kaya ay makadama ng awa o pakikiramay sa kanyang mga kasawian, kasabay ng matinding pagnanais na makatulong na maiahon siya sa ganong kalagayan.
4. Ano ang sinabi Niya sa Kanyang nga alagad? Sino ang mga tinutukoy Niyang mga "harvest" at sino naman ang mga "workers"?
5. Ano ang solusyong ibinigay ng Panginoon Jesus sa kakontian ng mga tagapag-ani?

**<u>TALAKAYIN:</u>**
1. Ano ang pangkaraniwang nadarama natin sa mga taong parang walang mga pangarap sa buhay walang ginawa kundi magpasaway?
2. Paano mo ba masasabi na ang tao ay walang direksyon o talagang pasaway?
3. Nakadama ka na ba ng awa gaya ng nadama ng Panginoong Jesus para sa mga taong katulad nila? Ano ang ginawa mo?
4. Sinabi ng Panginoon na maraming aanihin pero konti lang ang mga mag-aani, nakikita mo ba na ito ay totoo? Ipaliwanag ang sagot.
5. Nakakatulong ka ba sa pagdami ng tagapag-ani? Bakit?

# NAGTAGUMPAY DAHIL SA TULONG NG DIYOS

**<u>TALATA:</u> 1SAMUEL 17:1-54**

**<u>LAYUNIN:</u>** Upang malaman ng mga mag-aaral na wala sa laki, galing, dami, o anumang kakayahan, kagamitan o sandata ang magbibigay ng kasiguruhan ng tagumpay maliban sa tulong ng Diyos.

**<u>SAGUTIN:</u>**

1. Nasaan sila noong mga panahon na ‘yon? Paano ang pwestuhan ng Israel at ng mga Pelistino?
2. Sino ang matinding kinakatakutan ng mga Israelita? Ano ang ginagawa nito sa mga Israelita?
3. Sino si David ano ang kanyang trabaho at bakit siya napunta doon?
4. Ano ang kanyang ginawa noong marinig niya ang mga sinasabi ni Goliath?
5. Ano ang sinabi niyang dahilan bakit niya sinigurado ang panalo niya kay Goliath?
6. Paano niya nilabanan si Goliath at ano ang naging resulta ng kanilang paghaharap?

**<u>TALAKAYIN:</u>**

1. Pangkaraniwan na sa mga labanan na ang laki, galing, dami, kakayahan, kagamitan o sandata ay ilan lamang sa pinanghahawakan ng mga nakikipaglaban, dahil sa kanilang palagay malaki ang maitutulong nito sa panalo. Sang-ayon ka ba dito? Bakit?
2. Kung ikaw ay makikipaglaban, halimbawa; sa boxing, ano ang sa tingin mo na dapat meron ka para masiguro mo ang panalo? Bakit?
3. Sa palagay mo mahirap ba ang sinuong ni David sa pakikipaglaban niya kay Goliath? Kung oo, anong bahagi ang nakikita mahirap? Bakit?
4. Hayagan na ipinagsisigawan ni David na ang Diyos ang tutulong sa kanya para manalo sa laban, nadarama mo rin ba ang ganong klaseng kumpyansa na meron si David sa Diyos?

# ANG MGA RESPONSIBILIDAD NG CRISTIANO

**TALATA: 1THESSALONIANS 5:12-22**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga Cristiano na ang kaligtasang tinanggap natin ay upang gampanan ang mga responsibilidad na iniwan sa atin ng Panginoon sa ikaaayos ng samahan nating mga magkakapatid na Cristiano habang hinihintay at niluluwalhati natin ang Diyos.

**SAGUTIN:**
1. Ano ang responsibilidad ng Cristiano ang binanggit ni Pablo na dapat nilang gampanan para sa mga tagapanguna?
2. Anu-ano ang dapat nating gawin sa bawat kapatiran? Ano naman para sa mga pasaway? Ano naman para sa mga pinanghihinaan ng loob? Ano naman para sa mga mahihina? Kanino natin dapat ibigay ang ang pagtitiyaga?
3. Ano ang dapat nating gawin sa mga gumagawa sa atin ng masama sa atin? Ano ang dapat palagi nating ginagawa?
4. Sa pagpapatuloy anu-ano pa ang mga nabanggit na dapat gawin ng mga Cristiano?
5. Ano ang kahulugan ng utos na ito, "Huwag na ninyong hadlangan ang Espiritu Santo."?

**TALAKAYIN:**
1. Makikita natin sa pag-uutos ni Pablo na ang kanyang mga inuutusan ay ang mga taong nagtataglay na ng Banal na Espiritu?
2. Sa palagay mo mahirap ba para sa mga taong nagtataglay ng Banal na Espiritu ang mga ganitong utos? Bakit?
3. Sa ilang binanggit na utos, ano para sa iyo ang nakikita mong pinakamahirap gawin? Ano naman ang pinakamadaling gawin? Bakit?
4. Nagtataglay ka na ba ng Banal na Espiritu? Bakit?
5. Sa palagay mo paano natin mahahadlangan ang Banal na Espiritu?

# ANG TAGUMPAY NA PAGLALAKBAY

**<u>TALATA:</u> EXODUS 33:1-6**

**<u>LAYUNIN:</u>** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang susi sa ating matagumpay na paglalakbay sa buhay na ito ay ang presensya mismo ng Diyos sa ating kalagitnaan.

**<u>SAGUTIN:</u>**

1. Ano ang sinabi ng Diyos kay Moses? Saan sila pinapapunta?
2. Saan galing ang mga Israelita nang mga panahon na iyon?
3. Ano ang sinabi ng Diyos na ikinalungkot ng mga nakarinig nito?
4. Ano ang ginawa ng mga tao matapos nilang marinig iyon?

**<u>TALAKAYIN:</u>**

1. Dahil sa katigasan ng ulo ng mga Israelita ay halos bitiwan na sila ng Diyos.
2. Ano ang nakikita mong dahilan bakit parang masyadong pasaway ang mga Israelita?
3. Ano naman ang masasabi mo sa pagmamahal ng Diyos sa kanila?
4. Ano ang gagawin mo kung nalaman mong halos bitiwan ka na ng Diyos dahil sa katigasan ng ulo mo?
5. Sang-ayon ka ba na ang Diyos ang talagang may kinalaman bakit sila naging matagumpay ngayon? Bakit?
6. Gusto mo bang maranasan ang ganon?

# IPAGDIWANG ANG MAGINHAWANG BUHAY MULA SA ATING TAGAPAGLIGTAS 1

**TALATA: ISAIAH 55:1-9**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mag-aaral na ang Diyos na ating Tagapagligtas ay laging nag-aanyaya upang tayo ay Kanyang pagpalain.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang paanyaya ng Diyos sa bawat isang nauuhaw at walang pera?
2. Ano ang kanyang tanong sa bawat isa tungkol sa kanilang pinaglalaanan ng kanilang salapi?
3. Ano ang gagawin ng Diyos kung makikinig at lalapit sa kanya?
4. Ano ang ginawa ng Diyos sa Kanyang bayan?
5. Ano ang dapat gawin ng mga taong gustong matagpuan ang Diyos?
6. Ano ang sinabi Niya tungkol sa Kanyang pag-iisip at kaparaanan?

**TALAKATIN:**

1. Mula sa mga talata ay mababasa natin na walang ibang hangad ang Diyos kundi ang kasaganahan at kaginhawahan ng bawat anak Niya. Bakit parang hindi pa rin ganon karami ang nakakaranas nito?
2. Ano ang nakikita mong dapat pa nilang gawin para maranasan nila ang buhay na hangad ng Diyos sa kanila?
3. Ano ang pagkaunawa mo sa talata anim, "Hanapin mo si Yahweh habang siya'y matatagpuan, manalangin ka sa kanya habang siya'y malapit pa."
4. Ano naman ang pagkaunawa mo talatang ito, "Ang aking kaisipa'y hindi ninyo kaisipan, ang inyong kaparaanan ay hindi ko kaparaanan."
5. Paano natin dapat tratuhin ang mga paanyaya ng Diyos gaya nito?

# IPAGDIWANG ANG MAGINHAWANG BUHAY MULA SA ATING TAGAPAGLIGTAS 2

**TALATA: ISAIAH 55:10-13**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral ang kapangyarihan ng saita ng Diyos na siyang pinagmumulan ng mga dahilan ng pagdiriwang sa maginhawang buhay mula sa ating Tagapagligtas.

**SAGUTIN:**

1. Anong batas ng kalikasan ang ginamit ni Isaiah upang ipakita ang kapangyarihan ng salita ng Diyos?
2. Ano ang nais iparating ng pahayag na ito, anong tungkol sa salita ng Diyos ang nais niyang bigyan ng malaking halaga?
3. Ayon sa mga binasa natin ano ang kayang gawin ng salita ng Diyos?
4. Ano ang sinisiguro sa atin ng Diyos tungkol sa mga salitang lumalabas sa Kanyang bibig?
5. Ano naman ang gagawin ng iba pang nilikha sa panahon ng pagdiriwang sa Panginoon?
6. Ano ang inaasahang mawawa panahon ng pagdiriwang sa Panginoon?

**TALAKAYIN:**

1. Lingid sa kaalaman ng karamihan, ang salita ng Diyos talaga ang pinagmumulan ng lahat ng magaganda at mabubuting bagay sa buhay ng tao.
2. Naniniwala ka ba na walang sasablay sa mga sinabi ng Diyos? Bakit?
3. Ano ang masasabi mo sa mga taong nagsasabing hindi totoo ang salita ng Diyos? Bakit?
4. Paano mo magagamit sa pagdiriwang ang mga salita ng Diyos?

# ANG PAGKATAO NI TIMOTEO SA MINISTERYO

**TALATA: ACTS 16:1-5**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral na ang mabuting pagkatao at ang pagpapasakop ay isang batayan ng pagtawag ng Panginoon para sa Kanyang gawain.

**SAGUTIN:**

1. Saan nanggaling si Pablo? Sino ang kanyang nakita doon habang siya ay nagmimisyon?
2. Sino si Timothy? Sino ang kanyang mga magulang?
3. Ano ang pagkatao ni Timothy sa Lystra at Iconnium?
4. Ano ang ginawa ni Pablo nang makita siya?
5. Ano ang pinagawa ni Pablo kay Timothy? Bakit?
6. Ano ang naging resulta nang kanilang pagsasama sa gawain.

**TALAKAYIN:**

1. Si Timothy ay kilala bilang isang tapat na lingkod ng Panginoon.
2. Ano ang masasabi mo sa pagkatao ni Timothy?
3. Madali bang gumawa ng magandang pagkatao? Bakit?
4. Ano ang nakikita mong dapat gawin ng isang tao upang makagawa siya ng mabuting pagkatao?
5. Kung pipili ka ba ng isang manggagawa titingnan mo ba ang kanyang pagkatao o ang kanyang dating sa mga tao sa paligid niya? Bakit?

# MAMUHAY NANG MAY KAPAHINGAHAN

**TALATA: HEBREWS 4:1-16**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral na ang tunay kapahingahan ng buhay ay makakamtan sa pamamagitan ng pananampalataya sa Diyos.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang iniutos sa bahaging ito? Bakit ito iniutos?
2. Ano ang nangyari sa mga Israelitang nakarinig ng salita ng Diyos, ayon sa mga talata?
3. Napakinabangan ba nila ang salita ng Diyos na kanilang narinig? Bakit?
4. Ano sana ang mapapala nila kung ginawa lang nila ang nararapat?
5. Ayon sa v.7 ano raw ang dapat nating gawin? Ano sa palagay mo ang kinalaman nito sa unang utos?
6. Ayon sa v.11 ano ang dapat nating gawin at paano natin ito dapat gawin?
7. Ayon sa v.16 ano ang dapat nating gawin? Ano ang mapapala natin ‘pag ginawa natin ito?

**TALAKAYIN:**

1. Ano s’yo ang kapahingahan? Magbigay ng iba’t ibang bahagi ng buhay na nangangailangan ng kapahingahan.
2. Gaano kahalaga ang kapahingahan sa bawat tao?
3. Ikaw, kung bibigyan ka ng chance magpahinga anong bahagi ng buhay mo ang gusto mong bigyan ng pahinga?
4. Naniniwala ka ba na ang tunay na kapahingahan ng buhay ay makakamit sa pananampalataya sa Diyos? Bakit?

# ANG PANALANGING KINALULUGDAN NG DIYOS

**TALATA: LUKE 18:9-14**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral na kinalulugdan ng Diyos ang mapagpakumbabang panalangin.

**SAGUTIN:**

1. Sino ang dalawang taong nagpunta sa templo para manalangin?
2. Ano ang Pariseo? Paano siya nanalangin?
3. Ano naman ang publikano? Paano siya nanalangin?
4. Ano ang sinabi ng Paninoong Jesus tungkol sa kanilang mga panalangin?
5. Anong katotohanan ang sinabi ng Panginoong Jesus.

**TALAKAYIN:**

1. Ano ang masasabi mo sa pagkatao ng Pariseo ayon sa kanyang panalangin? Mabuti ba siya o masama? Bakit?
2. Ano naman ang masasabi mo sa panalangin ng publikano?
3. Ano ang dahilan bakit hindi kinalugdan ng Diyos ang panalangin ng Pariseo?
4. Ano ang dahilan bakit kinalugdan ng Diyos ang panalangin ng publikano?
5. Kung may babaguhin ka sa iyong panalangin, ano ito at bakit?

# ANG KATANGGAP-TANGGAP NA PAGSAMBA

## TALATA: GENESIS 4:1-7 (HEBREWS 11:4)

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral na napakahalaga ng pananampalataya sa ating pagsamba at paglilingkod sa Diyos. Upang pagbutihin natin ang ating bawat gagawin sa gawain ng Panginoon.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang sinabi tungkol kay Abel ayon sa He.11:4
2. Ano ang masasabi mo tungkol kay Cain ayon din sa mga talata?
3. Ano ang kanilang ginawa? Ano ang inihandog ni Cain? Ano ang naman ang inihandog ni Abel?
4. Ano ang nangyari sa paghahandog nila? Bakit hindi tinanggap ng Diyos ang kay Cain at tinanggap naman Niya ang kay Abel? (He.11:4)
5. Anong ang ipinakitang maaaring gawin ng Diyos tungkol sa ating mga handog, pagsamba, paglilingkod o anumang pwede nating gawin para sa Kanya?

**TALAKAYIN:**

1. Madali bang maglingkod sa Diyos? Bakit?
2. Naiisip mo rin ba na pwedeng hindi tanggapin ng Diyos ang ilan o ang lahat ng ating mga ginawa o inihandog? Bakit?
3. Sa tingin mo bakit tinanggap ang handog ni Abel at hindi naman ang kay Cain?
4. May dahilan bang magalit si Cain dahil hindi siya tinanggap ng Diyos? Ano sana ang mas maganda n'yang ginawa? Bakit?
5. Sang-ayon ka ba na hindi pala basta-basta ang maghandog sa Diyos. Ano ang nakikita mong kailangan mong gawin para masiguro na laging maging katanggap-tanggap ang iyong pagsamba o paghahandog sa Kanya?

# HUMINGI, HUMANAP, KUMATOK

## TALATA: MATTHEW 7:7-11

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral na, ang Diyos ay ang ating Ama sa langit at lagi Niyang nais na tugunan ang ating mga pangangailangan.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang tatlong bagay na kailangan gawin ng isang taong gustong makatanggap ng tugon mula sa Diyos?
2. Ano ang paniniguro ng mga talata sa bawat humihingi, kumakatok at naghahanap?
3. Ano ang hindi gagawin ng Diyos sa Kanyang mga anak na humihingi ng tinapay? Isda?
4. Anong uring ama tayo kumpara sa Diyos bilang ama?

**TALAKAYIN:**

1. Sa mga talatang ating binasa, ano ang gustong ipakita ng Panginoong Jesus pagdating sa ating relasyon sa Diyos Ama?
2. Ano ang gusto Niyang gawin natin para makatanggap tayo ng mga gusto natin mula sa Diyos?
3. Paano mo isa-summarize ang “humingi, humanap at kumatok”?
4. Ano ang lagi nating dapat iniisip sa tuwing lalapit sa tayo sa Diyos para sa ating mga pangangailangan?
5. Kung sa iyong paglapit sa Diyos ay hindi mo natanggap ang iyong mga hinihiling, ano ang tamang dapat mong isipin?
6. Tama bang isipin na pinabayaan ka na ng Diyos? Bakit?

# ANG KATANGGAP-TANGGAP NA PAGSAMBA

## **TALATA: LEVITICUS 22:17-24**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral na ang paghahandog sa Diyos bilang pagsamba ay dapat laging kataggap-tanggap, walang anumang kapintasan o kapansanan at hindi patapon.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang sinabi ng Diyos kay Moses? Tungkol saan ang mga bagay na sianbi ng Diyos?
2. Sinu-sino ang maaring sumamba sa Diyos ayon sa mga talata?
3. Anu-ano ang mga uri ng handog ang nabanggit? Anu-ano ang mga hayop na maaaring ihandog?
4. Ano ang dapat pakasiguruhin ng mga naghahandog sa kanilang paghahandog? Anu-ano ang mga hindi maaaring ihandog.
5. Ano ang kayang gawin ng Diyos ‘pag hindi katanggap-tanggap ang ating mga handog?

**TALAKAYIN:**

1. Kung ikaw ay binigyan ng mga bagay na hindi mo talaga gusto, ano ang maaari mong gawin? Bakit?
2. Paano kung palaging ganito ang kanilang ibinibigay sa iyo matutuwa pa rin ba? Bakit?
3. Masasabi mo bang ganito pa rin ang Diyos sa pagtrato Niya sa ating mga handog o mga ginagawa para sa Kanya? Bakit?
4. Gaano ka katiyak na laging katanggap-tanggap ang iyong handog sa Diyos? Bakit?
5. Sa tingin mo paano laging magiging katanggap-tanggap ang ating mga handog sa Diyos?

# BABALA: MAG-INGAT SA MALING ARAL

## <u>TALATA:</u> 1TIMOTHY 1:3-7

**<u>LAYUNIN:</u>** Upang makita ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng tamang aral na dapat pinagkakaabalahan ng mga mananampalataya?

**<u>SAGUTIN:</u>**

1. Ano ang iniutos ni Pablo kay Timoteo?
2. Ano ang pangunahing dahilan bakit dapat niya itong gampanan?
3. Ano ang nagiging resulta ng mga maling aral sa loob ng iglesya?
4. Ano naman ang nagiging resulta ng mga pagtatalo-talo sa loob ng iglesya?
5. Ano ang sinabi niya tungkol sa kautusan? Para kanino ang ito?

**<u>TALAKAYIN:</u>**

1. Kung ikaw ang tatanungin, Sa palagay mo mahalaga ba ang tamang katuruan? Gaano?
2. Magbigay ng ilang katotohanan na maaaring idulot ng tamang katuruan sa buhay ng isang tao? (Ganon din naman ang maidudulot ng mali?
3. Ano ang nakikita mong dahilan bakit may mga maling turo na lumalaganap pa rin sa ating panahon?
4. Ano ang nakikita mo maari mong gawin para mawala o mabawasan ang maling turo at tagapagturo?
5. Masasabi mo ba na ang katuruang pinaniniwalaan mo tungkol sa kaligtasan ay tama? Paano ka nakatiyan kung, “Oo”? Kung “Hindi gusto mo bang malaman ang totoo?

# ANG PAGPAPATULOY SA TAMANG KATURUAN

**TALATA: 1TIMOTHY 1:12-20**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang pagparito ng Panginoong Jesus ay isa sa pinakamahalagang bahagi ng katuruang dapat nating pinanghahawakan at ipinapahayag.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang ipinagpapasalamat ni Pablo sa Panginoong Jesus? Bakit ganon na lang ang kanyang pasasalamat?
2. Ano ang ibinigay sa kanya ng Diyos kahit siya ay lapastangan?
3. Ano ang mariin niyang sinabi tungkol sa dahilan nang pagpunta ng Panginoong Jesus sa sanlibutan?
4. Ano ang nahayag sa pangyayaring ito?
5. Ano ang sinabi niya sa Diyos bilang papuri?
6. Ano ang iniutos niya kay Timoteo? Ano ang dahilan o halimbawa na ibinigay niya para pahalagahan ito ni Timoteo?

**TALAKAYIN:**

1. Si Pablo ay umamin na siya ay talamak na makasalanan at nagpasalamat dahil kinaawaan siya ng Diyos at ginamit pa sa Kanyang gawain. Masaya ka bang malaman ito? Bakit?
2. Paano mo masasabi na ang isang katuruan ay pinahahalagahan ng isang tagapagturo o ng isang grupo?
3. Binanggit muli ni Pablo ang dahilan ng pagparito ng Panginoong Jesus sa sanlibutan? Sa tingin mo dapat pa rin bang bigyan ng malaking halaga sa ating panahon ang dahilan ng Pagparito ng Panginoong Jesus? Bakit?
4. Nakikita mo bang ganito pa rin tayo magpahalaga sa dahilan ng pagparito ng Panginoong Jesus? Bakit?
5. Kung may pagbibilinan si Pablo ng mahahalagang katuruan, sa ating gawain makakakita kaya siya ng kagaya ni Timoteo sa ating cell group? Ikaw ba ito? Bakit?

# ANG KAHALAGAHAN NG PANALANGIN

**TALATA: 1TIMOTHY 2:1-8**

**LAYUNIN:** Upang muling makita ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng panalangin sa buhay ng mga mananampalataya ganon din ang kaligtasan ng mga tao.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang nais ni Pablo na unahin ng mga mananampalataya?
2. Ano ang kanyang dahilan bakit ito dapat gawin?
3. Ano ‘yong itinuturing niyang katanggap-tanggap sa Diyos.
4. Ano ang sinabi niya tungkol sa Diyos at Tagapagligtas?
5. Ano ang sinabi ni Pablo tungkol sa kanyang sarili ayon sa mga katotohanang ito?

**TALAKAYIN:**

1. Ang panalangin ay isa sa mga pangkaraniwang gawain ng mga mananampalataya, sa tingin mo ba mahalaga ito. Bakit?
2. Ayon sa mga talatang ating binasa sinabi diyan na matatahimik ang buhay kapag ipinanalangin natin ang mga namumuno sa atin, sa tingin mo paano ito mangyayari?
3. May isa pang sinabi si Pablo tungkol naman sa katanggap-tanggap sa paningin ng Diyos? Ano ito at bakit ito naging katangap-tanggap?
4. Ang manalangin at ang kaligtasan ng mga tao ay parehong mahalaga sa Diyos, ano dito ang mas nagagawa mo? Bakit?

# ANG PAPEL NA DAPAT GAMPANAN NG MGA BABAE

**TALATA: 1TIMOTHY 2:9-15**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng bawat isang kasapi na may itinalagang gawain ang Diyos sa bawat isa, na kung malalaman at magagawa lang ito ng kinauukulan ay mas magiging epektibo siya at magiging malaki ang pakinabang ng nakararami.

**SAGUTIN:**

1. Ano naman ang nais ni Pablo para sa mga kababaihan?
2. Ano ang hindi nila dapat gawin sa gawain?
3. Ano ang dahilan na ibinigay ni Pablo sa kanila para sa kautusang ito?
4. Saan mas magiging kagamit-gamit ang mga babae ayon sa mga talata?

**TALAKAYIN:**

1. Isang malaking usapin ang tungkol sa pangunguna ng mga babae sa loob ng iglesiya, kaya dapat lalo tayong maging bukas sa salita ng Diyos para hindi tayo maapektuhan ng maling pangunawa. Malinaw na may limitasyon ang magiging papel ng babae sa loob ng iglesiya ngunit malinaw din na hindi sila pinagbabawalang gawin ang anumang gawain na maaaring gawin ng mga lalaki basta hindi ito lalabag sa salita ng Diyos?
2. Ano ang nakikita mong malaking kaibahan ng pangunguna ng babae sa lalaki pagdating sa iglesiya?
3. Bilang isang babae, problema ba sa iyo ang pagpapasakop sa lalaki? Bakit?
4. Bilang isang lalaki, tanggap mo ba na babae ang nangunguna sa iyo? Bakit?
5. Bilang babae, ano ang maipapayo mo sa mga lalaki para hindi sila masaklawan ng mga babae?
6. Bilang lalaki, ano ang maipapayo mo sa mga kababaihan para hindi lumabas na sinasaklawan nila ang kapangyarihan mga lalaki?

# ANG PAGTAWAG NG PASTOR AT MGA TAGAPAGLINGKOD

**TALATA: 1TIMOTHY 3:1-13**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral ang mga alituntunin bilang isang pastor at tagapaglingkod sa church.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang panimulang pananalita ni Pablo?
2. Ano ang sinabi ni Pablo sa mga nagnanais maging pastor at diakono sa church? Anong uring gawain ito?
3. Anu-ano ang binanggit niyang mga katangian na dapat taglayin ng mga nagnanais maging pastor at ano naman sa mga nagnanais maging diakono?
4. Saan ikinumpara ni Pablo ang pamamahala ng church? Anong prinsipyo ang binanggit niya tungkol dito?

**TALAKAYIN:**

1. Sa tingin mo madali bang maging lingkod ng Diyos sa church? Bakit?
2. Sa palagay mo bakit itinuring itong mabuting gawain ni Pablo?
3. Magbigay ng isa sa mga katangian na ibinigay ni Pablo ang masasabi mong napakahalaga. Bakit?
4. Kung ikaw ay tatawagin ng Diyos na maging lingkod ng Niya sa church, bilang pastor o diakono payag ka ba? Bakit?

# ANG PUSO NG ATING MISSION

## TALATA: 2TIMOTHY 3:14-16

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral na salita ng Diyos ang pinakamahalagang batayan natin sa lahat ng bagay mula pagkakakilala at pagkakaroon ng pananampalataya sa Panginoong Jesus hanggang sa pagpapatuloy sa Kanyang mga sinimulan.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang payo ni Pablo kay Timoteo sa tagpong ito?
2. Ano ang kanyang tinutukoy na kasulatan?
3. Ano ang napala ni Timoteo sa kasulatang ito?
4. Saan daw galing ang kasulatan?
5. Anu-ano pa ang kayang gawin ng kasulatan sa buhay ng sinumang susunod dito?

**TALAKAYIN:**

1. Nakita natin kung gaano kahalaga ang salita ng Diyos sa buhay at pananampalataya ng mga anak ng Diyos.
2. Ginagawa mo rin bang magsiyasat sa salita ng Diyos gaya ng ginagawa ng mga mananampalataya sa Berea? Paano at bakit?
3. Sa palagay mo ba ginagawa pa rin ito ng nakararaming mananampalataya sa ating panahon? Bakit? Kung hindi, ano ang nakikita mong dahilan?
4. Tingin mo ba mahalaga na gawin pa rin natin ang ganon? Bakit?
5. Anong verse ang nangusap sa iyo, bakit ka tuluyan nang nanampalataya sa Panginoong Jesus? Ano ang naging mensahe nito sa iyo?

# ANG KAHALAGAHAN NG PAGKAKAISA

**TALATA: EPHESIANS 4:1-16**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mananampalataya ang kahalagahan ng pagkakaisa at mapahalagahan ito ayon sa nais ng Panginoong Jesus.

**SAGUTIN**

1. Ano ang hiniling ni Pablo na gawin ng mga sinulatan niya?
2. Ano ang nais niyang panatilihin? Ano ang pagkakaisa?
3. Anu-anong mga bagay ang dapat nating pagkaisahan?
4. Anu-anong mga pag-uugali ang dapat nilang ipamuhay para mapanatili ang pagkakaisa?

**TALAKAYIN**

1. Mahalaga ba ang pagkakaisa sa isang samahan? Bakit?
2. Sa mga nabanggit na pamumuhay, ibigay ang kahalagahan ng bawat isa pagpapanatili ng pagkakaisa?
3. Alin sa mga ‘yan ang nakikita mong madalas nakakaligtaang gawin? Bakit?
4. Sa iyong obserbasyon at karanasan, masasabi mo bang nagkakaisa ang mga mananampalataya sa buong mundo? Bakit?
5. Ano ang nakikita mong kailangan mong gawin upang mapanatili ang pagkakaisa sa ating samahan. Bakit?

# MAGPAKALALIM KAY CRISTO JESUS

## **TALATA: COLOSSIANS 2:6-10**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng malalim na pagkakilala at malalim na pamumuhay kay Jesus ng mga mananampalataya.

**SAGUTIN:**

1. Sino ang pinatutunguhan ng mensaheng ito?
2. Ano ang dapat nilang ginagawa? Ano ang prosesong pinagdadaanan nila?
3. Ano na ang kanilang kalagayan?
4. Ano ang kanilang pangkaraniwang ginagawa?
5. Ano ang dapat nilang iwasan?
6. Ano ang meron tao dahil kay Jesus?

**TALAKAYIN:**

1. Ano ang pagkaunawa mo sa salitang, “Alagain”? Magbigay ng isang katangian ng mga alagain.
2. Nasubukan n’yo na bang mag-alaga ng sanggol o nakakita na ba kayo nang nag-aalaga ng sanggol?
3. Ano sa tingin n’yo ang mahirap na part sa pag-aalaga? Bakit?
4. Ano naman sa tinggin mo ang pinakamasaya? Bakit?
5. Kung susukatin mo ang pamumuhay mo sa Panginoon saan ka nabibilang? “Tagapag-alaga” o “Alagain”

# ANG TATAK NG TUNAY NA TAGAPAGTURO

**TALATA: 1TIMOTHY 4:6-16**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang tunay na tagapagturo ay nagtuturo ng mga katuruan ng Salita ng Diyos at naglalaan ng panahon para sa pagsasanay na maging maka-Diyos.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang katangiang binanggit ni Pablo para masabing ang tao ay lingkod ng Diyos?
2. Ano ang iniiwasan niyang pasukin? Kanino iyon nababagay?
3. Saan daw dapat maglaan ng panahon?
4. Ano ang kaibahan nito sa pagpapalakas lang ng katawan?
5. Saan natin dapat ituon ang ating paningin?
6. Ano ang nais ni Pablo ituro sa mfa mananampalataya, hanggang sa siya ay bumalik?
7. Ano ang hindi dapat kaligtaan?

**TALAKAYIN:**

1. Para sa iyo nakikita mo bang mahalaga ang mga tagapagturo? Bakit?
2. Ano ang gusto mong makita sa isang tagapagturo?
3. Kung ikaw ang tatanungin malalaman mo ba kung ang isang tagapagturo ay mali o tama sa kanyang mga itinuturo? Paano?
4. Kaya mo bang sawayin ang isang talagapagturo kung mali na ang kanyang itinuturo? Bakit?

# ANG TAMANG ASAL SA PAGBIBIGAY

**TALATA: 2CORINTHIANS 9-6-15**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na hindi lamang sapat ang basta makapagkaloob sa gawain ng Panginoon, kundi dapat ito ay pinaghahandaan at kailangang taos sa puso at may kagalakan.

**SAGUTIN:**

1. Anong "NATURAL LAW" ipinahayag ni Pablo para bigyang linaw ang aral na gusto niyang ituro?
2. Paano daw ang tamang paraan ng pagkakaloob? v.7
3. Ano ang kakayahan ng Diyos ang ipinahayag dito? v.8-11
4. Ano ang gagawin ng Diyos sa atin kapag ginawa natin ito? Bakit ito gagawin ng Diyos? v.11

**TALAKAYIN:**

1. Ano ang pagkaunawa mo 'pag sinabing "NATURAL LAW"? Magbigay ng isang halimbawa ng "NATURAL LAW"
2. Ano ang idea mo sa "CHEERFUL GIVER O GIVING"? Kung may isang tao ang magtatanong sa iyo, ANO BA ANG GAGAWIN KO PARA MAGING CHEERFUL GIVER AKO?" Ano ang ipapayo mo sa kanya?
3. Ano naman ang idea mo sa prinsipyo ng "SOWING AND REAPING"? Naniniwala ka ba na mahalaga ito sa usapin ng pagkakaloob? Bakit?
4. Mabuti ba ang mag-ani nang hindi nagtatanim? Bakit?
5. Kung ikaw ang tatanungin, masasabi mo bang ikaw isang "CHEERFUL GIVER"? Bakit?

# ANG TAMANG PANGANGALAGA SA MGA BALO

**TALATA: 1TIMOTHY 5:1-16**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng tamang pangangalaga sa mga balo.

**SAGUTIN:**

1. Paano daw dapat tratuhin ang mga matatandang lalaki sa iglesya? Paano naman ang sa mga kabataang lalaki? Ang sa mga matatandang babae? At ang sa mga kabataang babae?
2. Ano ang dapat gawin sa mga balo? Sino ang unang dapat mangalaga sa kanila?
3. Ano ang ibinigay na dahilan ni Pablo bakit ito dapat gawin?
4. Ano ang dapat nilang ipaalala sa mga balo na dapat nilang gawin?
5. Ano ang mga pamantayan na ibinigay ni Pablo sa mga balo na dapat tulungan?
6. Ano ang sinabi ni Pablo sa mga taong hindi tumutulong sa pangangailangan ng kanilang pamilya?
7. Ano ang payo niya sa mga balong bata ang edad?

**TALAKAYIN:**

1. Ano ang balo? Lahat ba ng balo dapat tulungan? Sinong balo ang tinutukoy ni Pablo na dapat tulungan?
2. Bakit sa tingin mo ganon na lang ang kahalagahang ibinibigay ni Pablo sa pangangalaga sa mga balo?
3. Kung titingnan ang kasalukuyan, masasabi mo ba na ganon pa rin ang pagpapahalaga ng mga Cristiano sa mga balo? Bakit?
4. Sang-ayon ka ba dito: Mas epektibo ang mga balo sa paglilingkod kaysa sa mga hindi pa balo? Bakit?

# ANG DIYOS NA NAGKAKALOOB

**<u>TALATA:</u> GENESIS 12:1-3, 22:1-19**

**<u>LAYUNIN:</u>** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang Diyos ay Diyos na nagkakaloob. Walang pangangailangan ang hindi niya kayang tugunan.

**<u>SAGUTIN:</u>**
1. Sino ang kumausap kay Abraham?
2. Ano ang ipinagawa sa kanya?
3. Ano ang planong gawin sa kanya ni Yahweh?

**<u>TALAKAYIN:</u>**
1. Kung ikaw si Abraham na tumanggap ng ganitong mensahe ano ang madarama mo? Bakit?
2. Sa palagay mo bakit hindi na nagtanong ng detalye si Abraham?
3. Ano ang masasabi mo sa pinagagawa ng Diyos kay Abraham? Madali o mahirap, bakit?
4. Paano pinatunayan ng Diyos na siya ay Diyos na nagkakaloob?
5. Ganon din ba ang pagkakilala mo sa Kanya? Isalaysay ang karanasan kung meron.

# ANG RESPONSIBILIDAD NG MGA MATATANDA AT ALIPIN

**TALATA: 1TIMOTHY 5:17-6:2**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang bawat isa ay may kani-kaniyang responsibilidad na gagampanan sa loob at labas ng church.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang dapat matanggap ng mga matatanda na gumaganap ng maayos sa kanilang tungkulin?
2. Ano ang proseso nang pagdidisiplina sa kanila sakaling dapat itong gawin?
3. Ano ang ibinilin ni Pablo kay Timoteo na dapat niyang inumin bilang gamot sa kanyang karamdaman?
4. Ano naman ang bilin niya sa mga alipin? Paano sila dapat maglingkod?

**TALAKAYIN:**

1. Naniniwala ka ba na ang kabayaran sa mga naglilingkod sa church ay kailangan at mahalaga? Bakit?
2. Bakit sa tingin mo marami pa ring mga manggagawa ang naglilingkod nang walang tinatanggap na bayad sa kanilang paglilingkod?
3. Ano ang nakikita mong kaibahan ng dalawang alipin? Naglilingkod dahil sa sweldo at naglilingkod dahil sa Panginoon?

# ANG SUSI SA TAGUMPAY

**TALATA: JOSHUA 1:1-9**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral na ang kahalagahan ng salita ng Diyos sa pagtatagumpay at pag-unlad.

**SAGUTIN:**

1. Sino ang nagsasalita at sino ang kinakausap?
2. Ano ang mensahe ng Dios kay Joshua?
3. Ano ang sitwasyon noong mga panahon na sinabi ito kay Joshua?
4. Anu-ano ang susi sa tagumpay ayon sa mga talata?

**TALAKAYIN:**

1. Dumating ka na ba sa sitwasyon na kinailangan mong gampanan ang isang mabigat na tungkulin? Isalaysay.
2. Bakit sa paanong at paraan ito sinabi ng Diyos kay Joshua?
3. Masasabi mo ba na epektibo ang ibinigay na paraan ng Dios para tayo ay magtagumpay? Bakit?
4. Nasubukan mo na bang gawin ang ipinagagawa ng Diyos kay Joshua? Paano at ano ang naging resulta nito?
5. Isaulo ang Joshua 1:8

# PANGANIB NG PANGANGALAKAL NG MINISTERYO

**TALATA: 1TIMOTHY 6:3-10**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na mapanganib ang making sa mga maling tagapagturo?

**SAGUTIN:**

1. Ano ang ipinapahayag ng mga taong tinutukoy ni Pablo sa mga talata? Ano ang basehan para malaman kung sila ay nasa maling side?
2. Ano ang tingin sa kanila ni Pablo? Ano ang hilig nila?
3. Ano ang tingin ng mga ito sa pagiging maka-Diyos, ano ang tingin ni Pablo sa pagiging maka-Diyos?
4. Ano ang dahilan bakit dapat makuntento?
5. Ano ang madalas kinahahantungan ng mga taong nais yumaman sa ganitong paraan?
6. Ano ang masama tungkol sa pera? Ano ang kahahantungan ng mga umiibig sa pera?

**TALAKAYIN:**

1. Umikot ang mga talata sa pagpapaalala kay Timoteo tungkol sa mga tagapagturo na ginagawang kalakal ang pananampalataya.
2. Naniniwala ka ba na may mga tagapagturo ng salita ng Diyos ang nagpapayaman lang? Bakit?
3. Para sa iyo ano ang kahulugan ng, “Nagpapayaman lang sa gawain?”
4. May paraan pa ba para mapigilan sila? Kung bibigyan ka ng pagkakataon, sasawayin mo ba sila ‘pag nakita mo? Bakit?
5. Sa palagay mo bakit nagiging masama ang mga mangagagawa sa bahaging ito ng salita ng Diyos?

# ANG PAGPAPALA NI ABRAHAM

## **TALATA:** GENESIS 12:1-3

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang Diyos ay Siyang nagkakaloob ng masaganang pagpapala. Walang pangangailangan ang hindi niya kayang tugunan.

**SAGUTIN:**

1. Sino si Abram? Sino ang kumausap sa kanya?
2. Ano ang planong gawin sa kanya ni Yahweh?
3. Ano ang mga sinabi sa kanya na mangyayari?
4. Ano ang ipinagawa sa kanya?

**TALAKAYIN:**

1. Kung ikaw si Abraham at narinig mo ito, ano ang una mong maiisip ang malaking pagpapala na matatanggap o ang malaking hirap na kakaharapin? Bakit?
2. Sa palagay mo bakit sumama si Sarah at si Lot kay Abraham? Ano ang ipinapakita sa pagkatao ni Abraham sa pangyayaring ito?
3. Ano ang masasabi mo sa pinagagawa ng Diyos kay Abraham? Madali o mahirap, bakit?
4. Naniniwala ka ba na ang Diyos ay Diyos ng pagpapala?
5. Ano ang isasagot mo sa mga taong magsasabi sa iyo ng ganito? “Kung nagpapala ang Diyos mo bakit mahirap ka pa rin?”

# ANG KATANGIAN NG LINGKOD NG DIYOS

**TALATA: 1TIMOTHY 6:3-10**

**LAYUNIN:** Upang makita ng sinumang nais maglingkod sa Diyos ang mga katangiang dapat niyang taglayin sa kanyang pagkatao upang lalong maging kagamt-gamit sa Diyos.

**SAGUTIN:**

1. Anong katuruan ang dapat itinuturo ng mga tunay na lingkod ng Diyos?
2. Ano ang pagkilala ng Diyos sa mga nagtuturo ng ibang katuruan at 'di sang-ayon sa tunay na salita ng Panginoon?
3. Ano ang hilig nila ayon sa mga talatang ating pinag-aaralan?
4. Ano raw ang pakinabang ng mga taong nagtuturo ng salita ng Diyos?
5. Paano ipinakita ni Pablo ang kahalagahan ng pagiging kuntento?
6. Ano ang maaaring kahantungan ng mga nais yumaman?
7. Ano ang sinabi niya tungkol sa kasamaan na may kinalaman sa kayamanan?

**TALAKAYIN:**

1. Ano ang pangunahing katungkulan ng mga tagapagturo ng salita ng Diyos?
2. Kailan dumarating ang mga pagdidebate ayon sa ating binasa?
3. Ano ang masasabi mo sa mga taong nagpapayaman sa pamamagitan ng paglilingkod sa Diyos? Bakit?
4. Masama bang yumaman? Bakit?
5. Kailan nagiging masama ang pagyaman o ang kayamanan?
6. Mahalaga ba ang kakuntentuhan? Bakit?

# ANG BIYAYANG KALIGTASAN

**TALATA: EPHESIANS 2:1-10**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng biyaya ng Diyos. Walang anumang kabutihang mula sa kanya ang kailangan para siya ay maligtas sa tiyak na kapahamakan at matatanggap niya ito sa pamamagitan din lamang ng pananampalataya. Inaasahan na ang kaligtasang ito ay magreresulta sa mabubuting gawa.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang dating kalagayan ng mga taong sinulatan ni Pablo?
2. Ano ang dahilan bakit sila nagkaganon at paano sila namumuhay noong mga panahon na iyon?
3. Ano ang damdamin sa kanila ng Diyos noong mga panahon na iyon?
4. Ano ang ginawa ng Diyos sa kabila ng ganitong kalagayan ng mga tao?
5. Paano daw maliligtas ang mga tao sa kanyang masamang kalagayan? (Ipaliwanag ang ibig sabihin ng Kaligtasan, Biyaya ng Diyos at ang Pananampalataya)
6. Ano ang layuning pinili ng Diyos para sa atin noong una pa man?

**TALAKAYIN:**

1. Naisip mo na ba noon na may mga taong patay na, pero gumagawa pa ng mga gawain ng isang buhay na tao? Naisip mo ba na isa ka rin sa kanila?
2. Anong mga paraan ang pangkaraniwang alam ng mga tao para siya ay maligtas? Pwede ba ang paraan ng tao kung maganda naman? Bakit?
3. Bakit parang mas gusto pa ng tao ang kanyang paraan kaysa sa paraan ng Diyos?
4. Masasabi mo bang ligtas ka na? Anong paraan ang ginawa mo para maligtas ka?
5. Ano ang naidulot ng kaligtasang ito sa iyo maliban sa ikaw ay makakapunta sa langit sakaling kunin ka na ng Diyos?

# ANG KATOTOHANAN AT ANG KAYAMANAN

**TALATA: 1TIMOTEO 6:17-21**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang higit pa ring mahalaga ang katotohanan kumpara sa kayamanan.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang ipinagagagawa kay Timoteo sa bahaging ito? Ano ang kanyang dapat ituro?
2. Ano ang sinabing katotohanan tungkol sa Diyos?
3. Ano ang sinabing dahilan bakit tayo binibigyan ng Diyos ng lahat ng bagay?
4. Ano ang isang paraan ang ibinigay ni Pablo kay Timoteo para makapag-impok ng kayamanan sa langit?
5. Ano ang huling habilin ni Pablo kay Timoteo? Ano ang pagkaunawa mo 'pag sinabing, "…usapang walang kabuluhan at ang baluktot na pangangatuwiran…"?
6. Ano ang mangyayari sa mga taong nagmamarunong?

**TALAKAYIN:**

1. Ang usapin tungkol sa pananampalataya at sa kayamanan ay madalas nakikita ng marami na magkasalungat? Bakit sa palagay nangyayari ang ganitong pananaw?
2. Ano ang pagkaunawa mo sa sinabing ito ni Pablo, "…huwag silang umasa sa kayamanang lumilipas, kundi sa Diyos na masaganang nagbibigay ng lahat ng ating pangangailangan…"?
3. Ano ang nakikita mong paraan para makaiwas sa mga usaping walang kabuluhan?
4. Naniniwala ka ba na marami pa ring mananampalataya ang may baluktot na pangangatuwiran? Bakit ito nangyayari?
5. Ano ang gagawin mo sa isang tao na may baluktot na pangangatuwiran, sakaling makausap mo sila? Bakit?

# PANININDIGAN SA KATOTOHANAN

**TALATA:** **TITUS 1:1-4**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mananampalataya na kailangan nilang maging matibay sa kanilang pananampalataya at magkaroon ng malawak na kaalaman sa katotohanang makapagpalapit sa kanila sa Diyos.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang pakilala ni Pablo sa kanyang sarili?
2. Ano ang kanyang tungkuling gagampanan ayon sa pagkasugo sa kanya ng Diyos?
3. Sino ang Diyos ayon sa mga ipinahayag ni Pablo?
4. Sino ang kanyang sinulatan at sino ito sa buhay ni Pablo?

**TALAKAYIN:**

1. Paano mo masasabi na matibay na ang pananampalataya ng isang tao?
2. Mahalaga ba ang may matibay na pananampalataya? Bakit?
3. Sa palagay mo paano mapapatibay ang ating pananampalataya at mapapalawak ang ating kaalaman tungkol sa katotohanang makakapagpalapit sa Diyos?
4. Wala na si Pablo ngayon sa ating panahon, pero narito ang salita ng Diyos para masundan natin ang iniuutos nito, kung ikaw si Pablo paano mo ito gagawin? Kung ikaw naman si Tito, paano mo ito gagawin?
5. Ano na ang kalagayan ng iyong pananampalataya, may tibay na bang aasahan sa iyo? Isalaysay.

# ANG PAG-IIWAN NG MAGANDANG PATOTOO

**TALATA: MATTHEW 26:6-13**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mananampalataya na ang isang simpleng paraan nang pagpaparangal sa Panginoong Jesus ay magdudulot ng isang malaking gantimpala sa Panginoong Jesus mismo.

**SAGUTIN:**

1. Nasaan noon ang Panginoong Jesus?
2. Sino ang lumapit sa Kanya at ano ang ginawa nito?
3. Ano ang nadama ng mga alagad? Ano ang dahilan nito?
4. Ano ang paliwanag ng Panginoong Jesus sa pangyayaring ito?
5. Ano ang sinabi ng Panginoong Jesus na gantimpala sa ginawang ito ng babae?

**TALAKAYIN:**

1. Ano ang naiisip mong dahilan bakit ginawa ito ng babae sa Panginoong Jesus?
2. Ayon sa ating binasa ibinuhos sa Panginoong Jesus ang napakamahal na pabango, sa palagay mo ba madali lang ang kanyang ginawa? Bakit?
3. Bakit sa tingin mo hindi siya nanghinayang sa napakamahal na pabango na ibinuhos lang sa ulo ng Panginoong Jesus, na ayon pa nga sa mga alagad ay isang pag-aaksaya?
4. Gaano kahalaga ang sinabi ng Panginoong Jesus sa babae bilang parangal sa kanyang ginawa? Isalaysay.

# KALOOB NA WALANG KAPANTAY!

## TALATA: 2CORINTHIANS 9-6-15

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na hindi lamang sapat ang basta makapagkaloob sa gawain ng Panginoon, kundi dapat ito ay pinaghahandaan at kailangang taos sa puso at may kagalakan. Ganon din, dapat malaman ng bawat isang nagkakaloob na ang Diyos talaga ang nakapagbigay ng kaloob na walang kapantay.

**SAGUTIN:**

1. Anong “NATURAL LAW” ipinahayag ni Pablo para bigyang linaw ang aral na gusto niyang ituro?
2. Paano daw ang tamang paraan ng pagkakaloob? v.7
3. Ano ang kakayahan ng Diyos ang ipinahayag dito? v.8-11
4. Ano ang gagawin ng Diyos sa atin kapag ginawa natin ito? Bakit ito gagawin ng Diyos? v.11
5. Ano ang sinabi ni Pablo v.15 na dapat nating malaman?

**TALAKAYIN:**

1. Ano ang pagkaunawa mo ‘pag sinabing “NATURAL LAW”? Magbigay ng isang halimbawa ng “NATURAL LAW”
2. Ano ang idea mo sa “CHEERFUL GIVER O GIVING”? Kung may isang tao ang magtatanong sa iyo, ANO BA ANG GAGAWIN KO PARA MAGING CHEERFUL GIVER AKO?” Ano ang ipapayo mo sa kanya?
3. Ano naman ang idea mo sa prinsipyo ng “SOWING AND REAPING”? Naniniwala ka ba na mahalaga ito sa usapin ng pagkakaloob? Bakit?
4. Mabuti ba ang mag-ani nang hindi nagtatanim? Bakit?
5. Kung ikaw ang tatanungin, masasabi mo bang ikaw isang “CHEERFUL GIVER”? Bakit?
6. Natanggap mo na ba ang kaloob ng Diyos na walang kapantay? Kung Oo, paano mo ito pinasasalamatan? Kung hindi naman, bakit?

# PAGKILALA SA MGA TAGAPANGUNA

**TALATA: TITUS 1:5-9**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na mahalaga na magbigay ng tama at nararapat na pagkilala dahil sila ang itinalaga ng Diyos para pangunahan ang gawain.

**SAGUTIN:**

1. Saan iniwan ni Pablo si Tito? Bakit siya iniwan doon?
2. Sino ang mga pipiliin niya?
3. Anu-ano ang dapat niyang taglay na katangian?

**TALAKAYIN:**

1. Kailangan ni Tito na maiwan sa Crete para ayusin ang gawain, sa tingin mo ba madali ang kanyang gagawin? Bakit?
2. Ano ang pagkaunawa mo sa sinabing, "pumili ng taong walang kapintasan?"
3. Magbanggit ng isang katangian na sinabi ni Pablo, tapos sabihin kung bakit mahalaga iyon para iyo bilang katangian ng isang tagapangasiwa sa church.
4. Masasabi mo bang mahirap makakita nang ganong tao? Kung Oo bakit? Kung Hindi bakit?
5. Kung ikaw, sa tingin mo ba pasado ka sa mga katangiang binigay? Bakit?

# NILIKHA NG DIYOS ANG TAO

**<u>TALATA:</u> GEN.1:26-31**

**<u>Layunin:</u>** Upang malaman ng mag-aaral kung gaano kahalaga ang malaman na ang tao ay nilikha ng Diyos, ayon sa Kanyang wangis at anyo.

**<u>SAGUTIN:</u>**

1. Sino ang lumikha sa tao? Paano Niya sila nilikha? Ano ang dahilan bakit Niya sila nilikha?
2. Ano ang ginawa ng Diyos matapos Niyang likhain ang tao? Ano ang sinabi Niya sa kanila?
3. Ano ang talagang pagkain nila?
4. Ano ang sinabi ng Diyos matapos ang Kanyang paglikha?

**<u>TALAKAYIN:</u>**

1. Ano ang nakikita mong kahalagahan na malaman mo na nilikha ka ng Diyos ayon sa Kanyang wangis at anyo?
2. Kung ikaw ang manglilikha ano ang gusto mong makita o gawin ng mga nilikha mo sa iyo? Bakit?
3. Ano ang alam mong gusto ng Diyos sa iyo bilang Kanyang nilikha?
4. Sa tingin mo ba nasa ayos o nasa tamang direksyon ka ba para maabot ang nais ng Diyos sa pagkalikha s’yo?

# SA PUSO TUMITINGIN ANG DIYOS

**TALATA: 1SAMUEL 16:4-13**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na walang ibang tinitingnan ang Diyos kundi ang puso ng tao.

**SAGUTIN:**

1. Saan pinapunta ng Diyos si Samuel? Bakit siya pinapunta doon?
2. Sino ang pinuntahan niya doon?
3. Sino ang unang anak ni Jesse ang iniharap sa kanya?
4. Ano ang nasa inisip ni Samuel nang makita niya ito?
5. Ano ang sabi ni Yahweh sa inisip na ito ni Samuel?
6. Matapos nito sino ang ipinakita kay Samuel?
7. Ano ang sumunod na nangyari?

**TALAKAYIN:**

1. Pangkaraniwan na sa atin ang tumingin sa panglabas na katangian o kapintasan ng tao, ngunit iba ang Diyos dahil sa puso siya tumitingin?
2. Anu-ano ang maituturing na panlabas na tinitingnan ng tao? Ano naman ang ibig sabihin ng puso dito?
3. Dahil sa katotohanang ito paano ka na dapat mamuhay sa harap ng Diyos?
4. Paano ka naman dapat tumingin sa mga tao?
5. Ano ang nakikita mong malaking magbabago sa buhay mo ngayong nalaman mo ang katotohanang ito? Bakit?

# SAWAYIN ANG MGA TAGAPAGTURO NG MALI

**<u>TALATA:</u> TITUS 1:10-16**

**<u>LAYUNIN:</u>** Upang malaman ng mga mag-aaral na Cristiano ang panganib ng mga maling tagapagturo, na sila ay dapat magbantay at manaway upang hindi lumaganap ang mga maling katuruan na sumisira sa pamumuhay ng mga mananampalataya.

**<u>SAGUTIN:</u>**

1. Ano ang inaalala ni Pablo na kinakaharap ng iglesiya, dahilan para pagbilinan niya ng mahigpit si Tito?
2. Anong klaseng mga tao ang mga taga-Creta ayon pa kay Pablo?
3. Ano ang dapat gawin ni Tito sa kanila? Ano ang dapat niyang sabihin sa mga tao?
4. Anong pananaw ng mga taong may malinis na budhi at pag-iisip?
5. Ano ang kulang sa mga taga-Creta na nagsasabi na kilala nila ang Diyos?
6. Ano ang tingin ni Pablo sa kanila?

**<u>TALAKAYIN:</u>**

1. Sa tingin mo malaki bang problema ang mga maling tagapagturo sa loob ng iglesiya? Bakit?
2. Madali ba silang sawayin o patigilin? Bakit?
3. Kung ikaw ay isa sa mga naroon at nakapakinig ka sa kanila ano ang gagawin mo? Bakit?
4. Alam mo ba ang gagawin kung saka-sakali? Kung Oo, magbigay ng isang bagay na maaari mong gawin?
5. Ano ang nakikita mong pinaka magandang gawin para hindi tayo matangay ng mga maling aral?

# ANG KAHALAGAHAN NG PAGBIBIGAY

## TALATA: 1TIMOTHY 6:17-20

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mag-aaral ang kahalagahan ng pagbibigay sa gawain ng Panginoon.

**SAGUTIN:**
1. Ano ang nais ni Pablong gawin ni Timoteo sa mga mayayaman?
2. Ano ang gusto niyang ituro sa kanila?
3. Ano ang iba pang nangyayari sa habang tayo ay nagbibigay at tumutulong sa kapwa?
4. Ano ang panghuling bilin ni Pablo kay Timoteo?

**TALAKAYIN:**
1. Mariing pinasasabi ni Pablo sa mga mayayaman na ‘wag silang managan sa kanilang mga kayamanang lumilipas. Ano ang nakikita mong isang magandang dahilan bakit ito dapat gawin?
2. Sang-ayon ka ba na ang kahalagahan ng pagbibigay ay hindi lamang pagbibigay ng pera sa iglesiya kundi sa paggawa rin ng mabuti, pagiging bukas palad at pagiging matulungin sa kapwa? Bakit?
3. Para sa iyo alin ang mas madali magbigay o tumanggap? Bakit?
4. Ibinilin ni Pablo kay Timoteo na pakaingatan ang ipinagkatiwala sa kanya. Paano mo ito gagawin kung ikaw ang pinagbilinan nito?

# PAMUMUHAY AYON SA WASTONG ARAL

## <u>TALATA</u>: TITUS 2:1-10

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang malaman ng mga mag-aaral ang nababagay na pamumuhay ayon sa wastong aral na galing sa salita ng Diyos.

**<u>SAGUTIN</u>:**

1. Anong pamumuhay ang dapat ituro sa mga matatandang lalaki?
2. Anong pamumuhay ang dapat ituro sa mga matatandang babae?
3. Anong pamumuhay ang dapat ituro sa mga kabataang babae?
4. Anong pamumuhay ang dapat ituro sa mga kabataang lalaki?
5. Anong pamumuhay ang dapat ituro sa mga alipin?
6. Ano ang isang dahilan ang ibinigay ni Pablo bakit kailangang ipamuhay ang mga ito?

**<u>TALAKAYIN</u>:**

1. Ayon sa mga talata, may bahagyang pagkakaiba ang pamumuhay na dapat bigyang pansin para sa mga matatandang lalaki, matatandang babae, kabataang lalai, kabataang babae at mga alipin. Ano sa palagay mo ang dahilan?
2. Pumuli ng isa sa mga pamumuhay na sinabi ni Pablo sa bawat grupo ng tao at sabihin bakit sa kanila iyon ibinigay at hindi sa iba? Halimbawa, “marangal” na ibinigay sa matatandang lalaki na wala sa iba?
3. Ano naman ang dahilan ang nakikita mo bakit ang mapagpigil sa sarili ay parehong sinabi sa matatandang lalaki at kabataang lalaki?
4. Ano ang nakikita mong pinakamataas na dahilan ni Pablo bakit sinulat niya ito kay Tito? Ipaliwanag.

# ANG DAPAT NA MAGING UGALI NG MGA CRISTIANO

**TALATA: TITUS 3:1-4**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mananampalataya na ang ugaling Cristiano ay dapat maging kakaiba sa pangakaraniwang mga tao.

**SAGUTIN:**
1. Ano ang utos ni Pablo tungkol sa tamang pakikitungo ng mga kapatiran sa mga pinuno?
2. Ano naman ang utos niya sa pakikitungo sa kapwa tao?
3. Ano ang kalagayan dati ng kanyang mga kausap?
4. Paano raw ito nagbago?

**TALAKAYIN:**
1. Masasabi mo ba na maganda ang mga katuruan ng salita ng Diyos pagdating sa pamumuhay ng mga mananampalataya? Bakit?
2. Mula sa ating mga binasa, magbigay ng isa o higit pang kautusan ang masasabi mong maganda at bakit?
3. Sang-ayon ka ba sa dati nating kalagayan bilang mga makasalanan? Totoo ba ito sa iyo dati? Paano mo naranasan ang tunay na pagbabago?
4. Ano ang isang bagay na ipinagpapasalamat mo sa Diyos dahil sa mga ginawa niyang pagbabago sa buhay mo?

# ANG PAMUMUHAY PARA SA KALUWALHATIAN NG DIYOS

**<u>TALATA:</u> 1THESSALONIANS 4:1-12**

**<u>LAYUNIN:</u>** Upang malaman ng mga mag-aaral ang nararapat na pamumuhay upang maluwalhati ang Diyos.

**<u>SAGUTIN:</u>**

1. Ano ang panghuling kahilingan ni Pablo sa mga mananampalataya sa Thessalonica?
2. Ano ang uri ng pamumuhay ang ipinamumuhay nila at ano ang nais pa ni Pablo na gawin pa nila tungkol dito?
3. Anong kalooban ng Diyos ang binanggit dito? Ano ang ibig sabihin nito at paano ito ipapamuhay?
4. Anu-ano pa ang ibang pamumuhay na makakapagbigay luwalhati sa Diyos ang nabanggit dito?
5. Sino ang direktang nilalabag natin kung lalabagin natin ang mga kautusang ito?
6. Ano ang dapat nilang gawin para sa kanilang pangangailangan?

**<u>TALAKAYIN:</u>**

1. Masasabi mo ba mula sa ating mga binasa na maayos na pamumuhay ang hinahangad ng Diyos para sa atin? Bakit?
2. Magbigay ng isang klase ng pamumuhay na binanggit ang nangusap sa iyo?
3. Ano ang nakikita mong pinakamabuting paraan para magawa mo ito?
4. Nabanggit din dito ang pamumuhay na may kinalaman sa kasipagan at pagtatrabaho, ano ang nakikita mong kinalaman nito sa buhay espirituwal?

# MANATILI SA GAWAIN NG PANGINOON

## TALATA: 1CORINTHIANS 15:57-58

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na kung siya ay na kay Cristo na wala na siyang talo at ang lahat ng kanyang gagawin para sa Panginoon ay hindi masasayang.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang dahilan ng pasasalamat ni Pablo?
2. Kanino galing ang ating tagumpay??
3. Ano ang mga dapat nating ginagawa ngayong tayo ay may katagumpayan na kay Cristo?
4. Ano ang mangyayari sa ating mga gawa? Anong klaseng gawa ang hindi masasayang?

**TALAKAYIN:**

1. Halimbawa gumawa ng isang bagay, pinaghirapan mo nang todo pero nang matapos na, hindi na pala kailangan, ano ang mararamdaman mo? Bakit?
2. Ano ang kahalagahan ang malaman mo na ikaw ay nagtagumpay na bago ka pa man humarap sa laban?
3. Si Pablo ay nagpasalamat dahil sa tagumpay ni Cristo, nakaka-identify ka ba dito? Ano ang alam mong mapapala mo sa tagumpay ni Cristo? Bakit?
4. Sabihin ang pagkakaiba nang dalawang ito: "Tayo ay gumagawa para magtagumpay" sa "Tayo matagumpay na kaya dapat tayong gumawa"?

# ANG PAMUMUHAY NG ISANG CRISTIANO

**TALATA: TITUS 3:5-11**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mananampalataya na tayo ay naging Cristiano dahil sa kagandahang loob ng Diyos sa atin at dahil dito dapat tayong mamuhay nang may kabutihan.

**SAGUTIN:**
1. Ayon sa ating binasa, paano tayo naligtas?
2. Ano ang dahilan bakit tayo iniligtas ng Panginoong Jesus?
3. Anong aral ang nais ni Tito na ating panghawakan?
4. Kailan dapat tayo umiwas sa makikipagtalo?
5. Ano ang dapat gawin sa mga taong sanhi ng kaguluhan?

**TALAKAYIN:**
1. Kung ikaw ang tatanungin paano mo naunawaan ang proseso ng pagliligtas na ginawa ng Panginoong Jesus sa atin?
2. Ano ang gagawin mo sa mga kasama natin sa gawain ng Panginoon na kitang-kita na nagiging sanhi ng kaguluhan? Bakit?
3. Lahat ba ng pakikipagtalo dapat iwasan? Kailan ka dapat umiwas dito?
4. Ano ang mas gusto mo ikaw ang nananaway o ikaw ang sinasaway? Bakit?

# NILIKHA NG DIYOS ANG TAO

## TALATA: GENESIS 1:26-31

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mag-aaral kung gaano kahalaga ang malaman na ang tao ay nilikha ng Diyos, ayon sa Kanyang wangis at anyo.

**SAGUTIN:**

1. Sino ang lumikha sa tao? Paano Niya sila nilikha? Ano ang dahilan bakit Niya sila nilikha?
2. Ano ang ginawa ng Diyos matapos Niyang likhain ang tao? Ano ang sinabi Niya sa kanila?
3. Ano ang talagang pagkain nila?
4. Ano ang sinabi ng Diyos matapos ang Kanyang paglikha?

**TALAKAYIN:**

1. Ano ang nakikita mong kahalagahan na malaman mo na nilikha ka ng Diyos ayon sa Kanyang wangis at anyo?
2. Kung ikaw ang manglilikha ano ang gusto mong makita o gawin ng mga nilikha mo sa iyo? Bakit?
3. Ano ang alam mong gusto ng Diyos sa iyo bilang Kanyang nilikha?
4. Sa tingin mo ba nasa ayos o nasa tamang direksyon ka ba para maabot ang nais ng Diyos sa pagkalikha s’yo?

# ANG TORE NG BABEL

## <u>TALATA</u>: GENESIS 11:1-9

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang makita ng mga mag-aaral ang tunay na dahilan bakit may iba’t ibang salita ang mga tao. Upang makita rin ang kahalagahan ng pagsunod sa kalooban ng Diyos.

**<u>SAGUTIN</u>:**

1. Ano ang sinabi tungkol sa kanilang salita sa panahong ito?
2. Ano ang naisip nilang gawin at bakit nila ito naisip?
3. Ano ang nakita ng Diyos sa kanilang balaking ito?
4. Ano ang ginawa ng Diyos para mahadlangan sila sa kanilang plano?
5. Ano ang nangyari sa kanilang plano pagkatapos nito?

**<u>TALAKAYIN</u>:**

1. Pangkaraniwan na nating hinahangaan ang isang tao na maraming alam na salita. Ayon sa ating binasa, ano ang dahilan bakit magkakaiba ang salita natin?
2. Ano ang pangkaraniwang epekto ng pagkakaiba-iba ng mga salita?
3. Ano ang nakita ng Diyos sa kanilang pagkakaisa?
4. Sang-ayon ka ba na hindi laging maganda ang pagkakaisa? Bakit?
5. Ano ang nakita mong nilabag ng mga tao sa kanilang balak na pagtatayo ng tore?

# ANG HULING BILIN NI PABLO KAY TITO

**TALATA: TITUS 3:12-15**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang bawat isa ay may tungkuling dapat gawin sa gawain ng Panginoon.

**SAGUTIN:**

1. Sinu-sino ang papupuntahin ni Pablo kay Tito?
2. Ano naman ang dapat gawin ni Tito pagkatapos?
3. Ano ang dapat tiyakin ni Tito para kina Apolos at Zenas?
4. Ano naman ang bilin niya para sa mga kapatid na mananampalataya at bakit nila ito dapat gawin?

**TALAKAYIN:**

1. Ang gawain ng Panginoon ay ginagampanan ng mga pangkaraniwang tao gaya mo. Naisip o naiisip mo rin ba na ang gawain ng Panginoon ay ginagampanan ng mga magagaling na tao? Bakit?
2. Sa palagay mo ba maituturing pa ring manggagawa ng Diyos ang isang tao na hindi sa loob ng church naglilingkod? Bakit?
3. Sang-ayon ka ba na lahat ng manggagawa ng Panginoon ay dapat tumanggap ng kaukulang pinansyal na suporta mula sa church? Bakit?

# ANG PUNDASYON NG MABUTING BUHAY

## **TALATA: 2TIMOTHY 3:16-17**

**LAYUNIN:** Upang malaman mga mag-aaral na ang masaya at matagumpay buhay ay dapat pinapatakbo ng mga katuruan ng Diyos na makikita sa Kanyang mga salita–ang Biblia.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang sinabi tungkol sa mga kasulatan? Ibigay ang ibig sabihin ng salitang "inspired" o "kinasihan".
2. Saan daw ito maaaring mapakinabangan? Ibigay ang mga kahulugan nito.
3. Ano ang sinasabing magiging resulta nito sa mga tao ng Diyos?

**TALAKAYIN:**

1. Sang-ayon ka ba na malaki ang pakinabang ng salita ng Diyos para sa buhay ng isang tao? Bakit?
2. Ano ang nakikita mong maaaring maging resulta nito sa buhay ng mga tao? "Pag nagbabasa na siya ng Biblia pwede na siyang maging…" Bakit?
3. Sang-ayon ka ba na kahit hindi naniniwala sa Diyos ang isang tao ay maaari pa ring mabago ang buhay sa pagbabasa ng Biblia? Bakit?
4. Totoo ba sa iyo ang sinabi sa mga talatang ating pinag-aralan? Bakit?

# ANG PANALANGIN NI PABLO PARA SA MGA TAGA-FILIPOS

**TALATA: PHILIPPIANS 1:1-11**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral ang mga pinapahalagahan ng mga mananampalataya sa panahon nila Pablo na makikita sa kanyang mga panalangin.

**SAGUTIN:**

1. Kanino galing ang sulat, sino ang kanyang kasama at sino ang sinulatan nila? Nasaan si Pablo noong sinulat niya ito?
2. Ano ang pinapasalamatan at kagalakan ni Pablo sa Diyos para sa kanila?
3. Ano ang pagtitiyak ni Pablo na gagawin ng Diyos sa mga sinimulan Niya sa buhay ng mga taga-Filipos?
4. Ano ang sinabi niya sa kanila bakit niya sila pinapahalagahan?
5. Ano ang simpleng nilalaman ng kanyang panalangin para sa kanila?

**TALAKAYIN:**

1. Si Pablo ay sumulat sa mga taga-Filipos sa loob ng kulungan, ano ang makikita sa pananampalataya ni Pablo mula sa kanyang mga sinabi sa bahaging ito ng kanyang sulat?
2. Ano ang pagkaunawa mo sa talata 6, “Natitiyak kong ang mabuting gawang pinasimulan sa inyo ng Diyos ay kanyang lulubusin hanggang sa araw ng pagbabalik ni Jesu-Cristo.”?
3. Ano ang nakikita mong pinasimulan na sa iyo ng Diyos? Ano ang alam mong gagawin ng Diyos dito?
4. Anong klaseng mga mananampalataya ang mga taga-Filipos? Bakit?

# MAGNINGNING GAYA NG MGA BITUIN SA KALANGITAN

**TALATA: PHILIPPIANS 2:12-18**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral na ang ating pagsunod sa salita ng Diyos ay katumbas mga liwanag na nakikita sa gitna nang madilim na kapaligiran.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang sinabi niya sa uri nang pagsunod ng kanyang mga sinulatan?
2. Ano ang kanyang sinabi para mas lalo pa nilang gawin ang pagsunod bilang mga tagasunod ni Cristo?
3. Ano ang ilang bagay ang dapat nakikita o hindi dapat nakikita sa kanila habang ginagawa nila ang mga gawain bilang mga mananampalataya?
4. Ano ang nagiging silbi nila sa madilim na kapaligiran dahil sa kanilang pagsunod?
5. Ano ang pagsunod nila para kay Pablo?

**TALAKAYIN:**

1. Madalas na nating nababasa o naririnig sa mensahe ang tungkol sa pagliliwanag bilang mga ilaw ng sanlibutan, magbigay ng isang halimbawa pagliliwanag bilang ilaw ng sanlibutan.
2. Ano ang nakikita mong isang dahilan bakit ang isang tao ay hindi makasunod sa kalooban ng Diyos? Bakit?
3. Ano naman ang masasabi mong isang dahilan bakit nakakasunod ang mga tao sa kalooban ng Diyos? Bakit?

# ANG PAGMAMALASAKIT NI PABLO

**TALATA: PHILIPPIANS 2:19-24**

**LAYUNIN:** Upang ipakita sa mga mag-aaral na ang ilang paraan ng pagmamalasakit at ang pagpapalago ng relasyon sa Panginoong Jesus.

**SAGUTIN:**

1. Kanino umaasa si Pablo para maipadala niya si Timoteo sa mga taga Filipos?
2. Ano ang dahilan bakit niya ipapadala si Timoteo?
3. Ano ang meron siya na wala sa iba para siya ang ipadala ni Pablo?
4. Ano pa ang isang inaasahan ni Pablo matapos niyang maipadala si Timoteo?

**TALAKAYIN:**

1. Paano ipinakita ni Pablo ang kanyang pagmamalasakit sa mga taga Filipos?
2. Ano ang nakikita mong isang dahilan nang pagpapadala kay Timoteo sa mga taga Filipos?
3. Kung ikaw si Timoteo ano ang madarama mo sa tiwalang ibinigay sa iyo ni Pablo? Bakit?
4. Nabanggit ni Pablo na siya nagtitiwala sa Panginoon na maipapadala niya si Timoteo, pangkaraniwan ba ito sa lahat ng tao? Bakit?
5. Sa palagay mo gaano kalaki ang problema kung ang pansariling kapakanan ang inuuna ng mga mangagawa kaysa sa Panginoong Jesus? Bakit?

# ANG MINISTERYO NI EPAPHRODITUS

## TALATA: PHILIPPIANS 2:25-30

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral na tayong lahat na mananampalataya ay may lugar sa gawain ng Panginoon.

**SAGUTIN:**

1. Sino ang ipinadala ni Pablo sa Filipos? Sino siya at ano ang kanyang ginawa habang magkasama sila ni Pablo?
2. Ano ang naging kalagayan niya na nakarating sa mga taga-Filipos?
3. Ano ang masasabi mo sa naging karamdaman niya?
4. Ano ang nakita ni Pablong dahilan bakit gumaling si Epaphroditus?
5. Ano ang bilin niyang gawing pagtanggap ng mga taga-Filipos kay Epaphroditus? Bakit?

**TALAKAYIN:**

1. Si Epaphroditus ay maituturing na isang pangkaraniwang member ng church kumpara kina Pablo at Timoteo. Pero hindi matatawaran ang kanyang ginawang kontribusyon sa ministeryo ni Pablo.
2. Sang-ayon ka ba dito? Bakit? Sa gawain ng Panginoon hindi lahat ay Pablo meron ding mga Epaphroditus.
3. Ano ang nakikita mong kahalagahan ng ginampanang papel ni Epaphroditus sa ministeryo ni Pablo?
4. Ano sa tingin mo ang maaaring mangyari kung ang mga Epaphroditus ay hindi ginawa ang kanilang tungkulin sa gawain ng Panginoon?
5. Kung ikaw ang titingin sa sarili mo, ano ka, isang Pablo o isang Epaphroditus? Bakit?

# ANG TANSONG AHAS

**TALATA: NUMBERS 21:5-9**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral na nais ng Diyos na tayo ay manampalataya sa Panginoong Jesus.

**SAGUTIN:**

1. Nasaan ang mga Israelita sa tagpong ito?
2. Ano ang kanilang kalagayan? Ano ang kanilang naging kasalanan sa Diyos?
3. Ano ang ginawa ng Diyos para parusahan sila?
4. Ano ang ginawa nila para maalis ang parusa sa kanila?
5. Ano ang naging solusyon ng Diyos para hindi sila mamatay kahit natuklaw na sila ng ahas?

**TALAKAYIN:**

1. Madalas nating mababasa ang katigasan ng ulo ng mga Israelita kaya sila madalas maparusahan ng Diyos at parang hindi sila natututo.
2. Nakikita mo rin ba ang ganitong ugali sa mga tao ngayon pagdating sa pakikipagrelasyon sa Diyos? Paano?
3. Ano ang nakikita mong dahilan bakit ganito ang pangkaraniwang asal ng mga tao pagdating sa pakikipagrelasyon sa Diyos?
4. Sa solusyon na ibinigay ng Diyos, ano ang kailangan nila sa pagtingin sa tansong ahas, para hindi sila tuluyang mamatay kahit natuklaw na sila ng ahas?
5. Ang tansong ahas na ginawa ni Moises ay tumutukoy sa Panginoong Jesus, upang hindi tayo mapahamak sa kamandag ni Satanas kailangan nating tumingin sa Panginoong Jesus nang may pananamapalataya. Nagawa mo na bang tumingin sa Kanya para sa kaligtasan mo?

# ABUTIN ANG HANGGANAN NG ATING PAGKATAWAG

**TALATA: PHILIPPIANS 3:1-16**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagpapatuloy sa paglago bilang mga tinawag ng Panginoon sa Kanyang gawain.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang pinagagagawa ni Pablo sa kanyang mga sinulatan sa mga talatang 1?
2. Ano ang pagkaunawa mo sa salitang ito? Ano ang kaibahan nito sa kasiyahan ng mundo?
3. Sino ang pinababantayan ni Pablo sa kanila sa talatang 2? Sino ang tinutukoy na mga aso dito?
4. Sino so Pablo at paano niya ipinakilala ang kanyang sarili?
5. Ayon sa kanya ano ang kanyang pinahahalagahan ngayon?
6. Paano niya ito nais makamit o ano ang kanyang ginagawa para makamit niya ito?

**TALAKAYIN:**

1. May kahalagahan ba ang kagalakan sa Panginoon para sa mga mananampalataya sa kanilang paglago? Bakit?
2. Ano ang dapat meron ang isang mananampalataya para mabantayan mo at masaway ang mga maling tagapagturo sa loob ng church? Bakit?
3. Ayon kay Pablo, may iniwanan siya para makamtan niya ang mas malagang bagay sa kanyang pag-abot sa layunin sa Panginoon. Sa tingin mo gaano kahalaga ang ganitong paraan? Bakit?
4. Kung ikaw ang tatanungin nangyari na ba ito sa iyo? Paano?

# ANG PAGTAWAG KAY ANDRES AT PEDRO

**TALATA: JOHN 1:35-42**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral kung sino talaga si Jesus, kung paano ang simpleng pag-akay ng tao na sumunod sa Pangioong Jesus at ang simpleng paraan ng Panginoon para lalo natin Siyang nakilala.

**SAGUTIN:**

1. Sino ang mga kasama ni Juan nang makita nila si Jesus? Kanino silang alagad?
2. Ano ang sinabi ni Juan para ipakilala niya si Jesus?
3. Ano ang ginawa ng dalawang alagad matapos nila marinig ang sinabi ni Juan?
4. Ano naman ang sinabi sa kanila ni Jesus, nang makita Niya silang sumusunod sa Kanya?
5. Ano ang isinagot sa Kanya ng dalawang alagad ni Juan sa tanong ni Jesus? Ano naman ang tugon dito ni Jesus?
6. Ano ang pangalan ng isa sa mga alagad ni Juan na sumunod kay Jesus? Sino ang kanyang dinala kay Jesus matapos niyang makilala si Jesus?
7. Ano ang sinabi niya sa kanyang kapatid para mapasama niya ito?
8. Ano ang sinabi ni Jesus kay Simon ng makita siya ni Jesus?

**TALAKAYIN:**

1. Ano ang nakita ninyong magandang ginawa ni Juan sa kanyang mga alagad? Bakit?
2. Ano naman ang magandang ginawa ng dalawang alagad ni Juan? Bakit?
3. Ano ang laman ng sinabi ni Jesus sa dalawang alagad ni Juan nang makita Niya silang sumusunod? Bakit?
4. Ano ang magandang ginawa ni Andrew matapos niyang makilala si Jesus? Bakit?
5. Kung ang mga talata ang ating pagbabasihan masasabi mo bang mahirap ang mag-akay o magdala ng tao kay Jesus? Bakit?
6. Kaya mo ba ang magdala ng tao kay Jesus?

# ANG ATAS SA MGA TAGASUNOD NI CRISTO

**TALATA:** **MATTHEW 28:16-20**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral na higit sa lahat nais ng Diyos na tayo ay hindi lamang maligtas kundi maging mga tagasunod din ng Panginoong Jesus upang maranasan natin ang kaaya-ayang buhay na dapat maranasan ng isang mananampalataya, kahit na dumaan pa siya gitna ng mga pagsubok. Patuloy ding gawin ang pagpapahayag ng mabuting balita upang lalong dumami ang magiging tagasunod ng Panginoong Jesus.

**SAGUTIN:**

1. Ilang alagad na lang ang binanggit sa mga talata?
2. Ano ang ginawa nila kay Jesus? Ano ang binanggit na pakiramdam nang ilan sa kanila?
3. Ano ang kapangyarihang taglay ng Panginoon? Ano ang iniutos Niya sa Kanyang mga alagad?
4. Anu-ano ang kanilang dapat gawin para matupad nila ang utos ng Panginoon?
5. Ano ang pangako ng Panginoon sa kanila?

**TALAKAYIN:**

1. Sa tingin mo ba, sumunod ang mga alagad sa utos na ito? Bakit?
2. Masasabi mo ba na naunawaan ito ng lubos ng mga Cristiano sa ating panahon? Naniniwala ka ba na higit sa pagtanggap ay ang patuloy na pagsunod?
3. Madalas nating marinig na may mga Cristiano na miserable pa rin ang buhay kahit tumanggap na naman sila sa Panginoon, sa palagay mo bakit nangyayari pa ang ganon?
4. Ano ang masasabi mo rito: MAHALAGA ANG PAGTANGGAP SA PANGINOON JESUS BILANG TAGAPAGLIGTAS PERO HINDI DAPAT KALIMUTAN NA KAILANGAN NIYA PA RING MAGING TAGASUNOD PARA MALUBOS ANG KANYANG KALIGAYAHAN. Tama o mali? Bakit?

# ANG ATING TABAK

**<u>TALATA</u>: HEBREWS 4:12**

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang makita ng mga mag-aaral na ang salita ng Diyos ay ibinigay sa atin upang ating maging sandata sa pakikipaglaban. Gamit din ito upang ating masiyasat ang kaibuturan ng ating mga iniisip at motibo.

**<u>SAGUTIN</u>:**

1. Ayon sa talata ano raw ang salita ng Diyos?
2. Anu-ano ang kaya nitong gawin?
3. Ano ang pagkaunawa mo sa mga salitang "buhay at mabisa"?

**<u>TALAKAYIN</u>:**

1. Nakahawak ka na ba ng tabak? (Bladed weapon like Samurai, Kris, Sword…) Maaari ba itong paglaruan? Bakit?
2. Ano ang nakikita mong kahalagahan na ang salita ng Diyos ay mas matalim pa sa tabak na magkabila'y talim?
3. Gaano kahalaga para sa iyo na kaya ng salita ng Diyos, na malaman
   ng mga iniisip at binabalak ng tao?
4. Sang-ayon ka ba na ang salita ng Diyos 'pag iyong narinig ito ay siguradong tatama at tatama sa iyo? Bakit?

# ANG KABABAANG LOOB NI JUAN BAUTISTA

**TALATA: JOHN 1:19-34**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral kung ano ang tamang
pag-uugali ng isang makabuluhang tagapagpatotoo.

**SAGUTIN:**

1. Sinu-sino ang pinadalang mag-iimbistiga kay Juan? Anu-ano ang kanilang mga tanong sa kanya?
2. Ano ang madalas niyang sagot sa mga tanong na ibinato sa kanya?
3. Ano ang sinabi niya tungkol sa kanyang sarili at ano ang kanyang mensahe?
4. Ano ang kanyang ginagawa kasabay ng kanyang pagpapahayag?
5. Ano ang sinagot niya tungkol sa kanyang pagbabautismo?
6. Anu-ano ang kanyang sinabi para ipakita na siya ay nagpapatotoo para kay Jesus?

**TALAKAYIN:**

1. Madalas sa ating pagkukwento tungkol sa magagandang nangyari sa atin, mga magagandang ginawa o ginagawa natin o mga magagandang plano natin, hindi natin napapansin na hindi na pala si Jesus o ang Diyos ang ating naitataas. Maganda ba ang ugaling mapagpakumbaba? Bakit?
2. Ano ang mga nakikita mong bagay o dahilan para ang isang tao (kahit mga Cristiano) ay mahulog sa kayabangan?
3. Nakarinig ka na ba ng mga patotoo na imbes na ang Diyos o ang Panginoon ang naitaas ay tao ang naitataas? Ano ang naging batayan mo kung, Oo?
4. Kung sa iyo ito mangyari paano mo ito gagawan ng paraan para hindi ka magkasala o magkamali?

# PHILIP AND NATHANAEL

**TALATA: JOHN 1:43-51**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagtugon sa tawag ng Panginoong Jesus na sumunod sa Kanya.

**SAGUTIN:**
1. Saan nagtungo at sino ang mga nakita ng Panginoong nang sumunod na araw?
2. Ano ang ginawa ng una n'yang tinawag? Sino ang tinawag nito?
3. Ano ang naging tugon nito sa kanya?
4. Ano ang sinabi ni Philip para madala niya si Nathanael?
5. Ano ang sinabi ng Panginoong kay Nathanael noong makita Niya ito?
6. Ano ang tugon dito ni Nathanael sa Panginoong Jesus?
7. Ano ang muling sinabi ng Panginoong sa kanya?

**TALAKAYIN:**
1. Sang-ayon ba kayo na ang Panginong Jesus ay patuloy pa ring tumatawag ng mga tagasunod Niya hanggang ngayon? Bakit?
2. Ano ang masasabi ninyo sa pagtawag at naging pagtugon ni Philip? Bakit?
3. Ano naman ang ipinapakita nang pagtawag ni Philip kay Nathanael? Bakit?
4. Ano ang masasabi mo sa style ni Philip sa pag-iimbita ng dadalhain sa Panginoong Jesus? Bakit?
5. Ano naman ang masasabi mo sa pangangatuwiran ni Nathanael noong tinawag na siya? Bakit?

# TUBIG GINAWANG ALAK

**TALATA: JOHN 2:1-12**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral ang kapangyarihan ng Panginoong Jesus upang lalo pa tayong manampalataya na Siya nga ang Bugtong na Anak ng Diyos at sa pamamagitan ng pananampalataya tayo magkaroon ng buhay na walang hanggan.

**SAGUTIN:**

1. Nasaang lugar ang Panginoong Jesus? Sinu-sino ang kasama Niyang naroon? Ano ang okasyon na kanilang dinaluhan?
2. Ano ang naging problema sa kasalan?
3. Sino ang lumapit sa kanya para ipaalam ang naging problema?
4. Ano ang naging tugon Niya sa nasabi sa Kanyang? Ano ang sumunod na sinabi ni Maria sa mga lingkod?
5. Ano ang ipinagawa ng Panginoong Jesus sa mga lingkod nang umalis na si Maria?
6. Ano ang nangyari sa tubig? Ano ang sinabi ng namamahala ng handaan sa nainom niya?
7. Sinu-sino lang ang nakaalam nang tunay na nangyari?
8. Ano ang nahayag sa tagpong ito? Ano ang ginawa ng Kanyang mga alagad?
9. Saan sila tumuloy pagkatapos nila doon?

**TALAKAYIN:**

1. Madalas sa ating pagbabasa ay naitutuon natin ang ating isip sa alak, kung saan parang ito ang sentro nang usapin. Ngunit nais kong muli ninyong ibaling ang tunay na layunin bakit ito naisulat, ito ay para sabihin sa atin na 'wag na tayong magdalawang-isip pa sa pagsampalataya sa Panginoong Jesus. Sang-ayon ba kayo dito? Bakit?
2. Masasabi mo ba na mahalaga ang mga miracles para manampalataya ang mga tao sa Panginoong Jesus? Bakit?
3. Ano ang masasabi mo sa sinabi ni Maria sa mga alipin? Sa palagay mo tama ba si Maria sa kanyang sinabi sa mga alipin bago niya sila iniwan? Bakit?
4. Nakikita mo ba na ganito pa rin ang ginagawa ng mga tao ngayon na naniniwala kay Maria? Bakit?
5. Halimbawa lang, kung buhay pa kaya si Maria ngayon sa palagay mo ba matutuwa siya sa makikita niyang ginagawa ng mga tao sa kanya kumpara sa ginagawa nila sa Panginoong Jesus? Bakit?
6. Sang-ayon ka ba dito, kung gusto mo talagang magbigay galang kay Maria dapat kang nanampalataya kay Jesus"? Bakit?

# ANG SULAT NI JUDAS

**<u>TALATA:</u> JUDE**

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang malaman ng mga mag-aaral ang sinabi ng Biblia tungkol sa kagandahan ng ating kaligtasan.

**<u>SAGUTIN</u>:**

1. Sino ang sumulat at sino ang sinulatan? Ano ang original na gusto niyang isulat sa kanila?
2. Ano ang mas minabuti niyang isulat sa kanyang mambabasa?
3. Ano ang dahilan niya bakit nag-iba ang mensahe niya sa kanyang mambabasa?
4. Ano 'yong sinasabi niyang alam na nila pero sinabi n'ya pa rin?
5. Ano ang kasasapitan nila dahil sa kanilang ganitong gawain?
6. Ano ang kanilang gawain at saan ikinumpara ang mga taong ito?
7. Ano ang babala ng mga apostol sa kanila noon pa mang una?
8. Ano naman ang dapat nilang gawin ayon sa sumulat?

**<u>TALAKAYIN</u>:**

1. Minsan ay meron tayong gustong sabihin pero iniiba natin, sa tingin mo, anu-ano ang dahilan bakit minsan ay naiiba o sadyang iniiba natin ang gusto nating sabihin?
2. Nabanggit ng sumulat na parang alam na nila ang sasabihin niya pero kinailangan pa rin n'yang sabihin uli. Sa palagay mo bakit nangyayari ito na kahit alam na nila kailangan mo pa ring sabihin uli?
3. Ano ang nakita mong mahigpit na ipinapaabot ng sumulat sa kanyang mambabasa? Bakit?
4. Ano ang pagkaunawa mo dito, "Agawin ninyo ang mga hahatulan sa apoy ng paghuhukom."?
5. Sa tingin mo paano natin ito gagawin? "Agawin ninyo ang mga hahatulan sa apoy ng paghuhukom."

# ANG PAGLILINIS NG TEMPLO

**<u>TALATA</u>: JOHN 2:13-22**

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang makita ng mga mag-aaral ang dahilan kung bakit may templo at ang dahilan bakit nagalit ang Panginoong Jesus.

**<u>SAGUTIN</u>:**
1. Ano ang okasyon nang panahong iyon? Nasaan sila nang mga sandaling iyon?
2. Ano ang nakita ng Panginoong Jesus sa templo? Ano ang nadama at ginawa Niya sa mga nakita Niya?
3. Ano ang sinabi Niya tungkol sa bahay ng Ama?
4. Ano ang palatandaan ang hiningi ng mga hudyo matapos Niya itong gawin?
5. Ano ang sinagot Niya sa kanilang hininging palatandaan?
6. Ano ang kanilang pagkaunawa sa sinabing ito ng Panginoon? Ano ang talagang nais sabihin sa kanila ng Panginoon?

**<u>TALAKAYIN</u>:**
1. Ano ang masasabi mo sa naging galit ng Panginoon? Bakit sa tingin mo tama lang na nagalit Siya?
2. Madalas napupulaan ng mga tao ang mga Cristiano ‘pag nagagalit sila, sa tingin mo masama bang magalit?
3. Kung masama paano ito nagiging masama? Kung hindi naman masama, bakit hindi ito masama?
4. Kung titingnan mo ang sarili mo masasabi mo bang magagalitin ka o hindi? Bakit?
5. Paano ka magalit?

# KILALA NG PANGINOONG JESUS KUNG SINO TAYO

**TALATA: JOHN 2:23-25**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na alam at kilala ng Panginoong Jesus kung sino tayo kahit hindi tayo magsalita at walang sinuman ang makakapagkunwari sa kanya.

**SAGUTIN:**

1. Nasaan ang Panginoong Jesus noong panahon na ito at ano ang
   okasyon meron?
2. Ano ang ginawa ng mga tao nang makita nila ang mga himalang
   ginawa nang Panginoong Jesus?
3. Ano ang ginawa ng Panginoong Jesus sa ginawang paniniwala ng
   mga tao?
4. Ano ang kailangan para makilala ng Panginoong Jesus ang mga
   tao? Bakit?

**TALAKAYIN:**

1. Posible pa ba sa ating panahon na may mga tao na lumalapit o nagsasabing naniniwala sila sa Diyos o sa Panginoong Jesus pero hindi bilib sa kanila ang Diyos? Bakit?
2. Ano ang madarama mo kung malalaman mo na hindi pala nagtitiwala sa iyo ang Diyos nang sabihin mong naniniwala ka sa Kanya? Bakit? Ano ang gagawin mo?
3. Dumating ka na ba sa pagkakataon na nakapagkunwari ka na rin
   sa Diyos? Sa paanong paraan?
4. Kung titingnan ng Diyos ang puso mo, masasabi mo bang kapani-paniwala ka sa iyong pananampalataya sa Kanya? Bakit?

# ANG KAHALAGAHAN NG KAPANGANAKANG MULI

**<u>TALATA</u>: JOHN 3:1-13**

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang kapanganakang muli ay napakahalaga higit pa sa anumang relihiyon at kailangang-kailangan upang makapasok ang sinumang tao sa kaharian ng Diyos.

**<u>SAGUTIN</u>:**

1. Sino ang kumasap sa Panginoong Jesus sa tagpong ito? Anong oras sila nagkausap?
2. Ano ang pagkakilala niya sa Panginoong Jesus? Ano ang tugon ng Panginoon kay Nicodemus?
3. Ano ang sinabi ni Nicodemus sa sinabi ng Panginoong Jesus, tungkol sa kapanganakang muli?
4. Ano ang hindi mangyayari sa isang taong hindi maipapanganak na muli?
5. Paano ito ipinaliwanag ng Panginoong Jesus para ipakita ang kahalagahan nito?
6. Saan daw galing ang katotohanang ito ayon pa rin sa Panginoong Jesus?

**<u>TALAKAYIN</u>:**

1. Meron ka na bang narinig na sagot o paliwanag tungkol sa pagkaunawa ng ibang tao tungkol sa kapanganakang muli o Born again? Magbigay ng isa?
2. Ano ang unang sumagi sa isip mo noong una mong marinig ang tungkol sa kapanganakang muli?
3. Malinaw na ba sa iyo ngayon ang usaping kapanganakang muli? Bakit?
4. Nangyari na ba ito sa iyo? Paano? Kung hindi pa gusto mo bang ipanganak na muli?

# ANG PAGPARITO NG PANGINOONG JESUS

**TALATA: JOHN 3:17-21**

**LAYUNIN:** Upang malaman muli ng mga mag-aaral ang dahilan nang pagparito ng Panginoong Jesus at dahil dito ay hindi natin mapalampas ang pagkakataong ibinibigay ng Diyos sa atin habang may pagkakataon pa.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang dahilan nang pagsugo ng Diyos sa Panginoong Jesus?
2. Ano ang pagkaunawa mo sa salitang, "Condemn"?
3. Ano ang malinaw na dahilan bakit may mga tao pa ring mapapahamak?
4. Ano o sino ang tinutukoy na ilaw? Ano ang dahilan bakit may mga taong ayaw lumapit sa ilaw?
5. Ano naman ang dapat gawin ng isang tao para hindi siya mahatulan?

**TALAKAYIN:**

1. Narinig mo na ba ang salitang "Condemn"? Saan mo ito madalas marinig at paano ito ginagamit?
2. Payag ka ba na ituring ka na ikaw ay condemn na? Bakit?
3. Anu-ano ang mga nakikita mong paraan ng Diyos para sabihin sa mga tao na hindi pa tayo condemn?
4. Ano ang pinakamaganda mong dapat gawin para sabihin o ipaabot sa mga tao na hindi pa sila condemn?
5. Ano ang pinakasimpleng paraan para maituring mo na ang isang tao ay condemn na kahit hindi ka pa man magsalita? Bakit?

# ANG HULING PAGPAPAHAYAG NI JUAN BAUTISTA

**TALATA: JOHN 3:22-36**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang isang tunay na saksi ng Panginoong Jesus ay hindi kumukuha nang pangsariling parangal bagkos nagpapatuloy na mapagpakumbaba hanggang sa huli maitaas lamang ang Panginoong Jesus.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang ginagawa ng Panginoong Jesus sa tagpong ito? Ano rin ang ginagawa ni Juan Bautista sa ibang lugar?
2. Ano ang isang usapin ang pinagtalunan ng mga alagad ni Juan at ng mga hudyo?
3. Ano ang isinumbong nila kay Juan na kanilang nakita?
4. Ano ang sinagot sa kanila ni Juan?
5. Ano ang mga sinabi niya tungkol sa kanyang sarili mula sa kanyang sagot?

**TALAKAYIN:**

1. Hindi mahirap makita ang pagpapakumbaba na ipinakita ni Juan Bautista sa tagpong ito. Naniniwala ka ba na malaki ang bahagi nang pagpapakumbaba sa gawain ng Panginoon? Bakit?
2. Sa mga sinabi at ginawa ni Juan, anu-ano ang mga nagpakita ng pagpapakumbaba? Magbigay ng isa at ipaliwanag.
3. Problema pa rin hanggang ngayon ang mga taong hindi naniniwala sa pahayag ng salita ng Diyos, maliban sa talagang katigasan ng ulo ng mga tao, ano ang kinalaman ng pag-uugali ng mga saksi para hindi tanggapin ng mga tao ang kanilang pinapahayag? Bakit?
4. Ano ang nakakalungkot na kalagayan ng mga tao mga tao na ipinahayag nang talata 36? Ano ang ipinapahiwatig ng mga salitang, “Ang poot ng Diyos ay mananatili sa kanya”? Ano ang pagkaunawa mo sa salitang, “Poot”?
5. Maganda bang kalagayan na ang isang tao ay kinapupootan ng Diyos? Bakit?
6. Kumusta ang iyong kalagayan sa harapan ng Diyos? Bakit?

# ANG DAHILAN NG PAGKAKASALA NG BABAE

**<u>TALATA:</u> JOHN 4:15-18**

**<u>LAYUNIN:</u>** Upang malaman ng mga mag-aaral na alam ng Panginoong Jesus ang tunay na kalagayan ng bawat isa sa atin at nais Niyang ayusin muna natin ito bago tayo uminom sa alok Niyang tubig.

**<u>SAGUTIN:</u>**

1. Ano ang hiling ng babae sa Panginoong Jesus? Ano ang dahilan niya bakit siya humingi?
2. Ano ang sagot sa kanya ng Panginoong Jesus? Ano ang pinagawa sa kanya ng Panginoong Jesus?
3. Ano ang sagot ng babae sa Panginoong Jesus? Ano naman sagot sa kanya ng Panginoong Jesus?
4. Ano ang sabi ng Panginoong Jesus na tama sa sinabi, tungkol sa kanyang kalagayan?
5. Ano ng babae ang mga kinakasama niya?

**<u>TALAKAYIN:</u>**

1. Ano ang masasabi mong kalagayan ng babae? Bakit?
2. Ano ang masasabi mo sa ng babae na problema niya? Bakit?
3. Ano ang masasabi mo sa mga sagot ng Panginoong Jesus sa babae? Bakit?
4. Ano ang masasabi mo sa pinagawa ng Panginoong Jesus sa babae na, “Dalin mo dito ang asawa mo?” Bakit?

# ANG PANANAMPALATAYA NG ISANG PINUNO

**TALATA: JOHN 4:43-54**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral ang kahalagahan at kapahayagan ng pananampalataya.

**SAGUTIN:**

1. Saan galing at saan papunta ang Panginoong Jesus nang panahong iyon?
2. Sino ang lumapit sa Kanya at ano ang pakay nito?
3. Ano ang kalagayan ng kanyang anak?
4. Paano siya lumapit sa Panginoong Jesus at ano naman ang sinabi ng Panginoong sa kanya?
5. Nang marinig ito nang pinuno ano ang naging tugon niya?
6. Ano ang sinabi ng Panginoong Jesusmatapos nito?
7. Ano ang ginawa ng pinuno nang marinig niya ang sinabi nang Panginoon para sa kanyang anak.
8. Ano ang magandang balita sa kanya ng kanyang mga alipin noong siya ay umuwi?
9. Ano ang naging konklusyon pinuno nang marinig niya ito?
10. Ano ang naging resulta nito sa buhay at sambahayan ng pinuno?

**TALAKAYIN:**

1. Ano ang masasabi mo sa pinatotoo ng Panginoon na, "Hindi pinaparangalan ang mga propeta sa sarili niyang bayan"? Bakit?
2. Anong klaseng pagkatao ang ipinakita ng pinuno sa paglapit niya sa Panginoon? Bakit?
3. Ano ang masasabi mo sa agad-agad niyang pag-uwi matapos niyang marinig ang sinabi ng Panginooon? Bakit?
4. Ano ang masasabi mo sa kapangyarihan ng salita ng Panginoong Jesus, nang gumaling agad-agad ang anak ng pinuno mula sa bingit nang kamatayan?
5. Ano sa palagay mo ang nagpagaling sa bata, ang sinabi ng Panginoong Jesus o ang pagsunod ng ama ng bata? Bakit?
6. Ano ang mas mahalaga, ang gumaling ang bata mula sa malubhang sakit o ang buong sambahayan ng pinuno ay nanampalataya sa Panginoong Jesus? Bakit?

# ANG PAGPAPAGALING SA ARAW NG PAHINGA

**TALATA: JOHN 5:1-15**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral na ang pagpapagaling ng Panginoong Jesus ay hindi namimili ng araw o sitwasyon.

**SAGUTIN:**

1. Nasaan sila nang mga panahong iyon at ano ang meron noon?
2. Sinu-sino ang naroon sa lugar na iyon at bakit sila naroon?
3. Ano ang pinaniniwalaan ng mga taong naroroon?
4. Sino ang nilapitan ng Panginoong Jesus at ano ang kanyang kwento sa Panginoong Jesus?
5. Ano ang tinanong at pinagawa sa kanya ng Panginoong Jesus pagkatapos?
6. Ano ang sumunod na pangyayari?
7. Ano ang reklamo ng mga hudyong naroroon, nang makita nila ang ginawa ng Panginoong Jesus?
8. Kilala ba ng lalking pinagaling ang Panginoong Jesus?
9. Ano ang sinabi sa kanya ng Paginoong Jesus nang muli silang nagkita?

**TALAKAYIN:**

1. Ano ang masasabi mo sa kalagayan ng lalaking pinagaling ng Panginong Jesus bago siya pinagaling? Bakit?
2. Ano ang masasabi mo sa paraan nang pagpapagaling na hinihintay ng mga may sakit sa tabi ng imbakan ng tubig? Bakit?
3. Ano ang masasabi mo sa paraan nang pagpapagaling ng Panginoong Jesus? Bakit?
4. Ano ang masasabi mo sa naging tugon ng mg hudyo sa ginawang pagpapagaling ng Panginoong Jesus? Bakit?
5. Ano ang masasabi mo sa paraan nang pagsunod na ipinakita ng lalaking
   paralitiko sa sinabi ng Panginoong Jesus? Bakit?
6. Kung ikaw ang lalaking ito gagawin mo rin ba ang gayon? Bakit?

# ANG MGA PATOTOO PARA KAY CRISTO

**<u>TALATA</u>: John 5:31-47**

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang malaman ng mga mag-aaral na sapat ang mga patunay tungkol kay Jesus para Siya ay panampalatayaan.

**<u>SAGUTIN</u>:**

1. Ano ang sinasabi o sinabi ng Panginoong Jesus tungkol sa Kanyang sarili? Anu-anong patunay ang magsasabing Siya talaga ang Sugo ng Diyos?
2. Ano ang dahilan bakit maraming patotoo ang ipinadala ng Diyos para ipakilala si Jesus?
3. Ano ang tugon ng mga Hudyo kahit sapat naman ang katibayan kung sino talaga Siya?
4. Ano ang ipinakitang problema ng Panginoong Jesus sa mga tao bakit ganon sila sa Panginoon?
5. Ano ang sinabi ng Panginoong Jesus sa mga tao na may kinalaman sa Kasulatan?

**<u>TALAKAYIN</u>:**

1. Sa palagay mo sapat ba ang mga katibayan o patotoo para paniwalaan<br>na si Jesus ang sugo ng Diyos sa sanlibutan? Bakit?
2. Bakit sa palagay mo marami pa ring tao ang hindi nananampalataya sa Panginoong Jesus kahit sapat naman ang patotoo sa Kanya?
3. Kung ikaw ay mananampalataya na ng Panginoong Jesus, ano ang pinagbasehan mo para makumbinse ka na Siya na nga ang kailangan mo? Bakit?
4. Kung ikaw naman ay hindi pa nananampalataya sa Panginoong Jesus, ano naman ang gusto mong makita o marinig para makumbinse ka na manampalataya na sa Kanya ng tuluyan? Bakit?

# ANG PAGPAPAKAIN SA 5,000 LALAKI

## TALATA: JOHN 6:1-14

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng mga maliliit na bagay na ating ginagawa sa Diyos ay hindi nasasayang bagkos ito'y may malaking pakinabang kung atin lamang ibibigay sa Panginoong Jesus.

**SAGUTIN:**
1. Ano ang tagpo? Sinu-sino ang mga tauhan maliban sa Panginoong Jesus? Nasaan sila?
2. Sino ang tinanong ni Jesus? Ano ang sagot niya? Ano ang dahilan ng pagtatanong ng Panginoon?
3. Nasagot ba ni Philip ang tanong ng Panginoong Jesus? Bakit?
4. Sino ang dinala ni Andrew sa Panginoong Jesus?
5. Ano ang binigay nito sa Panginoon? Ano na ang sumunod na pangyayari?

**TALAKAYIN:**
1. Ano ang masasabi mo sa ginawa ni Andrew? Mahirap ba 'yon? Bakit?
2. Ano naman ang masasabi mo doon sa ginawa nang bata? Mahirap ba 'yon? Bakit?
3. Kung ikaw 'yong bata, ibibigay mo rin ba 'yong dala mong tinapay at isda? Bakit?
4. Anong aral ang nakuha mo sa pangyayaring ito?

# LUMAKAD SI JESUS SA TUBIG

**TALATA: JOHN 6:15-21**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral ang kapangyarihan ng Panginoong Jesus ay sapat sa pangangailangan ng lahat ngunit hindi Niya nais na kilalalanin natin Siya dahil lamang sa mga bagay na kaya Niyang gawin o ibigay. Upang pahalagahan natin ang pagkilala sa Kanya ng tama para hindi tayo mag-alangan sa Kanya.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang nahalata ng Panginoong Jesus sa mga tao? Ano ang ginawa Niya, dahil dito?
2. Ano ang ginawa ng mga alagad noong magtatakipsilim na?
3. Anong ang biglang nangyari sa gitna nang kanilang paglalayag?
4. Ano ang nakita nila habang nagsasagwan sila? Ano ang naramdaman nila sa kanilang nakita?
5. Ano ang sinabi sa kanila ng Panginoong Jesus dahil dito?
6. Ano ang naging resulta nito sa mga tao sa Bangka nang malaman nila na si Jesus ang nakita nila?

**TALAKAYIN:**

1. Sa tingin mo ba nangyayari talaga na may mga taong gusto lang ang Panginoong Jesus dahil sa material na kanilang makukuha sa Kanya? Bakit?
2. Masama ba ito o hindi? Bakit?
3. Ano ang pumawi ng takot ng mgataong nasa bangka noong mga oras na iyon? Tama lang bang sabihin na, marami pa ring takot na makipag relasyon sa Panginoong Jesus (takot ma-involve sa gawain, takot na mag-commit) dahil hindi pa nila kilala Siya? Bakit?
4. Nakaranas ka na ba ng ganito o nakakaranas ka ba ng ganito na parang nag-aalangan kang mag-commit dahil may takot ka pa? Ano ang dapat mong malaman tungkol sa Panginoong Jesus para mawala ito?

# MAHIRAP MAUNAWAAN KUNG HINDI MANINIWALA

**TALATA: JOHN 6:60-71**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagnanais ng Panginoong Jesus sa isang makatotohanang pakikibahagi Niya sa ating mga buhay.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang naging tugon ng mga taong nakikinig sa Kanya matapos Niyang sabihin ang Kanyang mga sinabi?
2. Ano ang alam Niyang nangyayari sa puso't isip ng Kanyang mga alagad?
3. Ano ang sinabi Niya sa kanila na lalong magpapahirap sa pang-unawa ng mga alagad?
4. Ano ang sinabi Niya tungkol sa Banal na Espiritu? Ano naman ang kaibahan nito sa laman?
5. Ano pa ang sinabi ng Panginoong Jesus sa tungkol sa ginagawa ng Diyos Ama sa mga lumalapit sa Kanya?
6. Ano ang ginawa ng mga alagad dahil sa kanilang hindi pagtanggap sa mensahe ng Panginoong Jesus?
7. Ano ang tanong Niya sa 12 alagad? Ano ang sagot nila sa pamamagitan ni Pedro?
8. Ano ang sinabi Niya tungkol kay Hudas, bakit siya ganon?

**TALAKAYIN:**

1. Totoo ba para sa inyo ang kasabihang mahirap tanggapin o sundin ang isang bagay kung ayaw mo itong pinaniniwalaan? Ipaliwanag ang sagot.
2. Tama bang sabihin na maraming hindi maunawaan ang mensahe ng Diyos dahil una sa lahat ay hindi sila naniniwala dito? Bakit?
3. Sa palagay mo kung literal na tinapay ang Panginoong Jesus sa ating panahon anong klaseng tinapay Siya? Bakit?
4. Tama bang sabihin na kaya iniwanan si Jesus ng mga alagad sa talata 66 ay dahil hindi sila kasama sa mga hindi pinahintulutan ng Ama na lumapit sa Kanya?

# WALA SA DUGO ANG PANANAMPALATAYA

**TALATA: JOHN 7:1-18**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mananampalataya na ang ating pananampalataya ay hindi usapin ng relasyon sa laman.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang ginagawa na ngayon ng Panginoon Jesus?
2. Ano ang sinabi sa Kanya ng Kanyang mga kapatid? Ano ang sinabing dahilan?
3. Ano ang tingin ng Kanyang mga kapatid sa Kanya, kaya Siya pinalalabas sa lugar na matao?
4. Ano ang naging bulong-bulungan ng mga tao sa labas tungkol sa Kanya?
5. Saan nagpunta at ano ang ginawa ng Panginoong Jesus noong mga oras na iyon?
6. Ano ang dahilan ng pagkamangha ng mga nakarinig sa Kanya?
7. Ano ang sagot ng Panginoong Jesus tungkol sa sinabi nila?

**TALAKAYIN:**

1. Narinig n'yo na ba 'yong madalas sinasabi ng marami na, "BAKIT KUNG SINO PA 'YONG MAHAL MO S'YA PA 'YONG AYAW MANIWALA SA IYO?" Sa palagay mo bakit ganon?
2. Naging ganito na ba kayo? May mga taong mahal mo o malapit sa iyo, pero noong niyaya ka ayaw mo, kahit alam mong parang tama naman siya? Bakit?
3. Naranasan mo na ba noong bago ka pa lang nakakilala sa Panginoon, tapos sinabi mo sa mga love ones mo dahil gusto mo silang makakilala din, pero ni-reject ka nila? Ano ang na-feel at ginawa mo?
4. Sang-ayon ka ba, na kaya mo 'yan naranasan ay dahil gusto rin ng Panginoong Jesus na ma-feel mo ang na-feel N'ya noong ni-reject Siya ng mismong mga kapatid Niya? Ano sa tingin mo ang dahilan Niya bakit Niya ito pinahintulutan sa buhay mo?

# ANG PATULOY NA PAGSALUNGAT NG MGA RELIHIYOSO

**TALATA: JOHN 7:19-36**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang tunay na lumalabag sa kautusan ay ‘yong mga taong hindi nananampalataya sa Panginoong Jesus na Siyang sinugo ng Diyos bilang Tagapagligtas.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang paratang ng Panginoong Jesus sa mga tao? Ano ang basehan Niya sa paratang na ito?
2. Ano ang sagot ng mga tao sa paratang na ito ng Panginoon?
3. Ano ang babala ng Panginoong Jesus tungkol sa paghahatol?
4. Ano ang ipinagtataka ng mga tao sa ginawang pagpapahayag ng Panginoong Jesus sa publiko?
5. Ano ang hindi alam ng mga tao na alam ng Panginoong Jesus?
6. Ano ang naging kalituhan sa isip ng mga taong nakikinig sa Kanya noong mga oras na iyon?

**TALAKAYIN:**

1. Madalas nangyayari na sinasalungat natin ang isang bagay dahil hindi natin lubos na nauunawaan ang mga nakapaloob na katotohanan dito. Sa tagpong ito ano ung isang bagay na hindi alam ng mga kausap ng Panginoong Jesus?
2. Sa inyong palagay ano ang hindi nauunawaan ng mga tao bakit ganon sila mag-isip?
3. Kung ikaw ang nakakarinig ng ganitong pangangatuwiran ng mga kausap mo, paano mo sila papaliwanagan? Anong usapin ang bibigyan mo nang pansin? Bakit?
4. Ano ang nais sabihin ng Panginoong Jesus sa Kanyang sinabi na, “Hahanapin ninyo ako pero hindi ninyo ako makikita at hindi kayo makakapunta sa pupuntahan ko.”

# MAY MAGAGAWA KA SA KAAYUSAN NG GAWAIN

**<u>TALATA:</u> ACTS 6:1-7**

**<u>LAYUNIN:</u>** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang problema ay lagi nating makakasalubong, kaya kailangan nating maging matatag sa pagsasaayos nito. Ang problema ay laging may solusyon sa Diyos! At ikaw ay isa doon sa mga solusyon.

**<u>SAGUTIN:</u>**

1. Ano na ang kalagayan ng church sa tagpong ito? Ano naman ang naging problema nila sa tagpo ring ito?
2. Ano ang ginawa ng mga apostol? Anong mga katangian ang nakita mong nahayag sa buhay nila sa gitna ng problemang kinakaharap nila?
3. Saan sila pumili ng mga taong makakatuwang nila sa paresolba ng problema?
4. Ano ang naging resulta ng kanilang ginawang solusyon?

**<u>TALAKAYIN:</u>**

1. Masasabi mo ba na mabigat ang problemang kinakaharap nila? Bakit?
2. Sa palagay mo ano ang palaging nagiging dahilan bakit may nagiging alitan, samaan ng loob, tampuhan o bangayan sa loob ng isang samahan?
3. Ano ang nararamdaman mo o naiisip mo kapag nakakakita ka ng mga problema sa loob ng ating church? Bakit?
4. Naranasan mo na ba ang ikaw naman ang ma-involve sa gusot sa loob ng gawain? Kung Oo, ano ang ginawa mo para maayos ito?
5. Handa ka bang makibahagi sa ikagaganda ng samahan sa loob ng ating gawain?Ano ang naiisip mong isang pinakamagandang pwedeng gawin para maayos ang anumang gusot?
6. Gaano kahalaga ang “Pagpapatawad”, “Malawak na pang-unawa”, “Hindi pagtatanim ng sama ng loob”, “Pagpapakumbaba” at “Pag-amin sa naging kasalanan” sa pagsasaayos ng gusot sa loob ng gawain? (Pumili ng isa at ipaliwanag ang kahalagahan nito sa pag-aayos ng problema sa loob ng samahan.)

# HINDI ITO MAGAGAWA NG MAKASALANAN

**TALATA: JOHN 9:13-17**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral ang kapangyarihan ng Panginoong Jesus ay hindi namimili ng araw at paniniwala para maranasan ito nang nangangailangan.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang ginawa ng mga tao sa dating bulag?
2. Anong araw siya pinagaling ng Panginoong Jesus?
3. Ayon sa kanya paano siya pinagaling ng Panginoon?
4. Ano ang dalawang magkasalungat pagkakilala sa Panginoong Jesus? Ano ang sabi ng mga Pariseo? Ano naman ang pananaw ng iba?
5. Para sa dating bulag sino si Jesus para sa Kanya?

**TALAKAYIN:**

1. Natural lang na tanungin o usisain ang dating bulag sa nangyari sa kanya. Pero sa tingin ninyo bakit siya inuusisa lalo na ng mga Pariseo? Sa tingin n'yo ba dahil gusto nilang maniwala o hindi? Bakit?
2. Sa palagay ninyo bakit kung sino pa ang mga mas may alam sila pa 'yong mahirap paliwanagan o papaniwalain tungkol sa Panginoong Jesus?
3. Bakit mali raw ang Panginoong Jesus, sa pananaw ng mga Pariseo? Ano ang ipinapakitang ugali ng mga Pariseo sa kanilang naging hatol sa Panginoon?
4. Tama lang bang sabihin na kapag ayaw talagang maniwala ng isang tao, siguradong hahanap siya ng butas para hindi siya maniwala? Bakit?
5. Paano pinatunayan ng Panginoong Jesus na Siya ay nagmula sa Diyos?

# HINDI MAGIGIBA ANG TOTOONG PATOTOO

**<u>TALATA</u>: JOHN 9:24-34**

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang makita ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagpapahayag ng kapangyarihan ng Diyos na ating naranasan. Ang mga ito bilang mabisang instrumento para ipahayag na ang Diyos ay patuloy na kumikilos sa bawat buhay ng mga tao hanggang ngayon.

**<u>SAGUTIN</u>:**

1. Ano ang pagkakilala nila kay Jesus bakit ayaw nilang maniwala sa patotoo ng dating bulag?
2. Ano ang paulit-ulit nilang tanong sa dating bulag at ano naman ang patapang na sagot sa kanila ng mamang ito?
3. Ano ang atake ng dating bulag sa kanila at ano naman ngayon ang sagot nila?
4. Ano ang matapang na mensahe sa kanila ng dating bulag?
5. Ano ang naging tugon ng mga hudyo sa mensaheng kanilang narinig?

**<u>TALAKAYIN</u>:**

1. Makikita natin na kahit gaano katotoo ang patotoo meron at meron pa rin talagang hindi maniniwala, bakit kaya ganito sa palagay?
2. Masasabi mo ba na hindi na nila makukumbinsi ang dating bulag na maniwala sa kanila? Bakit?
3. Sang-ayon ka ba na kahit konti pa lang ang alam mo ay pwede ka na ring magpahayag sa maraming tao ng kapangyarihan ng Diyos sa buhay mo? Bakit?
4. Bakit marami pa rin tayong naririnig na mga kapatiran na kahit matatagal na sila sa pananampalataya ay tumatanggi pa ring magsalita sa harap, gamit ang dahilan na hindi pa siya marunong?
5. Nasubukan mo na bang magpahayag ng kapangyarihan ng Diyos sa buhay mo? O gaya ng iba, nagdadahilan ka rin na wala ka pang alam?
6. Naranasan mo na ba ang kapangyarihan ng Diyos sa buhay mo? Kani-kanino mo na ‘yan nasabi? Kung hindi pa, bakit?

# MAS MAHALAGA SI JESUS KAYSA HIMALA

**TALATA: JOHN 9:35-41**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang Panginoong Jesus pa rin ang mas mahalaga kaysa sa anumang himala na ating mararanasan.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang nalaman ng Panginoong Jesus tungkol sa lalaking dating bulag?
2. Ano ang tinanong Niya dito nang sila ay muling magkita?
3. Ano ang naging tugon ng lalaki sa Kanyang tanong? Nanampalataya ba siya?
4. Ano ang sinabi ng Panginoong Jesus sa Kanya para muling ipahayag ang Kanyang layunin sa sangkatauhan?
5. Ano ang naging tugon ng mga pariseo sa sinabing ito ng Panginoong Jesus?

**TALAKAYIN:**

1. Ano ang ipinahayag ng muling pagkikita ng Panginoong Jesus at ng lalaking dating bulag? Sang-ayon ka ba na ang Panginoong Jesus talaga ang gumawa nang paraan para muli silang magkita? Bakit?
2. Base sa takbo ng pangyayari, masasabi mo bang naipakita ng mga talata ang kahalagahan ng kaligtasan kaysa sa kagalingan? Kung, Oo, paano?
3. Masasabi mo ba na may mga nakakatanggap ng himala sa mula sa Diyos pero hindi pa rin humahantong sa kaligtasan ng kaluluwa? Bakit?
4. Ano ang ipinapahiwatig ng pangangatuwiran ng mga pariseo, nang sabihin nilang “hindi sila mga bulag”? Ano ang magiging ipekto nito sa kanilang kalagayang espirituwal?
5. Bakit sa palagay mo mas mahalaga ang kaligtasan kaysa sa kagalingan?

# SI JESUS ANG MABUTING PASTOL

## TALATA: JOHN 10:1-18

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na kung tayo man ay nangangailangan ng maggagabay sa atin sa ating pamumuhay bilang Cristiano, walang ibang pwedeng mangalaga sa atin nang may ibayong pag-iingat maliban sa ating Panginoong Jesus. Wala Siyang katulad, hindi Siya maaaring ikumpara kahit kaninuman.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang kaibahan ng mabuting pastol sa mga tinutukoy Niyang magnanakaw?
2. Ano ang sinasabi tungkol sa relasyon nila ng gwardiya? Ano naman ang sinasabi sa relasyon Niya sa Kanyang mga tupa? Ano naman ang tungkol sa Kanila ng Ama?
3. Ano ang sinasabi tungkol sa Kanyang kayang gawin o kayang ibigay na hindi kaya ng mga nauna sa Kanya?
4. Ano ang misyon Niya para sa mga tupa?
5. Anong kapangyarihan meron Siya?

**TALAKAYIN:**

1. Ano ang idea mo sa trabaho ng isang "pastol" noon? Sa tingin mo mahirap ba o madali lang na trabaho ito noong panahon na sinasabi ito ng Panginoong Jesus? Bakit?
2. Ano sa palagay mo bakit ikinumpara ng Panginoong Jesus ang Kanyang sarili sa isang pastol?
3. May binanggit ang Panginoong Jesus tungkol sa pakikinig ng Kanyang mga tupa sa Kanyang tinig, paano kaya ito nangyayari sa ating relasyon sa Kanya?
4. Ano ang mas mahalaga sa dalawa, ang kilala mo ang pastol mo o ang kilala ka ng pastol mo? Gaano ito kahalaga? Ipaliwanag.
5. Ano ang ipinapakita nang sinabi Niya ito, "…iniaalay ko ang aking buhay upang ito'y kunin kong muli. Walang makakakuha ng aking buhay; kusa ko itong ibinibigay. Mayroon akong kapangyarihang ibigay ito at kuning muli."?

# NASA MABUTI KANG KAMAY

## **<u>TALATA</u>: JOHN 10:19-30**

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang makita natin kung gaano tayo kaligtas sa kamay ng ating Mabuting Pastol at Tagapagligtas na si Jesus.

**<u>SAGUTIN</u>:**

1. Ano ang nangyari sa mga Hudyo sa tagpong ito? Ano ang kanilang usap-usapan tungkol sa Panginoong Jesus?
2. Anong okasyon ang pinagdiriwang nila noon at anong panahon iyon?
3. Ano ang ginawa at sinabi sa Kanya ng mga hudyo?
4. Ano naman ang sagot sa kanila ng Panginoong Jesus? Ano ang dahilan bakit hindi nila Siya pinapaniwalaan?
5. Ano ang kayang ibigay at kayang gawin ng Panginooong Jesus sa Kanyang mga tupa?

**<u>TALAKAYIN</u>:**

1. Kung ikaw ang titingin ano ang mabigat na bintang sa Panginoon, ang Siya ay baliw o ang Siya ay may demonyo? Bakit?
2. Bakit naniniwala ang iba na wala Siyang masamang espiritu?
3. Sa palagay n'yo ba totoong gusto talagang marinig ng mga Hudyong lumapit sa Kanya ang mensahe tungkol kay Jesus? Bakit?
4. Sang-ayon ka ba na kaya maraming tao ang hindi nakikinig ng salita ng Diyos ay dahil hindi sila mga tupa ng Diyos? Ano ang kinalaman niyon sa hindi nila pakikinig?
5. Masaya ka bang malaman mo ngayon na hindi ka na mapapahamak dahil tupa ka na ng Panginoong Jesus? Paano ka naging tupa ng Panginoong Jesus?
6. Ano ang masasabi mo sa sinabi ng Panginoong Jesus na hawak Niya tayo at walang sinumang makakaagaw sa atin sa pagkakahawak Niya?

# SI JESUS AT ANG AMA AY IISA

**TALATA: JOHN 10:31-42**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral na si Jesus ay hindi lamang ordenaryong tao na gumaganap ng gawain ng Diyos.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang ginawa ng mga Hudyo na nakikinig sa sinabi ng Panginoong Jesus na Sila ng Ama ay iisa?
2. Ano ang talagang dahilan bakit Siya babatuhin ng mga Hudyo sa tagpong iyon?
3. Ano ang isang bagay na dapat tingnan ng mga Hudyo para hindi sila magkamali sa pagkilala sa Panginoong Jesus?
4. Saan Siya nagpunta matapos ang diskusyong iyon?
5. Ano ang kanilang nasabi tungkol sa Kanya at ano ang kanilang ginawa dahil dito?

**TALAKAYIN:**

1. Nauunawaan mo ba ang kahulugan ng salitang, "Blasphemy"?
2. Bakit sa tingin mo mabigat ang kasalanang ito lalo na sa paningin at pandinig ng mga Hudyo?
3. Paano ipinakita ang bigat nito?
4. Kung ikaw ay nabuhay na noong panahon na sinasabi ito ng Panginong Jesus, at narinig mo ito babato ka rin ba? Bakit?
5. Meron pa bang iba na maaaring magsabi nito na hindi magkakasala sa Diyos? Bakit?

# PAGKAMATAY NI LAZARO

## <u>TALATA</u>: JOHN 11:1-16

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang malaman ng mga mag-aaral na si Jesus ay hindi nahuhuli sa pagtugon sa ating mga pangangailangan.

**<u>SAGUTIN</u>:**

1. Sinu-sino ang mga kaibigan ng Panginoon ang nabanggit sa mga talata? Tagasaan sila?
2. Ano ang kalagayan ni Lazaro? Ano ang ginawa ng kanyang mga kapatid na si Marta at Maria?
3. Ano ang tugon ng Panginoong Jesus nang malaman Niya ito? Anong klaseng pagtingin meron ang Panginoon sa magkakapatid?
4. Ilang araw pa ang pinalipas ng Panginon bago Sila bumalik sa Judea?
5. Bakit daw masaya ang Panginong Jesus na wala Siya sa pagkamatay ni Lazaro?
6. Ano ang ginawa ni Tomas sa tagpong iyon?

**<u>TALAKAYIN</u>:**

1. Ano ang masasabi mo sa ginawa ni Marta at Maria dahil sa kalagayan ng kanilang kapatid na si Lazaro? Gagawin mo rin ang gayon kung mangyari ito sa inyo? Bakit?
2. Bakit kaya sinabi ng Panginoong na natutulog lang si Lazaro gayong patay na pala ito?
3. Ano ang gustong iparating ng Panginoong sa kanyang mga alagad nang sabihin Niyang, "…ako'y nagagalak dahil wala ako roon upang kayo'y sumampalataya sa akin."
4. Bakit sa palagay mo hindi pinansin ng Panginoon ang paalala sa Kanya na may banta sa buhay Niya at kailangan pa Niyang bumalik doon? Ano ang pagkaunawa mo sa Kanyang sagot?
5. Madali ba ang ginawa ng mga alagad na muli sumama sa Panginoon pabalik sa lugar kung saan may banta sa buhay nila? Kung ikaw, sasama ka pa ba? Bakit?

# SI JESUS ANG BUHAY AT MULING PAGKABUHAY

**<u>TALATA</u>: JOHN 11:17-27**

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang malaman ng mga mag-aaral na kahit ang kamatayan sa Panginoong Jesus ay magiging problema.

**<u>SAGUTIN</u>:**

1. Ilang araw nang nakalibing si Lazaro ayon sa ating binasa?
2. Ano ang ginagawa ng magkapatid na Martha at Maria pati na ang mga Hudyo ng mga panahon na iyon?
3. Ano ang ginawa ni Martha nang malaman niyang parating ang Panginoong Jesus?
4. Ano ang agad niyang sinabi sa Panginoon? Ano naman ang tugon sa kanya ng Panginoon?
5. Ano ang sinagot ni Martha sa sinabing iyon ng Panginoon at ano ang muling sinabi sa kanya ng Panginoon?
6. Ano ang ginawa ni Martha pagkatapos ng pag-uusap nil ang Panginoon?

**<u>TALAKAYIN</u>:**

1. Napakalapit lang talaga ng Jerusalem sa Bethany, para lumipas pa ang dalawang araw bago makapunta ang Panginoon. Sa palagay mo ano kaya ang nadarama ng magkapatid na Martha at Maria na hindi agad nakarating ang Panginoon? Bakit?
2. Sa palagay mo ano ang ibig sabihin ng Panginoon nang sabihin Niya, “Muling mabubuhay ang iyong kapatid.”
3. Ano naman sa palagay mo ang pagkaunawa dito ni Martha? Bakit?
4. Basahin ang mga talatang 25-26 at sagutin ang tanong ng Panginoon kay Martha at ipaliwanag ang sagot.

# ANG PAKIKIRAMAY NG PANGINOONG JESUS

**TALATA: JOHN 11:28-37**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral na ang Panginoon ay talagang dumaramay sa ating mga kalungkutan at mga pangangailangan.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang sinabi ni Marta sa kanyang kapatid na si Maria? Paano niya ito sinabi?
2. Paano tumugon si Maria sa sinabing ito ni Marta?
3. Ano ang ginawa ng ibang mga tao na nakikiramay sa kanila? Bakit?
4. Nasaan noon ang Panginoong Jesus?
5. Ano ang ginawa ni Maria nang makita na Niya ang Panginoon at ano ang sinabi niya sa Panginoon?
6. Ano ang tinanong ng Panginoon at ano ang Kanyang ginawa?
7. Ano ang naging bulung-bulungan ng mga taong naroroon?

**TALAKAYIN:**

1. Ano ang kaibahan ni Marta at Maria sa pagsalubong at pagbati sa Panginoon? Sa palagay mo sino ang nagpakita ng kagalakan, pagpapakumbaba at pananampalataya? Bakit?
2. Ano ang masasabi mo sa pagtangis ng Panginoon sa nangyari kanyang kaibigan na si Lazaro?
3. Ano ang nakita mong dahilan bakit hindi agad nagpunta ang Panginoon at kailangan pang mailibing ng apat na araw si Lazaro bago Siya nagpakita?
4. Marta: "Panginoon, kung kayo po ay narito, buháy pa sana ang kapatid ko." Maria: "Panginoon, kung narito po lamang kayo, hindi sana namatay ang aking kapatid." Ano ang masasab mo sa sinabi ng magkapatid na Marta at Maria sa Panginoon? Ano ang ipinapakita nito tungkol sa kanilang pananampalataya sa Panginoon? Bakit?
5. Nagagawa o nasasabi pa rin ba ng mga mananampalataya sa ating panahon ang sinabing ito ni Marta at Maria sa Panginoon? Paano? Sa tingin mo ba tama lang na sabihin natin ang ganito sa Panginoon sa tuwing may mga masasamang nangyayari sa atin? Bakit?

# MULING BINUHAY SI LAZARO

## TALATA: JOHN 11:38-44

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral ang pagmamahal at kapangyarihan ng Panginoong Jesus at sa pamamagitan nito ay maparangalan ang Ama.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang damdamin ng Panginoong Jesus nang dumating Siya sa libingan?
2. Ano ang iniutos Niya sa mga taong naroroon? Ano ang sinabi ni Marta nang marinig niya ito?
3. Ano ang sinabi niya kay Marta para ipaalala sa kanya ang kanilang napag-usapan?
4. Ano ang ginawa ng Panginoong Jesus pagkatapos nito?
5. Ano ang sumunod na nangyari matapos tawagin ng Panginoong Jesus si Lazaro?
6. Ano ang iniutos ng Panginoon sa kanila?

**TALAKAYIN:**

1. Sa tingin mo anu-ano ang iba't-ibang saloobin ng mga taong nasa lugar nang mangyari ang bagay na ito? Bakit?
2. Mahirap bang paniwalaan ang kapangyarihang ito ng Panginoon? Bakit?
3. Sa palagay mo bakit hindi ito madalas nangyayari sa ating panahon, ibig sabihin bakit hindi lahat ng patay na ating ipapanalanging mabuhay ay nabubuhay?
4. Gusto mo bang maranasan na makabuhay ng isang taong namatay na? Bakit?
5. Kung sakali, ano kaya ang dapat taglay mo para magawa mo ito?

# NANG DAHIL SA INGGIT

## TALATA: JOHN 11:45-57

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na malaki ang kinalaman ng inggit kaya ipinapatay ang Panginoong Jesus, gamit ang iba’t ibang dahilan para lumabas na tama ang kanilang ginawa. Na ang inggit ay isang matinding kalaban ng ating mapayapang buhay.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang nangyari sa mga taong nakakita sa muling pagkabuhay ni Lazaro? Ano naman ang ginawa ng ilan sa kanila?
2. Ano ang nadama ang mga pinuno at mga pariseo? Ano ang kanilang inaalala?
3. Ano ang sinabi ni Caipas nang marinig niya ang naging pag-uusap ng kanyang mga kasamahan?
4. Ano ang naging resulta nito matapos niya itong sabihin sa kanyang mga kasamahan?
5. Ano ang ginawa ng Panginoong Jesus dahil dito?

**TALAKAYIN:**

1. Ano ang kahulugan ng inggit para sa iyo?
2. Magbigay ng isang dahilan bakit naiinggit ang isang tao? Ipaliwanag ang sagot.
3. Sang-ayon ka ba na balot ng inggit ang mga galaw ng mga nagpapatay sa Panginoong Jesus? Bakit?
4. Maliban sa inggit ano pang dahilan ang nakikita mo sa kanila? Bakit?
5. Sang-ayon ka ba na ang isang tao, Cristiano man o hindi ay naiinggit pa rin? Bakit?
6. Naranasan mo na rin bang mainggit? Kung oo, anong dahilan?
7. Paano ito nag-manifest? Paano mo naman ito pinagtagumpayan o pinagtatagumpayan?

# ANG KAPAHAYAGAN NG PAGMAMAHAL NI MARIA

**<u>TALATA</u>: JOHN 12:1-8**

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang pagsamba ay dapat ipahayag sa paraan na magugustuhan ng Panginoong Jesus.

**<u>SAGUTIN</u>:**
1. Nasaan sila at kalian ito nangyari?
2. Ano ang ginagawa nila ng mga oras na iyon? Ano ang ginagawa ni Martha at Lazarus?
3. Ano naman ang ginawa ni Maria?
4. Ano ang masasabi mo sa kanyang ginawa?
5. Ano ang pananaw ni Judas sa ginawang ito ni Maria?
6. Paano naman ito tinanggap ni Jesus?

**<u>TALAKAYIN</u>:**
1. Ano ang pananaw mo sa pag-aaksaya? Mabuti ba ito o masama? Bakit?
2. Paano natin nasasabi na ang isang bagay ay pag-aaksaya na?
3. Bakit parang pinayagan ng Panginoon ang pag-aaksaya na ginawa ni Maria?
4. Kunwari masagana ang buhay mo, masasabi mo ba na maaksaya ka, maluho o matipid?
5. Sa karanasan mo sa gawain ng Panginoon, nakapagbigay ka na ba dito ng isang kaloob na maituturing mo na maluho, magarbo o parang pag-aaksaya?

# ANG PATOTOO NI LAZARO

## TALATA: JOHN 12:9-11

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral ang epekto sa mga taong nakakakilala at nakakita sa muling pagkabuhay ni Lazaro.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang ginawa ng mga tao ayon sa ating binasa? Bakit sila naroroon? Sino ang gusto nilang makita maliban sa Panginoon?
2. Ano naman ngayon ang planong gawin ng mga pinunong pari dahil sa pangyayaring ito?
3. Ano ang dahilan, bakit nila ito gustong gawin?

**TALAKAYIN:**

1. Kung pagbabasihan natin ang galawan ng mga pinunong pari, ano ang isang bagay na nakikita mo sa kanilang pagkatao? Bakit?
2. Sa palagay mo bakit may mga tao na hindi kayang tanggapin ang mabubuting nagagawa ng iba lalo pa ‘yong mga kinaiinisan nila?
3. Naranasan mo na bang kainggitan o kainisan ka ng mga kasamahan mo? Bakit? Ano ang ginawa mo para hindi ka maapektuhan?
4. Naranasan mo na rin ba na magalit sa isang tao, kahit mabubuti naman ang kanilang ginagawa ay may nasasabi ka pa ring negatibo sa kanila? Tama ba ito? Paano mo ito nahinto?

# ANG MATAGUMPAY NA PAGPASOK NI JESUS SA JERUSALEM

**TALATA: JOHN 12:12-19**

**LAYUNIN:** Upang maunawaan ng mga mag-aaral ang tunay na kahulugan at kabuluhan ng ginawang ito ng mga tao kung saan ay paulit-ulit pa rin natin itong ginagawa sa ating panahon.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang ginawa ng Panginoong Jesus noong araw na nabanggit?
2. Ano naman ang ginawa ng mga tao?
3. Ano ang ang kanilang isinisigaw?
4. Ano ang dahilan bakit nangyari ito?
5. Ano ang dahilan bakit dumagsa ang mga tao papunta sa Panginoong Jesus?
6. Ano naman ang naging pagtanggap ng mga pinuno at mga punong pari sa pangyayari?

**TALAKAYIN:**

1. Naranasan mo na bang sumamasa mga katulad nitong gawain? Halimbawa: prosisyon, pista at pasko nang pagkabuhay atbp? Bakit?
2. Sa mga dinaluhan mong ito nalinaw ba sa iyo ang iyong mga dahilan? Bakit?
3. Sa palagay mo ba gusto ng Diyos ang mga ganitong gawain para sa iyo? Bakit?
4. Maari pa rin kayang magawa natin ang mga katulad nito, mismo sa loob ng ating mga gawain bilang mga mananampalataya? Bakit o Paano?
5. Sang-ayon ka ba na marami pa ring mananampalataya ang involved na sa gawain pero hindi pa rin nila alam kung bakit nila ito ginagawa? Bakit?

**KAILANGANG MAMATAY PARA MABUHAY**
**TALATA: JOHN 12:20-26**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral ang isang prinsipyo ng buhay na kailangan nating maranasan upang tayo ay maging malagong manggagawa ng Diyos.

**SAGUTIN:**

1. Sino ang mga tao ang lumapi para makita nila ang Panginoong Jesus?
2. Sino ang nilapitan nila? Sino naman ang nilapitan ni Philip?
3. Ano ang sinabi ng Panginooong Jesus nang makita niya ang mga gustong makakita sa Kanya?
4. Ano ang sinabi Niya na kailangang mangyari sa binhi para sumibol ang bagong buhay at maging mabunga ito?
5. Anong hamon ang binigay Niya sa mga taong nais sumunod sa Kanya?
6. Ano naman ang kasiguruhan na gagawin ng Ama ‘pag ginawa natin ito?

**TALAKAYIN:**

1. Pangkaraniwan bang naiiisip ng mga tao na kailangang mamatay muna para mabuhay? Bakit?
2. “Dumating na ang oras upang parangalan ang Anak ng Tao.” Bakit kaya ito nasabi ng Panginoong Jesus sa tagpong ito?
3. Paanong naging totoo ang sinabi ng Panginoon na, “Hangga’t hindi nahuhulog sa lupa ang butil ng trigo at mamatay, mananatili itong nag-iisa. Ngunit kung ito’y mamatay, mamumunga ito nang sagana.”?
4. Sa palagay mo ano ang gustong ipahayag ng Panginoon nang sabihin Niya ito, “Ang taong nagpapahalaga sa kanyang sarili lamang ay siyang mawawalan nito, ngunit ang taong hindi nagpapahalaga sa kanyang buhay sa daigdig na ito ay siyang magkakaroon ng buhay na walang hanggan.”
5. Ano ang pagkaunawa mo sa sinabing ito ng Panginoon, “…Pararangalan ng Ama ang sinumang naglilingkod sa akin.”? Ayon dito masasabi mo bang masarap maglingkod sa Panginoon? Bakit?

# ANG PAGBIBIGAY KARANGALAN SA DIYOS

**TALATA: JOHN 12:27-36**

**LAYUNIN:** Upang ipakita sa mga mag-aaral na ang kamatayan ng Panginoong Jesus ay isang pagbibigay ng karangalan sa Diyos at ang bawat isa na nagnanais magbigay ng karangalan sa Diyos ay dapat kumilala at magsimula sa kamatayan ng Panginoong Jesus.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang sinabi ng Panginoong Jesus tungkol sa Kanyang nadarama nang panahong iyon?
2. Ano ang sinabi Niya na nagpapahiwatig na mahirap ang Kanyang pagdadaanang pagsubok?
3. Ano naman ang dahilan bakit kailangan Niya itong gawin?
4. Ano ang mensahe ng tinig mula sa langit? Pero ano ang narinig o akala ng mga taong naroroon?
5. Para kanino talaga ang mensahe ayon sa Panginoong Jesus?
6. Ano sinabi ng Panginoon tungkol sa Kanyang kamatayan, ano ang mangyayari sa panahon na iyon?
7. Ano ang magandang mangyayari ‘pag namatay na ang Panginoong Jesus ayon sa Kanya?
8. Ano ang sinagot sa Kanya ng mga tao nang sabihin Niya ito?
9. Anong katotohanan ang sinabi Niya tungkol sa ilaw at paano dapat kumilos ang mga nakakakita sa ilaw?

**TALAKAYIN:**

1. Bakit kaya nasabi ng Panginoon na nababag ang Kanyang kalooban?
2. Sa palagay mo ba naunawaan ng mga taong naroroon ang mensahe ng tinig na nanggaling sa langit? Bakit?
3. Noong panahon na sinasabi ito ng Panginoong Jesus, mababasa natin na hindi nila maunawaan ang mga magagandang bagay na magiging resulta ng Kanyang kamatayan, kung ikaw ang tatanungin ano ang isang magandang naging resulta ng kamatayan ng Panginoong Jesus na iyong naranasan?
4. Ano ang pagkaunawa mo sa sinabi Niyang, “…kung ako’y maitaas na, ilalapit ko sa akin ang lahat ng tao.”?
5. Ano ang pagkaunawa mo sa mensaheng ito ng Panginoon, “Kaunting panahon na lamang ninyong makakasama ang ilaw. Lumakad kayo habang kasama pa ninyo ang ilaw upang hindi kayo abutin ng dilim. Hindi alam ng lumalakad sa dilim kung saan siya pupunta. Sumampalataya kayo sa ilaw habang kasama pa ninyo ang ilaw, upang kayo’y maging mga anak ng liwanag.”?
6. Nagawa mo na ba ang bagay na ito para ituring kang anak ng liwanag? Paano?

# ANG KALUGURAN KA NG DIYOS

**<u>TALATA</u>: JOHN 12:37-43**

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang makita ng mga mag-aaral na ang kaluguran ng Diyos ang higit na mas mahalaga kaysa sa kaluguran ng tao, kaya dapat lagi natin Siyang unahin bago ang sinuman o ang anuman.

**<u>SAGUTIN</u>:**

1. Ano ang naging tugon ng mga tao kahit nakita na nila ang mga himalang ginawa ng Panginoong Jesus?
2. Ano ang dahilan bakit ganon ang kanilang hindi paniniwala?
3. Ano ang hula sa kanila bakit sila ganon?
4. Ano naman ang nangyari sa mga pinuno matapos silang manalig? Ano ang dahilan nito?
5. Ano ang nasa puso nila ayon sa ating binasa?

**<u>TALAKAYIN</u>:**

1. Sa pagkakilala mo sa sarili mo, masasabi mo bang madali ka lang maniwala o mapaniwala? Bakit? Ano ang mga bagay na hinahanap mo sa isang alok o pamamahayag para maniwala ka?
2. Sa palagay mo, kaninong kasalanan kung ang isang tao ay hindi na muling magkaroon ng pagkakataon na makabalik sa Diyos? Bakit?
3. Sa palagay mo ba nangyayari pa rin sa ating panahon ang nanalig sa Panginoong Jesus pero takot lumantad? Paano?
4. Sa tingin mo ano ang mas mabuti, hindi mananampalataya pero laging bukang bibig ang Panginoon Jesus o mananampalataya daw pero takot namang ipahayag ang Panginoong Jesus?
5. Ano ang masasabi mo sa mga tao na mas ginusto pa nila ang kalugdan sila ng kapwa tao kaysa kalugdan sila ng Diyos? Bakit?

# MGA DAPAT PANG MALAMAN TUNGKOL SA PANANAMPALATAYA

**TALATA: JOHN 12:44-50**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang pananampalataya o ang kaligtasan ay hindi lamang simpleng pagsanib sa isang relihiyon gaya nang pagkakaalam ng maraming tao, ngunit ito ay tungkol sa pagpapasakop at pag-unawa sa salita ng Diyos, pagkakaroon ng relasyon sa Ama at paglakad sa liwanag na galing mismo sa Panginoong Jesus.

**SAGUTIN:**

1. Ano pa ang idinagdag ng Panginon para ipaliwanag ang pananampalataya sa Kanya?
2. Ano ang sinabi Niya na may kinalaman sa Kanyang sarili bilang isang ilaw?
3. Sino o ano ang hahatol sa mga taong hindi makikinig sa Panginoong Jesus sa huling araw?
4. Sino ang talagang tinatanggihan ng mga tao kapag tinatanggihan nila ang Panginong Jesus?
5. Ano ang koneksyon ng mga mensahe ng Panginoong Jesus sa Ama?

**TALAKAYIN:**

1. Sa iyong karanasan o obserbasyon, ano ang pangkaraniwang dahilan bakit marami ang hindi tumatanggap sa Panginoong Jesus kahit sa ating panahon? Bakit?
2. Ano ang nakikita mong dahilan bakit may mga tao pa rin ang tumanggap pero hindi gaano kalaki ang kanilang bilib sa salita ng Diyos? Bakit?
3. Ano ang pagkaunawa mo sa sinabi ng Panginoong Jesus na ang, "…Ang salitang ipinahayag ko ang hahatol sa kanila sa huling araw."
4. Sa palagay mo gaano kahalaga ang pananampalataya sa Panginoong Jesus at ang pagbabasa ng salita ng Diyos ay dapat magkasabay palagi? Bakit?

# ANG PAGLILINGKOD SA PARAAN NI JESUS

**TALATA: JOHN 13:1-17**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral na ang paglilikod ay malapit sa puso ng Panginoon at dapat gawin ito ng sinuman na tumatawag sa Kanya ng Panginoon.

**SAGUTIN:**

1. Kailan ito nangyari? Ano ang alam ni Jesus na malapit ng mangyayari sa Kanya?
2. Sinu-sino ang mga kasama Niya doon?
3. Ano ang ginawa ni Jesus at paano N'ya ito ginawa?
4. Bakit N'ya ito ginawa?
5. Ano ang nais niyang matutunan ng Kanyang mga alagad?

**TALAKAYIN:**

1. Bakit ayaw ni Pedro na pahugasan ang paa niya? Ano sa palagay mo ang dahilan nito?
2. Paano ito sinagot ni Jesus? Ano ang kahalagahan ng sagot ng Panginoong Jesus?
3. Kung ikaw nandoon noong oras na 'yon, ano ang gagawin mo? Gagawin mo ba 'yong ginawa ni Jesus? Bakit?
4. Paano raw nagiging mapalad ang isang tao? Mapalad na ka ba?

# ANG PAGTATAKSIL NI JUDAS

**TALATA: JOHN 13:21-30**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na hindi lahat ng mga nagsasabing sila ay tagasunod ay mananatiling tagasunod. Kailangan talaga nating manatiling tapat sa Panginong Jesus dahil nais ni Satanas na sakupin tayo.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang nararamdaman nang Panginoong Jesus nang sabihin Niya ang Kanyang mensahe?
2. Ano ang naging dating nito sa mga alagad na nakikinig?
3. Ano ang tanong nila sa Panginoon? Ano naman ang sagot sa kanila ng Panginoon?
4. Kanino ibinigay ng Panginoon ang tinapay na sinawsaw niya?
5. Sino ang pumasok kay Judas matapos niyang tanggapin ang tinapay at ano ang sinabi sa kanya ng Panginoong Jesus?
6. Ano ang pagkaunawa ng ibang mga alagad sa sinabi ng Panginoong Jesus kay Judas?
7. Ano ang ginawa ni Judas pagkatapos nito?

**TALAKAYIN:**

1. Sa palagay mo bakit nakaramdam ng kalungkutan ang Panginoong Jesus sa tagpong ito?
2. Ano sa palagay mo, naunawaan kaya ng ibang alagad ang sinabi ng Panginoon Jesus kay Judas? Bakit?
3. Ano ang pagkaunawa mo dito, "…Pumasok sa kanya si Satanas."? Sa palagay mo bakit nangyari o nangyayari ito sa isang tao?
4. Kung ikaw ang tatanungin sino ang gusto mong pumasok sa buhay mo? Paano kaya iyon pwedeng mangyari? Paano naman kaya iyon hindi pwedeng mangyari?

# MAG-IBIGAN KAYO SA ISA'T-ISA

**<u>TALATA</u>: JOHN 13:31-35**

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang malaman ng mga mag-aaral na ang habilin ng Panginoong Jesus na mag-ibigan sa isa't-isa ay maituturing na isa sa pinakamahalagang utos.

**<u>SAGUTIN</u>:**

1. Ano ang sinabi ng Panginoon pagkalabas na pagkalabas ni Judas sa kanilang kalagitnaan?
2. Anong mga katotohanan ang sinabi Niya tungkol sa Kanyang kaluwalhatian?
3. Ano ang turing Niya sa Kanyang mga alagad sa tagpong ito?
4. Ano ang pinahiwatig Niya sa kanyang nalalapit na kamatayan?
5. Ano ang iniwan Niyang utos sa Kanyang mga alagad?
6. Saan dapat nakabase ang pag-iibigan ng mga alagad na dapat nilang gawin sa isa't-isa?

**<u>TALAKAYIN</u>:**

1. Sa palagay ninyo bakit hindi na Niya ipinarinig kay Judas ang sinabi Niyang, "Ngayon na ang panahon para Siya ay parangalan?"
2. Bakit sa palagay ninyo tinawag Niyang isang bagong utos ang mag-ibigan kayo sa isa't isa?
3. Madali bang gawin ang utos ng Panginoon na mag-ibigan tayo sa isa't-isa? Kung hindi ang sagot mo, saan bahagi ng pagkatao mo ikaw nahihirapan? Kung Oo naman ang sagot mo, bakit mo nasabing madali?
4. Paano mo ina-apply sa buhay mo ang pag-iibigan sa isa't-isa?

# ANG RELASYON NI JESUS KAY PEDRO

## **TALATA: JOHN 13:36-38**

**LAYUNIN:** Upang malaman ng mga mag-aaral na hindi pinutol ng Panginoong Jesus ang Kanyang relasyon kay Pedro kahit itinatwa pa Siya nito nang makatatlong ulit.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang sinabi ng Panginoon sa Kanyang mga alagad bago ang tagpong ito?
2. Ano ang sinabi ni Pedro nang marinig niya ang sinabing ito ng Panginoon?
3. Ano ang sagot ng Panginoon sa tanong na ito ni Pedro?
4. Ano ang sinabi ni Pedro para ipahayag niya ang Kanyang commitment sa Panginoong Jesus?
5. Ano ang sinabi ng Panginoon sa kanya dahil sa kanyang sinabi?

**TALAKAYIN:**

1. Ano ang nakikita mong maganda sa pagkatao ni Pedro ayon sa pag-uusap nila ng Panginon.
2. Ano naman ang nakikita mong pagkakapareho ninyo ni Pedro ang naipahayag sa ating binasa?
3. Masasabi mo bang mabigat ang ginawang pagtatwa ni Pedro sa kanyang relasyon sa Panginoong Jesus? Bakit?
4. Sa paanong paraan pa natin maaaring ipakita ang pagtatatwa sa relasyon natin sa ating Panginoong Jesus?
5. Kung ikaw ang masusunod dapat bang tanggalin ang mga Cristiano na itinatatwa ang Panginoong Jesus? Bakit?
6. Ano ang masasabi mo sa commitment ng Panginoong Jesus sa iyo?

# SI JESUS ANG DAAN, ANG KATOTOHANAN AT ANG BUHAY

**<u>TALATA</u>: JOHN 14:5-10**

**<u>LAYUNIN</u>:** Upang malaman ng mga mag-aaral na si Jesus ang tangin daan, ang katotohanan at ang buhay para makarating tayo sa Ama, makilala natin ang Ama at makapamuhay nang naayon sa pamantayan ng Ama.

**<u>SAGUTIN</u>:**

1. Sino ang kausap ng Panginoon sa tagpong ito?
2. Ano ang hindi alam ng Kanyang mga kausap?
3. Ano ang sinabi nila para sabihin ito sa kanila ng Panginon?
4. Ano ang sinabi ni Philip sa Panginoon?
5. Ano ang sinabi sa kanya ng Panginoon, tungkol dito?
6. Anong mga bagay ang hindi pa pala malinaw sa mga alagad ang nahayag sa kanilang pag-uusap?

**<u>TALAKAYIN</u>:**

1. Sa palagay mo bakit hindi nila alam ang daan na tinutukoy ng Panginoon?
2. Ano ang nakikita mong nakapaloob sa sagot ng Panginoon kay Philip? Bakit?
3. Sang-ayon ka ba na marami pa ring mananampalataya maging sa ating panahon ang hindi pa rin malinaw ang kanilang relasyon sa Panginoong? Bakit?
4. Ang inihayag ng Panginoon na Siya ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay ay isa sa pinakamahalagang bahagi para ang isang tao ay maniwala sa Kanya. Kung ikaw ang magbabahagi ng mensahe, ano ang bibigyan mo ng halaga si Jesus bilang Daan, si Jesus bilang Katotohanan o si Jesus bilang Buhay? Bakit?
5. Gaano at bakit mahalaga ang “phrase” ito sa mensahe ng Panginoon, “Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko.”?

# MAGTIWALA SA DIYOS AT MAGTIWALA KAY JESUS

**<u>TALATA:</u> JOHN 14:1-4**

**<u>LAYUNIN:</u>** Upang makita ng mga mag-aaral na ang pagtitiwala sa Diyos at Panginoong Jesus ay nakakapawi ng pagkabalisa.

**<u>SAGUTIN:</u>**

1. Ang tagpong ito ay panahon na malapit nang mamatay ang Panginoong Jesus at iyon ay sinabi na Niya sa kanyang mga alagad. Kaya nadama Niya na nalungkot ang mga ito.
2. Ano ang sinabi Niya sa kanila na 'wag nilang gawin?
3. Ano ang dapat nilang gawin kaysa mabalisa?
4. Ano ang gagawin ng Panginoong Jesus bakit Niya kailangang umalis?
5. Ano naman ang pangako Niya sa kanila?

**<u>TALAKAYIN:</u>**

1. Ano ang pagkaunawa mo sa kabalisaan? Paano natin masasabi na ang isang tao ay balisa?
2. Ano ang alam mong pangkaraniwang dahilan na ang isang tao nababalisa? Ano naman ang madalas ginagawa o ginagamit ng mga tao bilang lunas sa pagkabalisa?
3. Nakaranas ka na bang mabalisa? Paano ka mabalisa?
4. Naniniwala ka ba na ang pagtitiwala sa Diyos at sa Panginoong Jesus ay mabisang lunas sa kabalisaan? Bakit?

**ANG GAWA NG MAY PANANAMPALATAYA**

**TALATA:** **JOHN 14:11-14**

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral ang malaking kaibahan ng gawa ng mga nananampalataya sa Panginoong Jesus, kumpara sa likas na kagalingan lamang. Ganon din ang kasiguruhan nang tulong ng Diyos Ama sakaling sila ay hihiling sa Pangalan ng Panginoong Jesus.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang dapat paniwalaan ng Kanyang mga alagad tungkol sa Kanila ng Diyos Ama? Ano pa ang isang dapat nilang paniwalaan?
2. Anong pangako ang ibinigay ng Panginoon sa mga taong mananampalataya sa Kanya at bakit ito magiging possible?
3. Ano ang dapat nating gawin para makatiyak tayo na gagawin ng Panginoon ang ating mga kahilingan?
4. Ano ang nagiging resulta kapag nagawa na ng Panginoon ang ating kahilingan?
5. Ano ang mariing sinabi ng Panginoon sa mga hihingi sa Kanya sa Kanyang Pangalan?

**TALAKAYIN:**

1. Ano ang masasabi ninyo sa sinabi ng Panginoon na, "Kung ayaw ninyong maniwala sa sinasabi ko, maniwala kayo dahil sa mga ginagawa ko."?
2. Naniniwala ba kayo sa sinabi ng Panginoon sa talata 12 na, "Ang nananalig sa akin ay makakagawa ng mga ginagawa ko, at higit pa kaysa rito."? Paano maaaring mangyari?
3. Naranasan mo na ba na humingi sa Panginoon pero parang hindi naman Siya tumugon? Bakit kaya ganon?
4. Ano ang una mong ginagawa kapag humiling ka tapos agad-agad ay tumugon ang Diyos? Bakit?

# PAGSUNOD DAHIL SA PAG-IBIG

## TALATA: JOHN 14:15-17

**LAYUNIN:** Upang makita ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagmamahal natin sa Panginoong Jesus sa pamamagitan ng ating pagsunod sa Kanyang mga salita.

**SAGUTIN:**

1. Ano ang kundisyon ng Panginoon sa Kanyang mga alagad para mapatunayan nila ang kanilang pagmamahal?
2. Ano ang sinabi Niyang gagawin Niya para sa Kanyang mga alagad?
3. Sino ang ibibigay Niya sa kanila? Ano ang gagawin Niya at ano ang pakilala sa Kanya?
4. Bakit hindi siya matanggap ng sanlibutan?
5. Bakit tanggap naman Siya ng mga alagad?

**TALAKAYIN:**

1. Bakit sa palagay mo parang mas pinahalagahan ng Panginoon ang pagsunod bilang patunay sa pagmamahal natin sa Kanya?
2. Ano ang kahalagahan ng Banal na Espiritu sa usapin ng kanilang pagsunod?
3. Ano ang nakikita mong kahalagahan na ang Banal na Espiritu ay tinawag na Espiritu ng Katotohanan?
4. Sang-ayon ka ba dito, hindi porke may ginagawa ka sa church ay sumusond ka na sa Panginoon. Bakit?